

# PRWC Compilation

October 2023

---

*Nilalaman ng compilation na ito ang mga pahayag na inilathala sa website ng **PRWC | Philippine Revolution Web Central**. Hindi kasali dito ang mga artikulong inilathala sa Ang Bayan, Ang Bayan Ngayon at mga panrehiyong publikasyon.*

## Table of Contents

Dala ng 2nd IBPA at 96th IBPA ang pasakit na hatid ng rehimeng US-Marcos Jr sa mga Masbatenyo.....	10
Hamon sa mga Bikolanong kagawad ng midya: isabuhay ang pakikibaka para sa malayang pamamahayag!.....	13
Sa pagkakaisa at paglaban lamang maipagtatanggol ng mga Masbatenyo ang kanilang buhay at kinabukasan.....	16
Walang engkwentrang naganap sa Sityo Kulitob noong Oktubre 1.....	18
Bongabong 3, victims of AFP modus operandi	21
Marcos is burying the country deeper in debt.	22
Pagpupugay Ka Sandro at Ka Jayson!.....	24
Charge and punish the fascist US-Marcos Jr. regime!.....	26
Mga Makabayang Guro: Ngayong World Teachers' Day, Mag-Ambag Sa Ikalawang Kilusang Propaganda! Ipagtagumpay ang Pambansa Demokratikong Rebolusyong Bayan! .....	31
On Sara Duterte's defense of the indefensible	36
Labanan ang maka-dayuhan at kontra-mamamayang patakaran ng rehimeng US-Marcos-Duterte sa pagmimina.....	36

Nagpapalakas ng loob ng pasistang mga kriminal at nanghihikayat ng kawalang pananagutan ang pagwawalang-sala kay Palparan.....41

Palparan acquittal emboldens fascist criminals and abets impunity.....42

Palparan’s acquittal is incongruous to the pursuit of just and lasting peace.....44

Troll generals reek of blood and failure.....45

Dumdumon ang mapait nga natabo sang Himamaylan City sang nagligad tuig.....50

4 na sundalo, patay sa enkawnter sa NPA-Nueva Ecija.....53

Panagutin ang ilehitimong rehimeng US Marcos-Duterte sa pagnanakaw ng boto at pagtataksil sa bayan!.....54

Panagutin si BGen Cabangbang at ang 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa iligal na pagdakip sa tatlong aktibista at mga karumal-dumal na krimen laban sa mga Mindoreño!.....60

Rally around the Palestinian armed resistance .....66

Suportahan ang armadong paglaban ng mga Palestinian.....69

Magkaisa at labanan ang tiyak na pasismong kakambal ng muling pagpasok ng mapaminsalang Labo Geothermal Project ng

Philippine Geothermal Production Company,  
Inc. (PGPCI) sa prubinsya ng Camarine Norte!  
.....73

Serye ng mga paglabag sa karapatang-tao sa  
Camarines Norte, manipestasyon ng nag-uulol  
na NTF-Elcac na makapagtala ng mga pekeng  
surrender sa prubinsya.....76

Mapula nga pagsaludo kag pinakamataas nga  
pagpasidungog kay Kaupod Dionisio Micabalo79

On today’s oil price rollback.....85

Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay  
kay Kasamang Dionisio Micabalo.....85

Pulang saludo ug pinakataas nga pasidungog  
kang Kaubang Dionisio Micabalo.....91

Red salute and highest tribute to Comrade  
Dionisio Micabalo.....96

Solidarity with the armed resistance of the  
Palestinian people against Zionist and  
imperialist occupation and genocide.....100

Vow to attain justice for Ka Juanito Magbanua!  
.....102

On tribute to Dionisio Micabalo.....103

Pamunuan ang malawak na pwersang  
demokratiko para panagutin ang ilehitimong  
rehimeng US-Marcos Duterte sa mga katiwalian  
sa Eleksyong 2022.....104

Perwisyong lockdown ng AFP sa bayan ng Laur .....110

Unbridled corruption in the Marcos-Duterte regime..... 111

Gunitain ang Buwan ng Magbubukid sa pagbalik-aral sa mga tagumpay na nakamit ng masang Masbatenyo upang isulong ang digmang magsasaka!.....115

Nagpapatuloy na kampanyang teror ng AFP-PNP-CAFGU sa nalalapit na halalang pambarangay.....118

Pag-engganyo sa mga dumuluong ang mga deklarasyon sang 3rd ID..... 120

Traydor sa rebolusyon, pinarusahan ng kamatayan.....122

Tutulan ang pagwasak ng rehimeng Marcos Jr at Gobernador Antonio Kho sa kolektibong pagsasaka ng mga magsasaka sa lupain ng Triple A.....124

Communique of the NDFP Theoretical Conference on Imperialism and War.....126

Condemn Israel, US for genocidal war against Palestinian people.....127

Ilehitimong rehimen at reaksyunaryong korte, tagapagtanggol ng mga berdugo.....129

Kundehain ang Israel at US sa gerang  
henosidyo laban sa mamamayang Palestinian  
.....132

3ID ramping up lie after lie to justify own war  
crimes-NPA.....133

Mamamayang Palawëño, padagundungin ang  
nagkakaisang panawagan at paglaban sa  
mapangwasak na pagmimina!.....136

Pekeng labanan, pekeng pasuko, pekeng  
nahukay na armas at ang 59th IBPA bilang  
pekeng protektor ng mamamayan!.....141

Singilin at panagutin ang ilehitimong rehimeng  
US-Marcos-Duterte sa pandaraya sa Eleksyong  
2022!.....148

Suportahan ang digmang bayan ng mga  
Palestino para sa tunay na pambansang  
kalayaan! Kondenahin at labanan ang gyerang  
mapanakop at kampanyang henosidyo ng Israel  
at US laban sa sambayanang Palestino!.....152

Aktibong Depensa ng LDGC sa Barangay Malu,  
Bansud, Tagumpay!.....157

Hustisya para kay Tandang Agliwan! Itigil ang  
Okupasyon ng Terorista at Pasistang AFP sa  
Abra!.....159

Teroristang 59th IBPA na nagmamalupit sa mga  
magsasaka ng Batangas, tinambangan ng NPA!  
.....164

Condemn bombing of Gaza hospital.....168

Especially in Negros Island, the fire of agrarian revolution is never quenched.....169

Kundenahin ang pambobomba sa ospital sa Gaza.....177

NPA ambush in Batangas exacts justice.....179

Pagkamit ng hustisya ang ambus ng BHB sa Batangas.....180

2 summary executions by the AFP in Abra....181

AFP, binigwasan ng NPA sa Mindoro at Batangas.....182

Kultura sang impunidad ang ginsaligan sang AFP.....185

63rd IB, 802nd Brigade at 8th ID, Child Murderer!.....187

Kundenahin ang walang habas na pambobomba ng 87th IB sa mga sakahan sa Western Samar at pagpatay ng 63rd IB sa isang lolo at 2-taong gulang nitong apo!.....188

Rebolusyong agraryo sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan, natatanging solusyon sa kawalan ng sariling lupa ng mga magsasaka sa Batangas at buong bansa.....191

94th IB RCSP unit rape 2 women in Himamaylan City.....196

AFP's summary execution of civilians, a desperate act.....199

Maglunsad ng mga digmang rebolusyonaryo laban sa mga gerang imperyalista.....	201
Maglunsad og mga rebolusyonaryong gubat batok sa mga imperyalistang gubat.....	235
Militarisasyon, pahirap sa mamamayan ng General Nakar.....	270
RCSP yunit sang 94th IB may kaso nga pagpanglugos sa 2 ka babaye sa Himamaylan City.....	272
Wage revolutionary wars to fight imperialist wars.....	276
Wakasan ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala, lutasin ang malawakang kahirapan at kagutuman! Itanghal at dakilain ang uring magsasaka!.....	305
Wasto at makatarungan ang armadong paglaban ng mamamayang Palestino laban sa henosidyo ng Zionistang Israel!.....	313
Mga kandidato sa BSK Elections, alagaran ang katawhan!.....	317
Ambus ng NPA laban sa 59th IB sa Lobo, matagal nang inaasam ng mga magbubukid ng Batangas laban sa kontra-magsasakang AFP	320
Duha ka backhoe sa UBI giparalisa sa NPA...	323
Katarungan para kay Ka Jude!.....	325



Magsasaka, labanan ang lumalalang kahirapan, tahakin ang landas ng pambansa demokratikong rebolusyon.....327

Bukas na liham para sa saradong isipan ng 59th IB.....333

Israeli killings of nearly 2,000 Palestinian children are war crimes and warrant international condemnation.....339

Condemn Israel's intensified bombing of Gaza amid calls for humanitarian truce.....340

Kundenahin ang pinatinding pambobomba ng Israel sa Gaza sa harap ng mga panawagan para sa makataong tigil-putukan.....341

Manindigan para sa mamamayang Palestino! Suporta at ayuda para sa mga biktima ng kampanyang henosidyo ng US at Israel.....343

On the second year of Ka Oris' death.....346

Sa ikalawang taon ng pagkamartir ni Ka Oris .....347

Ilitaw at palayain ang mga hors de combat na kasapi ng NPA Mindoro.....348

KATAPANGAN HANGGANG KAMATAYAN: Ang mga rebolusyonaryong martir ng Pulang Hukbo at kilusang masa sa Batangas.....351

Rebolusyon ang solusyon, dili eleksyon!.....353

Sa mga nagpapili para sa BSKE: Manindugan para sa civilian supremacy, pamatokan ang

pagpangibabaw sang otoridad militar.....355

To all running in the BSKE: Uphold civilian  
supremacy, resist the reign of military authority  
.....360

PANAWAGAN SA MGA MAMAMAYAN: Ihalal  
ang mga makabayan at maka-mamamayang  
kandidato sa BSKE 2023.....363

## **Dala ng 2nd IBPA at 96th IBPA ang pasakit na hatid ng rehimeng US- Marcos Jr sa mga Masbatenyo**

Oktubre 1, 2023

### **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Nagpakana ng panibagong pekeng labanan ang 2nd Infantry Battalion-Phil. Army matapos walang habas na magpapatok nang walang pagtatangi sa hangganan ng Barangay Maanahao, Matubinao, Liong sa bayan ng Cataingan at Barangay Mabini sa bayan ng Palanas nito lamang Setyembre 29, 2023, 4:50 ng umaga. Walang yunit ng NPA sa pinangyarihan ng insidente.

Nagdulot ng malawakang takot at panganib ang naturang indiscriminate firing sa mga komunidad, laluna sa mga estudyante at guro. Napwersang magkansela ng klase ang mga paaralan sa mga barangay ng Liong, Mabini, Maanahao, Matubinao at maging sa Osmeña.

Malayo sa fake news na ipinapalaganap ng militar, tumagal lamang ng humigit-kumulang dalawang

minuto ang mga pagpapaputok. Malamang na ni-recycle ang mga armas at paraphernalia na umano'y nasamsam ng kaaway sa pekeng engkwentro.

Ito na ang pangatlong palabas ng militar na engkwentro mula ikatlong linggo ng Setyembre. Bago nito, pinatay ng mga elemento ng 2nd IBPA ang mag-asawang magsasakang sina Jover at Aimee Villegas sa bayan ng Placer noong Setyembre 21.

Wala nang naniniwala sa mga pakanang drama ng militar, laluna ng worst battalion na 2nd IBPA. Sa halip, nagngangalit ang mga komunidad na kagyat na naapektuhan ng indiscriminate firing. Sa katunayan, ilang mga upisyal ng barangay ang inireklamo ang naturang pagpapaputok ng militar.

Sa kabila nito, ipinagpapatuloy ng militar ang pagpapakana ng mga pekeng labanan upang maghasik ng teror at gulo sa mga Masbatenyos.

Tiyak na bahagi ang naturang pagpapaputok sa pakanang ipailalim ang Masbate sa "Comelec control". Hinahabol ni Gov. Antonio T. Kho at ng mga militar ang pagdeklara sa Masbate bilang election hotspot upang maipuwesto ang kanilang mga tauhan sa mga pusisyong pambarangay. Kahiya-hiya kung maniwala ang COMELEC sa napakalinaw na gawa-gawang senaryo ng militar.

Ang mga pekeng engkwentro ay bahagi rin ng mga modus ng militar upang makapagdambong ng kurakot. Mas maraming gulo at sibilyang napapatay, mas maraming pabuya at kikbak. Tiyak

na milyun-milyon na ang ibinulsa ni 2nd IBPA commanding officer Col. Orlando Ramos at mas matataas pa niyang opisyal sa mga pekeng surrender, pekeng imbentaryo ng kagamitang militar at pekeng mga labanan.

Ang pagbibigay gantimpala sa 2nd IBPA ng kanilang commander-in-chief na si Bongbong Marcos Jr. ay basbas ng mas matinding pang-aatake sa mga Masbatenyo.

Nananawagan ang Jose Rapsing Command - Bagong Hukbong Bayan Masbate sa mga Masbatenyo na ilabas ang galit at patuloy na ilantad at kundenahin ang terorismo ng AFP-PNP-CAFGU sa prubinsya. Dapat suportahan ang mga pagsisikap ng komunidad na isiwalat ang mga abusong militar sa kanilang lugar.

Hinihikayat din ng BHB - Masbate sa ilang mga kagawad ng midya na higit pang maging mapanuri sa mga ilinalabas na balita ng militar. Hindi dapat sila pumayag na maging loro at daluyan ng kasinungalingan ng kaaway.

Sa huli, patunay lamang ang desperasyong ito ng militar ng kanilang kabiguang durugin ang rebolusyonaryong armadong kilusan sa Masbate. Sa halip, pinapaypayan lang nila ang nagniningas na kapasyahan ng mga Masbatenyo na humawak ng armas at lumahok sa makatarungang digmang bayan.#

# **Hamon sa mga Bikolanong kagawad ng midya: isabuhay ang pakikibaka para sa malayang pamamahayag!**

Oktubre 1, 2023

## **Artista at Manunulat ng Sambayanan-Masbate**

Bilang kapwa nakikibaka para sa tunay at malayang pamamahayag, hinihikayat ng Artista at Manunulat ng Sambayanan-Masbate ang mga kagawad ng midya sa Bicol na higit pa ang paghawak sa mga prinsipyo ng sinumpaang propesyon. Bilang mga alagad ng katotohanan, mahalaga ang inyong paninindigan para sa tama at makatwirang pamamahayag.

Sa kabila ng mga patunay na peke at kasinungalingan ang ilang mga pakanang engkwentro ng militar, walang pasubaling binibitbit ng ilang media outfits ang isinusubong balita ng AFP tungkol sa mga ito.

Pinakamatingkad dito ay ang pagbalita ng ilang malalaking radio stations sa Bicol tulad ng Bombo Radyo Legazpi na mga NPA ang mag-asawang sina Jover “Dodo” Villegas at Aimee Villegas na pinatay sa Barangay Nainday, bayan ng Placer noong Setyembre 21. Ito ay sa kabila ng sigaw ng mga kaanak at pagpapatunay ng mga lokal na opisyal na sibilyan ang mag-asawa.

Kara-karaka ring ibinalita bilang engkwentro ang nangyaring pagpapatok ng militar sa hangganan ng Barangay Maanahao at Liong,

parehong sa bayan ng Cataingan nito lamang  
Setyembre 29, 2023.

Tanong natin sa mga kaibigang kagawad ng  
midya, laluna sa Bombo Radyo Legazpi, patas at  
malayang pamamahayag bang maituturing kung  
ang isinusubong naratibo lamang ng militar ang  
inyong kinukuha kahit malayo ito sa katotohanan?  
Nasaan ang inyong pagsisikap na kuhain ang  
ibang panig, laluna ng mga biktima at kanilang  
kaanak?

Hindi maitatangi ang pagkadismaya ng mga  
pamilya ng biktima at mga komunidad sa mga  
narinig nilang balita. Sa halip na makatulong sa  
pagsisiwalat ng katotohanan, nagsisilbing  
instrumento ang midya para magpakalat ng  
misimpormasyon at ipagkait ang katarungan para  
sa mga biktima.

Naiintindihan ng rebolusyonaryong kilusan na sa  
kasalukuyang bulok na sistema, ipinagkakait ng  
estado ang malayang pamamahayag. Ang  
impormasyon ay kontrolado ng iilang naghaharing  
mapagsamantalang uri. Totoo ito sa karamihan ng  
mga media outfits at personahe na nakatali sa  
interes ng pinagsisilbihang pulitiko at  
korporasyon.

Hindi rin maitatangi ang panunupil ng estado sa  
mga alagad ng midya. Sa unang taon pa lamang  
ng rehimeng US - Marcos Jr., dalawa nang  
personahe sa midya ang pinatay. Sa Bikol, hindi  
lingid ang panggigipit at panghahas ng AFP-  
PNP-CAFGU sa mga lokal na midya upang busalan  
ang kanilang boses, kontrolin ang impormasyon at

itago ang katotohanan. Ilang mga istasyon ang pinagbawalan ng militar na magbasa ng anumang pahayag ng rebolusyonaryong kilusan.

Itinutulak ang mga kagawad ng midya na magpalamon sa bulok na sistema at isuka ang prinsipyo ng dyornalismo at maging mga tagakahol ng kasinungalingan ng naghaharing uri.

Subalit hindi ba't bahagi ng anumang sinumpaang propesyon ang risgo at panganib, piliin mo mang bumitiw sa pinanghahawakang prinsipyo?

Kaya mas makatwirang manindigan at makibaka para sa malayang pamamahayag. Sa landas ng pagkakaisa, makakasama ng mga kagawad ng midya ang mamamayan sa paglaban sa anumang tangka ng estado na busalan at supilin ang kanilang boses. Maipapakita ito ng mga kagawad ng midya sa pamamagitan ng patas, etikal, obhetibo at makatwirang pagbabalita.

Para sa mga kagawad ng midya, walang ibang dapat panigan kundi ang interes ng api at pinagsasamantalang mamamayan. Huwag hintayin ang panahong hindi na pinagkakatiwalaan ng masa ang mga institusyong pinakainaasahan nila para sa katotohanan.

Kaugnay nito, kinikilala ng ARMAS - Masbate ang pagpupunyagi ng mas marami pang kagawad ng midya sa prubinsya at sa buong rehiyon na manindigan para sa malayang pamamahayag sa pamamagitan ng patas, obhetibo at makatwirang pagbabalita. Pinipili nilang isabuhay ang prinsipyo

ng sinumpaang propesyon anumang tangka ng estado na palabnawin ang kanilang paninindigan.

Sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyon tunay na makakamit ang malaya at maka-mamamayang pamamahayag. Kailanma'y kasama ng mga alagad ng katotohanan ang rebolusyonaryong kilusan sa pakikibaka para rito.

## **Sa pagkakaisa at paglaban lamang maipagtanggol ng mga Masbatenyo ang kanilang buhay at kinabukasan**

Oktubre 2, 2023

### **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Isang matandang babae ang pinatay ng militar sa takot. Namatay ang 80-anyos na si Amparo Maglasang Juanillo matapos walang habas na magpaputok ang mga elemento ng 2nd Infantry Battalion-Phil. Army sa Sityo Mabuhay, Barangay Liong, bayan ng Cataingan nito lamang Oktubre 2, 7:00 ng umaga.

Nagsipagtakbuhan sa takot ang mga taga-sityo. Naiwan ang matanda sa kanilang tahanan. Natagpuan siyang wala nang buhay nang makabalik ang mga residente sa lugar.

Matatandaang isa ang naturang lugar sa pinaglunsaran ng palabas na engkwentro nito lamang Setyembre 29.



Si Juanillo ang ika-22 na biktima ng pampulitikang pamamaslang sa Masbate sa ilalim ng rehimeng US - Marcos Jr.

Pagmasaker sa mga ina, makahayop na pagpatay sa mag-asawa, pagtratrat sa isang menor de edad, walang awang pagpaslang sa matandang babae, panganganyon. Ilan pa bang magulang, anak, asawa, kaibigan at kakilala ang ituturing nilang mas masahol pa sa hayop?

Sukdulan na ang pagdurusang dinaranas ng mga Masbatenyo sa ilalim ng paghaharing militar. Sukdulan na ang kanilang paghihirap sa ilalim ng rehimeng US - Marcos Jr.

Ito ang reyalidad. Gegerahin at gegerahin nila ang mamamayan at wala silang pinipili.

Hawak ng mga Masbatenyo ang kanilang kapalaran. Nasa kritikal na yugto sila para magdesisyon: ang mamatay sa walang hanggang takot at pang-aapi o ang makidigma at mabuhay na ipinaglalaman ang kanilang kinabukasan.

Sa bawat sandaling piliing malunod sa takot at pananahimik, lalong titindi ang pang-aabuso at kahayupan ng militar. Sa bawat sandaling piliing sumuko at magkanya-kanya, pumapalampak si Marcos Jr., si Gov. Kho, ang Filminera, sampu ng iba pang naghaharing-uri habang madaling inaagaw mula sa mga Masbatenyo ang kanilang lupa't kabuhayan.

Kailangang tahakin ng mga Masbatenyo ang pagkakaisa at paglaban kung pipiliing mabuhay. Kailangan nilang lumahok sa rebolusyon para sa

kanilang mga anak, apo at mga susunod pang henerasyon.

Hindi totoong walang magagawa. Hindi totoong walang solusyon. Magagawang magkaisa. Digmang bayan ang solusyon.

Sa paglahok at pagkilos lamang ng mga Masbatenyo sa digmang bayan tiyak na mapapanagot ang kaaway at makakamit ang katarungang hinahangad. Ang suporta ng ng mga Masbatenyo ang pinagkukunan ng lakas ng Bagong Hukbong Bayan upang paigtingin ang armadong pakikibaka at pagbayarin nang mahal ang mga berdugo sa kanilang krimen.

Nananawagan ang Jose Rapsing Command - BHB Masbate sa mga kababaryo, kaibigan at kapamilya ng mga biktima ng abusong militar na makidigma! Walang mas hihigit pang paraan para kamtin ang tunay na hustisya kundi ang humawak ng armas at sumapi sa armadong kilusan para sa tunay na katarungan, kalayaan, kapayapaan at demokrasya.

Makibaka para sa katarungan!

Sumapi sa New People's Army!

Isulong ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay!

**Walang engkwentrang naganap sa Sityo Kulitob noong Oktubre 1**

Oktubre 2, 2023

**Madaay Gasic, Spokesperson  
NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)**

Walang engkwentrong naganap sa Sityo Kulitob, Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Oktubre 1. Sinungaling at desperado na ang 203rd Brigade sa kanilang pagpapakalat ng balita kaugnay sa engkwentrong naganap sa pagitan ng isang yunit ng Lucio De Guzman Command - NPA - Mindoro (LDGC) at 4th Infantry Battalion (4IB) sa nasabing lugar.

Sariling likhang labanan ito ng 203rd upang ipangalandakan ang tagumpay ng kanilang operasyon, umani ng karangalan ang mga opsiyal at bigyang katwiran ang kanilang walang habas na pagpapaputok, istraping, at paghahasik ng terorismo sa mga komunidad ng katutubo. Matatandaang biktima ng ilang ulit na pambobomba ang mga residente ng sityo Kulitob at mga karatig mula pa ng taong 2021. Nitong nakaraang mga buwan lamang biktima ng grabeng pambubugbog, tortyur at pekeng pagpapasuko ng 203rd ang mga residenteng katutubo sa karatig sityo ng Kulitob. Sa bagong pagpapakana ng pekeng labanan laban sa NPA, walang hiyang kinukundisyon na naman ng 203rd ang mamamayan sa mga gagawin nitong paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas. Tinatawagan namin ang mga opisyaes ng lokal na gubyerno ng Panaytayan, ng Mansalay at Oriental Mindoro na imbestigahan at tulungan ang mga naapektuhan ng pekeng labanan sa sityo Kulitob.

Sa ganitong klase ng manipulasyon ng mass media at pansindak-sa-mamamayan na combat operation nasasayang ang pondo ng bayan. Tiyak na ang nasabing operasyon at pekeng labanan ay pinag-aksayahan ng bala, mga pasabog at mga kagamitang militar, pati mga pabuya sa diumano mga intelidyens operatives (na bahagi ng intelligence and confidential funds) at alawans ng tropang pangcombat. Napakasahol at kamuhimuhi ang desperadong pakanang ito ng 203rd Brigade na magsunog ng pondo ng bayan habang napapabayaan ang batayang pangangailangan mamamayan lalo na ang mga Mindoreñong nakatira sa kabundukan na mga magsasaka, setler at mga katutubong dumaranas ng matinding kapabayaan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Imbis na ituon sa mga programang makatutulong para sa pagpapaunlad ng produksyon at programang agrikultural, winawaldas lamang ang pinaghirapang buwis mula sa pawis at dugo ng mga Mindoreño para lang sa kasinungalingan at pananatili ng terorismo ng berdugong 203rd Brigade. Dapat itong mahigpit na labanan at tutulan ng mamamayan!

Nananaginip nang gising ang rehimeng US-Marcos II at ang utusang aso nitong 203rd Brigade sa kanilang hangaring sindakin ang mga Mindoreño at putulin ang ugnayan ng Pulang hukbo sa mga mamamayan sa kanilang terorismo at kasinungalingan. Ginagatungan lang nito ang umaalimpuyong galit at pagkamuhi ng mga Mindoreño sa bulok na reaksyunaryong estado. Lalo lamang nitong ipinapakitang wasto ang pagsalig ng mamamayan sa demokratikong

rebolusyong bayan at armadong pakikibaka para pabagsakin ang kasalukuyang korap at bulok na sistemang umiiral at itayo ang Demokratikong Gubyernong Bayan, ang tunay na gubyernong nagtataguyod ng kagalingan ng mamamayan.

Biguin ang kasinungalingan at pasismo ng AFP at ilehitimong rehimeng US-Marcos II! Mamamayang Mindoreño, sumapi sa BHB!

## **Bongabong 3, victims of AFP modus operandi**

Oktubre 4, 2023

Youth activists Job Abednego David, Peter del Monte and Alia Encela were abducted last September 19 by armed agents of the Marcos regime in Sitio Malaglag, Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro on September 19. After 15 days, the 4th IB has admitted the three activists are under their custody. As usual, the military is claiming that the three are members of the NPA.

The Bongabong 3 are victims of the military's modus operandi of abducting social activists and subjecting them to torture under secret detention. The AFP then arbitrarily accuses them of being members of the NPA and maliciously tagging them as "terrorists" as if this would justify their crime of illegal detention and torture. They are not properly charged before any court and are denied counsel of their choice.

This is the same modus operandi used recently against Jhed Tamano and Jonila Castro, environmental activists, who were abducted by the 7th IB in Orion, Bataan, secretly detained for 13 days, and later presented as “NPA surrenderees.” The AFP would have gotten away with their crimes if not for the courage of Tamano and Castro who exposed how they were abducted, illegally detained, subjected to torture and threats, and forced to sign false statements.

Across the country, there are growing number of cases of individuals (including social activists, environmentalists, as well as underground revolutionaries and NPA fighters) being abducted by military agents and secretly detained in military camps and “safe houses” in violation of their basic civil and political rights, as well as international humanitarian law. These crimes are being carried out by military and police forces with impunity, emboldened as they are by the 2020 Anti-Terror Law.

All these cases must be exposed and the fascists made to account for their crimes.

## **Marcos is burying the country deeper in debt**

Oktubre 4, 2023

### **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

According to recent news reports, the Philippine government’s debt stock has risen to a record

high of ₱14.35 trillion as of end of August, or around ₱150,000 debt for every Juan and Maria. Marcos Jr is following the same economic plan of his dictator father Marcos Sr under which Philippine debt ballooned by 4,300% between 1965-1986.

The Marcos regime is burying the country deeper in debt. More than 40% of the 2024 budget (P2.46 trillion of ₱5.678 trillion) will be raised by Marcos by borrowing more money. This simply means the country is borrowing money to pay for old debt.

The NEDA revealed that last year, the country borrowed \$30 billion from the World Bank, Asian Development Bank and other banks, more than \$20 billion of which went to corruption-ridden infrastructure projects. The country is borrowing more and more money to fund the brazen corruption of the Marcoses, their jetsetting, secret and confidential funds, and unremitted spending for the military and police.

The Philippine economy is on a free-fall and set to dive into recession, amid the global capitalist crisis. It is not creating enough jobs and value. Productive forces in agriculture and manufacturing are being ruined by Marcos' neoliberal policies. The country is increasingly dependent on imports, while unmitigated imports further destroy the backward, agrarian and non-industrial economy.

Workers suffer from extremely low wages. The broad masses of peasants and semiproletariat are being economically marginalized as they are

dispossessed of their land and sources of income. Political repression has intensified amid heightened economic oppression. The Filipino people have no other option but to unite and fight for their economic rights.

## **Pagpupugay Ka Sandro at Ka Jayson!**

Oktubre 4, 2023

### **Florante Orobia, Spokesperson NPA-Albay (Santos Binamera Command)**

Pinararangalan ng Santos Binamera Command-NPA Albay sina kasamang Rizaldy Perdigon (Ka Sandro) at kasamang Allan Leron (Ka Jayson) sa magiting na pagharap sa mga kaaway ng sambayanan sa nangyaring sagupaan nitong Oktubre 3 sa Tabon-tabon, Daraga, Albay. Sina ka Sandro at ka Jayson ay walang pag-iimbot na hinarap ang katas-taasang sakripisyo para sa bayan at rebolusyon.

Tulad ng laksa-laksang anakpawis, kapwa itinulak ng kahirapan at panunupil ng kaaway sina ka Jayson at ka Sandro upang tahakin ang landas ng pagrerebolusyon at panindigan ang katatagan sa harap ng kagipitan, sakripisyo at kamatayan.

Si Ka Sandro ay maagang namulat sa kalupitan ng kaaway. Dahil hukbo ang kanyang ama, siya at kanyang ina at mga kapatid ay tuloy-tuloy na dumanas ng iba't-ibang porma ng panggigipit mula sa mga militar at pulis. Nagsikap siyang mag-aral ngunit naobligang tumigil habang nasa 3rd year high school at sa edad na 16 ay nagtago



na dahil sa panganib sa kanyang buhay. Pagtungtong sa edad na 18 naging madali kay ka Sandro ang pagpapasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa mahigit isang dekadang pagiging pulang hukbo gumaman si Ka Sandro ng iba't-ibang tungkulin, mula sa pagiging supply officer (S4) ng iskwad hanggang sa pagiging kumander ng platoon. Ang bawat tungkuling inaatang ay naging mabigat sa kanya ngunit pinagsikapang pangibabawan hanggang sa nakasanayan. Dahil sa pagpupunyagi at katapangan naging makabuluhan ang ambag ni Ka Sandro sa matatagumpay na operasyon ng hukbo sa probinsya at sa mga karatig na lugar.

Si Ka Jayson ay sumampa sa hukbo noong 2001 ngunit nagpasyang magpahinga noong 2005. Namuhay siya bilang sibilyan at naghanapbuhay upang makatulong sa magulang at buhayin ang kanyang bagong buong pamilya. Sa kabila ng pagiging sibilyan, hindi sya tinigilan ng kaaway. Paulit-ulit syang ginipit at sinampahan ng mga gawa-gawang mga kaso na may kaugnayan sa kilusan. Upang makaalpas sa panggigipit ng kaaway, si Ka Jayson ay muling nagpasyang bumalik sa hukbo nitong 2021 upang ipagtanggol ang sarili at ipagpatuloy ang paglilingkod sa bayan.

Matagal mang nagpahinga, hindi pa rin nawala ang kasigasigan ni Ka Jayson sa gawain bilang Pulang mandirigma. Naging bahagi siya ng ilang kampanya upang parusahan ang mga sagadsaring elemento ng militar at pulis na naghahasik ng terorismo sa mamamayang Albayano.

Sina Ka Sandro at Ka Jayson ay hindi lamang magiging na kasama, sila din ay mapagmahal at mabubuting anak, asawa at ama. Ang kanilang kagitingan at kabayanihan ay magsisilbing inspirasyon sa libu-libong mga kabataan, magsasaka at iba pang anakpawis na araw-araw na pinapahirapan at sinusupil ng reaksyonaryong estado na tumangan ng armas at tahakin ang landas ng pagrerebolusyon.

Pulang saludo ka Sandro at ka Jayson!

Pulang saludo sa lahat ng mga bayani at marter ng sambayanan!

## **Charge and punish the fascist US-Marcos Jr. regime!**

Oktubre 5, 2023

### **Florencio Baluga, Spokesperson NPA-Abra (Agustin Begnalen Command)**

July 25, 2023 | The lingering oppression of the Abrenian people is worsening under the regime of US-Marcos Jr. Its programs and policies that solely serve the imperialists, landlords and bureaucrat capitalists drive poverty and social injustice into deeper quagmire.

To ensure the implementation of its anti-people and pro-imperialist policies, the US-Marcos Jr. regime further heightened its militarization in Abra province. The presence of three (3) Philippine Army battalions (24th, 102nd and 50th IB) of the Armed Forces of the Philippines (AFP) and approximately a battalion of the Philippine

National Police inside people's domiciles, yards and workplaces turns the entire province into a military garrison. Under the Task Force ELCAC, local government units up to barangay levels are obliged to obey military command.

Peasants of Abra are gravely agonizing on the havoc brought about by the military's occupation on their communities. Their farms and pasturelands are bombed by the AFP. The people are prevented from going far from the center of their villages. A number of hunters were shot by the AFP during their operations. Many villagers were forced by the Army and PNP to surrender. They are compelled to report to the military headquarters whenever they are summoned. They were promised of aid and livelihood like hogs, but they only got a few heads of chicks. They weren't even paid yet for their transport fares on these trips. The E-CLIP (Enhanced Community Integration and Livelihood Program) funds are just looted by the military while the innocent people are incessantly put into pressure. To where mining applications and dam projects are located, mercenary troops of the AFP are numerously deployed to terrorize civilians.

In this current rule of the pillager Marcos family, applications of large-scale mining companies are being renewed that would plunder the widest lands within the 27 municipalities of Abra and adjoining provinces of Cordillera. The Marcos family would primarily profit from these mining projects, especially that their ill-gotten wealth were poured into mining investments through

dummy companies of their cronies. In preparation of these mining, construction of the Cordillera Road that stretches from Malibcong, Abra to Mt. Manmanaok at the boundaries of Abra, Kalinga and Apayao provinces is ongoing.

While Marcos Jr. ensures the enrichment of his family, cronies and his US imperialist master, he has no interest in looking into the lives and conditions of the Abrenio peasants. Farmers of Abra remain landless or only own small parcels of land and face an uncertain future under this regime. Only a few warlord politicians in Abra own large hectares of lands such as Valera, Bernos, Bersamin and Balao-as. Common land ownership of peasants in the province is measly half of a hectare or even smaller. Because of the laws enforced by the DENR and the LGUs, farmers are prohibited from swidden farming nor expanding their farms on public lands.

Presently, most peasants of Abra are on deficit up to ₱5,000 every crop season. As tenants, half of their harvests are paid for land rent. Aside from this, nearly all of the farm expenses are shouldered by the peasants. Cost of production for a half hectare reaches to ₱18,000 to ₱22,000 primarily for seeds, fertilizers (such as urea amounting to ₱3,100 per sack) other fertilizers (₱2,400 to ₱2,800 per sack) and different chemical pesticides (₱350 to ₱500 per bottle). A farmer pays as high as 50% interest for his debt in every sack of fertilizer.

To suffice their income, the Abrenio peasants resort to fishing and tending animals. They also

recourse on farm labor on which they are paid ₱200 to ₱300 for a daily wage, as well as in constructions where they are paid a daily wage of ₱350 to ₱400.

A farmer in Abra can only afford ₱40 a day for his family's food. In interior parts, a ganta of rice costs ₱200 as well as a kilo of sugar amounts to ₱200. Expenditures for their children's schooling are also costly. Peasant children work as domestic helpers since elementary grade to earn for their boarding house fees in town centers, because there are no schools in their barangays. Upon graduation in senior high school, they commonly land as construction workers. If they opt for a sure employment, they are constrained to enlist in the military, police, CAFGU or politicians' goons.

Seemingly, the Abrenio farmer is better off when he is not yet delisted in the 4Ps program. But acquiring benefits from this program is still pernicious on him, because he still has to spend on transport fares and has to set aside his work only to get this meager aid. There are also those who received ₱5,000 cash aid from the Department of Agriculture (DA), but most of them were given hybrid or suicide seeds. These farm aids only make the farmers more dependent on expensive chemical fertilizers and pesticides as these are the technologies the DA requires on them, that only enrich the capitalists who own and profit on these technologies.

After the July 2022 earthquake in Abra, the farmers only received one to two kilos of rice, 10 canned goods, some packs of energy drink, milk

and coffee. Those who were not close to local ruling politicians were not given relief. Damaged houses, farms and irrigations were taken photos, but were not given aid.

On the one year regime of US-Marcos Jr., the implementation of neoliberal and fascist policies of the imperialist US got stiffer. The Philippines became even more open to catch the US imperialist's crisis on overproduction and capital, while selling off the youth as a cheap labor commodity here and abroad.

On the fascist policies of imperialist China, Marcos Jr. doesn't have a clear opposition on China's occupation on the West Philippine Sea.

Marcos Jr. gambles on and robs the people's money through the Maharlika Investment Fund. He has already gained the Supreme Court's favor on dismissing his family's case on plundering the ₱1 billion of the nation's fund.

By withdrawing the Philippines from the International Criminal Court, Marcos Jr. saved Rodrigo Duterte from his criminal cases on his war on drugs.

He is bluffing when he announced that he would grant amnesty to the NPA who would surrender while intensifying fascist violence.

In this trying crisis situation, the people must recognize that the US-Marcos Jr. regime is the ultimate culprit of their hardships, who inflicts brutality and persecute their rights, who plunder

and wreck their land and steals their wealth and the fruit of their labor.

The Filipino people has no other choice but to fight for social justice. Ergo, their revolutionary struggle must carry on. The shining historical struggle of the Abra people must be carried forward. They must keep on propagating the revolutionary education, persevere in the people's revolutionary organization and firmly and persistently fight for their rights and advance the armed struggle.

Rally the Filipino people's power and unity to charge and reprimand the Marcoses for their crimes against the people. All gatherings, all forces and all arms must be pointed to punish the US-Marcos Jr. regime.

Topple the lapdog, fascist and pillager US-Marcos Jr. regime! Advance the national democratic revolution! Persevere in the people's war all through victory!

**Mga Makabayang Guro: Ngayong  
World Teachers' Day, Mag-Ambag Sa  
Ikalawang Kilusang Propaganda!  
Ipagtagumpay ang Pambansa  
Demokratikong Rebolusyong Bayan!**

Oktubre 5, 2023

**Katipunan ng mga Gurong Makabayan  
(Kaguma)**

Nagbibigay-pugay at parangal ang lahat ng kasapian ng KAGUMA sa lahat ng mga guro, mga edukador at mga manggagawa sa edukasyon ng ating bayan ngayong Pandaigdigang Araw ng mga Guro (World Teachers' Day o WTD). Marapat lamang na pagpugayan ang lahat ng ating mga guro dahil sila ay nananatiling matapat sa kanilang bokasyon na magmulat at magturo sa mga kabataan sa harap ng papatinding krisis ng ating ekonomiya at malubhang kahirapan ng ating mamamayan.

Higit sa lahat, pinagpupugayan natin ang rebolusyonaryong guro na si Propesor Jose Maria Sison. Ang mga pinundar niyang mga gintong aral kasama ang iba pang rebolusyonaryo noong panahon ng batas militar ng diktaduryang Marcos Sr at sa ating kasalukuyang panahon ay nagsilbing mitsa na nagpaalab at nagpapalagablab sa diwang palaban ng mga makabayang guro upang tumungo sa kanayunan at mag-ambag sa matagalang digmang bayan.

Malaki ang ambag ng KAGUMA sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Mula sa pagkakatatag nito noong 1971 hanggang sa kasalukuyan ay walang patid ang pagsisikap ng mga makabayang guro na isulong ang ikalawang Kilusang Propaganda. Sa kanayunan ay naging istrumento sila ng pagtuturo at pagmumulat sa masang-api at magsasakang pinagsasamantalahan upang labanan ang pyudalismo. Sila rin ay naging katuwang ng Bagong Hukbong Bayan upang palaganapin at patimuin ang mga aralin sa lipunan at rebolusyong Pilipino at ang kaisipang



Marxismo-Leninismo-Maoismo sa mga kadre at kasapi ng Partido.

Sa mga paaralan at unibersidad naman sa lungsod ay nakikiisa ang mga makabayang guro sa malapad na nagkakaisang prente para wakasan ang mga papet na rehimen mula sa diktador na si Marcos, laban kay Erap, kay GMA hanggang kay Duterte. Naging mahusay at masikhay ang mga makabayang guro sa pagtuturo ng makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon. At kahit na ang kurikulum at buong sistema ng edukasyon ay sumusunod sa kumpas ng imperyalistang World Bank na maging komersyalisado, kolonyal at represibo, naging malikhain ang mga makabayang guro upang baguhin ang tema, laman, pormal at pedagohiya sa loob at labas ng paaralan. Pinatunayan ang lakas ng nagkakaisang tindig ng mga guro sa panahon ng paglaban sa neoliberal na programa na K+12 ng dating Pangulong Aquino.

Sa kasalukuyan, malaki ang kinahaharap ng mga guro lalo na sa laban sa di-makataong kondisyon sa pagtuturo at napakamababang sahod. Kaya naman mahigpit na umuugnay ang KAGUMA sa mga kilusang nagnanais na maitaas ang sahod at kalagayan ng mga guro pati ng mga ordinaryong obrero. Ang KAGUMA ay hindi magpapalansi sa mga libreng sorbetes, lobo, at libreng sakay na limos ng estadong pasista bilang pagkilala sa sakripisyo at hirap ng mga guro sa ating bayan ngayong WTD. Hindi mga kendi o “Thank You” cards ang magpapasaya sa mga gurong naghihirap. Mataas na sahod at mas maalwan na

kondisyon sa pagtuturo ang tunay na paraan ng pasasalamat sa mga guro!

Nananawagan din ang KAGUMA sa lahat ng mga gurong makabayan at progresibong sektor ng ating lipunan na suportahan ang laban ng mga propesor at manggagawa sa sektor ng edukasyon sa mga paarala't pamantasan para isulong ang karapatan sa edukasyon, depensahan ang akademikong kalayaan, at itaas ang kagalingan ng mga guro at kawani sa edukasyon. Ang kasalukuyang pilit na pagtitibag ng pasitang NTF-ELCAC, kasabwat ang CHED at DepED, ay naglalayong makapasok sila sa mga paaralan, busalan ang bibig ng mga guro, takutin o di kaya ay dukutin ang mga progresibong estudyante at edukador, at samsamin ang mga subersibong aklat at babasahin.

Kailangan natin ang ibayong pagpapalakas at pag-oorganisa upang mapigilan ang napipintong pagbabalik ng ROTC sa kolehiyo at pagpapalakas nito sa high school. Ang militarisasyon ng ating mga paaralan ay hakbang ng pasistang etado upang kitilin ang kalayaang pang- akademiko. Ang ROTC ay hindi magtuturo ng nasyunalismo bagkus gagamitin ito sa paniniktik gamit ng milyong confidential funds ni VP Sara na isa ring upisyal ng NTF-ELCAC upang siraan at ilagay sa panganib ang lahat ng mga gurong tutuligsa sa DepEd at susuporta sa mga progresibong pagbabago sa DepEd.

Kaya sa WTD lumabas tayo kasama ang ating mga estudyante at mag martsa sa lansangan. Gawin nating mga silid-aralan ang lansangan. Gawin

nating pisara ang ating mga plakards para imulat ang ating mga mag-aaral at kababayan sa mga baluktot na kaisipan na pilit binabago ang kasaysayan para bumango ang mga magnanakaw na pamilyang Marcos.

Palakasin natin ang ating tinig upang mairehistro ang ating pagtutol sa budget cut sa edukasyon at iba pang serbisyong publiko. Tutulan natin nang buong lakas ang pagtatanggal sa libreng edukasyon sa kolehiyo, at sama-sama nating isulong ang panawagan para sa mataas na sahod para sa mga guro.

ANG KAGUMA ay naniniwala na kahit kailanman ang edukasyon ay hindi maaaring maging nyutral at walang pinapanigang uri sa lipunan at interes. Ngayong WTD, paigtingin natin ang ating pagnanais na makamit ang pambansa demokrasya na may sosyalistang perspektiba. Magturo tayo para sa rebolusyon. Maging kasangkapan tayo ng ikalawang Kilusang Propaganda at tulad nina Rizal, Jacinto, del Pilar at iba pa, ipayakap sa mga mamamayan ang pambansa demokratikong rebolusyon at ipagtagumpay ito!

**MABUHAY ANG MGA GURO NG BAYAN!**

**ITAAS ANG SAHOD NG MGA GURO!**

**DEPENSAHAN ANG AKADEMIKONG KALAYAAN!**

**ISULONG ANG IKALAWANG KILUSANG  
PROPAGANDA!**

**IPAGLABAN ANG MAKABAYAN, SIYENTIPIKO AT  
MAKAMASANG EDUKASYON!**

MGA GURO, SUMAPI sa BHB!

MABUHAY ANG CPP-NPA-NDF!

## **On Sara Duterte's defense of the indefensible**

Oktubre 5, 2023

### **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

Sara Duterte's "tirang pikon" gaslighting—calling those opposing her anomalous confidential funds as "enemies of the state"—will not blind nor derail people in their just demand against the secret use of public funds.

The overgrown brat should answer squarely the people's questions: saan nilustay sa loob ng 19 araw ang ₱125 milyong pondo ng bayan.

By insisting on having large amounts of secret funds at her disposal, Sara Duterte is only succeeding in fueling people's outrage against brazen corruption under the Marcos regime, and exposing who the real enemies of the people are.

## **Labanan ang maka-dayuhan at kontra-mamamayang patakaran ng rehimeng US-Marcos-Duterte sa pagmimina**

Oktubre 6, 2023

### **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Nag-eengganyo ang ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte ng walang rendang dayuhang pandarabong at malulubhang sakuna sa pagtutulak nitong palawakin at paramihin ang mga proyektong mina sa bansa. Sa prenteng kailangan ang pagmimina upang pasikarin ang ekonomya, isinasakatuparan nito ang imbing layunin ng imperyalismo na sairin ang likas yaman ng Pilipinas habang nagsusubi ang mga burukrata mula sa kapinggot na bahaging napupunta sa reaksyunaryong gubyrno. Kailangang puspupang labanan ang kasalukuyang rehimen na walang ibang dulot sa bayan kundi pagdurusa at ibayong kahirapan.

Hayagang nag-aanyaya si Marcos Jr at kanyang mga alipures sa mga dayuhang gubyrno at negosyante para magmina sa Pilipinas. Ang pagmimina ng nickel ang isa sa mga adyendang pinag-usapan sa biyahe ni Marcos Jr sa Japan. Kamakailan nama'y ipinahayag ni DFA Sec. Enrique Manalo sa isang pulong sa New York na nais ng ilehitimong rehimen na magpalawig ng kooperasyon sa US sa larangan ng pagmimina at produksyon ng mga baterya. Bilang dagdag na hakbang, pinalusot na sa Kamara ang panukalang batas na magpapababa sa royalty na kukunin ng gubyrno sa output ng mga minahan sa mga itinakdang mining reservation sa bansa mula 5% tungong 4%. Tuwang-tuwa ang Philippine Chamber of Mines sa pakana ng mga bayarang kongresista ni Marcos. Naglalaway ang mga burukratang kasapakat ng naghaharing pangkatin sa "malaking kita" na ipapasok ng mina sa bansa.

Kalokohan ang pagpapalabas ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte na ibabangon ng pagmimina ang naghihinalang ekonomya ng Pilipinas. Sa katunaya'y kabaligtaran ang mangyayari kung hahayaang dumami ang dayuhan at malakihang minahan sa bansa, higit lalo dahil alinsunod ito sa maka-dayuhang balangkas. Mumo ang makukuhang royalty ng gubyrerno at maliit lamang ang ambag nito sa usapin ng paglikha ng trabaho at komersyo sa mga lugar na miminahin. Kung tutuusin, pasakit lang ang aanihin ng taumbayan mula sa iresponsableng pagmimina. Walang pakundangan ang mga sakim na korporasyon sa pagwasak sa mga bundok at komunidad alang-alang sa kanilang layuning tumabo ng malaking tubo mula sa mga mineral. Lalo nitong ilulubog ang Pilipinas sa siklo ng pag-eksport ng hilaw na materyales at importasyon ng mamahaling yaring produkto na nagbansot sa ekonomya ng bansa.

Pinatunayan nang nagdudulot ang pagmimina ng matinding pinsala sa kalikasan at ginagawang mas bulnerable sa sakuna ang mga komunidad na sinasaklaw at kahit katabi lamang ng mga operasyon ng mina. Luging-lugi na ang sambayanan sa laki ng ninanakaw ng mga monopolyo-kapitalistang dayuhan at malalaking kumprador-panginoong maylupa ay nanganganib pa ang kanilang buhay at kalusugan dahil sa mina. Hindi dapat makalimutan ang trahedyang dinala ng pagmimina ng Marcopper, pangunahing pag-aari ng diktador na si Marcos Sr, sa isla ng Marinduque lalo na't hanggang ngayo'y ramdam pa rin ng mga residente roon ang epekto ng

sakuna. Nananatiling patay ang mga ilog na natambakan at nalason ng dumi ng mina at hirap pa ring magtanim ang mga magsasaka sa mga apektadong lugar. Banta rin sa mga taga-Marinduque ang natirang luma at depektibong dam ng mina na iniwan na lang basta ng Marcopper.

Sa rehiyong TK, matapang na naninindigan ang mamamayan laban sa mapangwasak na pagmimina. Mula nitong Pebrero ay inilunsad ng mga taga-Romblon ang isang barikada at iba pang pagkilos upang tutulan ang operasyon ng Altai Philippines Mining Corporation sa napakagandang isla ng Sibuyan. Magiting ding nakikibaka ang mga taga-Brooke's Point, Palawan para kanselahin na ang kontrata ng Ipilan Nickel Corporation. Ang pagmimina ng nickel ang isa sa mga dahilan ng matinding pagbaha na nagdisloka sa higit 3,900 pamilya sa Timog Palawan sa simula ng taon at pati ng pagbagsak ng hanapbuhay ng mga magsasaka roon. Nagbunga ang pakikibaka ng mamamayan ng tagumpay sa korte na writ of kalikasan na ipinagkaloob sa mga nagkakaisang residente ng Brooke's Point at Sibuyan.

Tinututulan naman ng mga residente ng Lobo, Batangas ang nakaambang pagmimina ng kumpanyang Canadian na Bluebird Ventures Inc. para magpasasa sa hindi bababa sa 12.43 toneladang ginto sa lugar. Pinagkalooban ng Mines and Geosciences Bureau ang nasabing kumpanya ng permit nitong nakaraang Hunyo.

Ramdam kahit saang bahagi ng bansa ang malakas na pagtutol ng mamamayan sa

isinusulong ng rehimen na patakaran sa pagmimina. Namumuhi sila sa pandarambong ng mga dayuhan at lokal na naghaharin-uri na pinahihintulutan ng bulok na estado. Napakasaklap na ang rekursong mineral na sasapat para makapagtayo ang bansa ng nagsasariling batayang industriya ay hinahayaang hakutin ng mga dayuhan at tumbasan lamang ng barya.

Dapat mariing labanan mula sa mga komunidad na apektado hanggang sa pambansang antas ang pagpapakana ng rehimeng Marcos Jr na paramihin at palawakin ang mga operasyon ng mina sa Pilipinas. Dapat magkapit-bisig ang lahat ng mamamayang nagmamahal sa kalikasan at soberanya sa adhikaing ipagtanggol ang likas na yaman ng bansa mula sa pandarambong at pangalagaan ang kapaligiran. Sa harap ng pagbaling ng ilehitimong rehimen sa pagmimina, kailangang ipaglaban ng bayan ang tunay na reporma sa lupa at pagtataas ng sahod ng manggagawa. Matutugunan nito ang matinding kahirapan na dinaranas ng malawak na hanay ng mamamayan.

Tinatanaw ng rebolusyonaryong kilusan na gamitin ang likas na rekursong mineral para isulong ang pambansang industriyalisasyon at iangat ang kalidad ng buhay ng bawat mamamayan. Hindi dapat hayaang ubusin ng mga gahaman ang yaman ng mga Pilipino. Nasa sama-samang paglaban ang pagtitiyak na magkaroon ng magandang kinabukasan ang bayan.###



## **Nagpapalakas ng loob ng pasistang mga kriminal at nanghihikayat ng kawalang pananagutan ang pagwawalang-sala kay Palparan**

Oktubre 6, 2023

### **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

Nakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mamamayang Pilipino at kanilang iba't ibang demokratikong organisasyon sa pagkundena sa pagpapawalang-sala ngayong araw ng Malolos Regional Trial Court sa pasitang berdugong si Gen. Jovito Palparan sa pagdukot at iligal na detensyon ng magkapatid na Raymond at Reynaldo Manalo.

Walang mas malupit pang panahon ang pagpapawalang-sala kaysa ngayon na pinatindi ng mga pwersang militar at pulis sa ilalim ng rehimeng Marcos ang kampanya ng ekstra-hudisyal na pagpaslang, pagdukot at pagtortyur sa mga unyonista, aktibistang panlipunan, organisador sa komunidad, mga maka-kalikasan at iba pang grupo at indibidwal na nagtataguyod ng kani-kanilang adhikain.

Ang pagpapawalang-sala kay Palparan ay ibayong magpapalakas sa loob ng mga pasistang kriminal sa AFP at susulsol sa nananaig nang kultura ng kawalang pakundangan na tampok sa isinasagawa nilang mga krimen at paglabag sa karapatang-tao.

Ang taktika ng paghahasik ng lagim na ginamit ni General Palparan noong nagsilbi siyang kumander ng iba't ibang yunit ng AFP, laluna ang taktika ng pagdukot, sikretong detensyon at toryur, ay parehong mga taktikang ginagamit ngayon ng AFP. Ito ring mga taktikang ala-batas militar na ginagamit ng diktador na si Marcos at kanyang kanang-kamay na si General Ver, ay muling binubuhay ngayon ni Marcos Jr.

Inaalala natin kung paanong dinukot ang magkapatid na Manalo sa San Ildefonso, Bulacan noong 2006. Sikreto silang ibinimbin at ipinailalim sa hindi mataros na mga porma ng tortyur sa isang kulungan sa loob ng kampo ng 7th ID sa Nueva Ecija, sa ilalim ng direktang kumand ni Palparan. Mismong siya ang bumibisita sa karsel na ito at nag-uutos sa mga sundalo. Balikan din natin kung paanong ang isa sa kanila ay personal na nakita ang nawawalang mga aktibistang sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan sa mga kulungang iyon.

Si General Palparan ay isa sa mga paboritong heneral ni Gloria Macapagal Arroyo na rehimeng responsable sa higit 1,000 kaso ng ekstra-hudisyal na pagpaslang at higit 200 kaso ng sapilitang pagkawala.

## **Palparan acquittal emboldens fascist criminals and abets impunity**

Oktubre 6, 2023

**Marco Valbuena, Chief Information Officer  
Communist Party of the Philippines**

The Communist Party of the Philippines (CPP) joins the Filipino people and their various democratic organizations in condemning the acquittal today of the fascist butcher Gen. Jovito Palparan by the Malolos Regional Trial Court, for the abduction and illegal detention of brothers Raymond and Reynaldo Manalo.

The acquittal cannot come at a worse time as military and police forces under the Marcos regime have stepped up its campaign of extrajudicial killings, abductions and torture against unionists, social activists, community organizers, environmentalists and other cause-oriented groups and individuals.

Palparan's acquittal will further embolden the fascist criminals in the AFP and abet the prevailing culture of impunity which characterize the perpetration of their crimes and violations of human rights.

The terror tactics employed by General Palparan during his stint as commander of various units of the AFP, specifically the tactic of abduction, secret detention and torture, are the same terror tactics now being employed by the AFP. These same martial law tactics employed by the dictator Marcos and his trusted General Ver, are now being revived by Marcos Jr.

We recall how the Manalo brothers were abducted in San Ildefonso, Bulacan in 2006. They were secretly detained and subjected to unspeakable forms of torture in a cell inside the camp of the 7th ID in Nueva Ecija, under the direct command

of Palparan. Palparan, himself, visited those torture chambers and ordered soldiers. We also recall how one of them personally saw missing activists Karen Empeño and Sherlyn Cadapan in those dungeons.

General Palparan was among the favorite generals of Gloria Macapagal Arroyo whose regime is responsible for more than 1,100 cases of extrajudicial killings and more than 200 cases of enforced disappearances.

## **Palparan's acquittal is incongruous to the pursuit of just and lasting peace**

Oktubre 6, 2023

### **Juliet de Lima, Interim Chairperson National Democratic Front of the Philippines Negotiating Panel**

The National Democratic Front of the Philippines (NDFP) finds the recent acquittal of Jovito Palparan incongruous to creating the necessary conditions for the resumption of the GRP-NDFP peace negotiations. The dismissal of kidnapping and illegal detention charges against him runs counter to every principle of human rights and international humanitarian law. Prospects to resume the peace talks become less clear as the GRP continues to demonstrate its flagrant disrespect for the basic principles of justice by allowing criminals like Palparan to run free with impunity.

Under Article 4 of the GRP-NDFP Comprehensive Agreement on Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), the GRP commits to “remove the conditions for violations and abuses of human rights and to render justice to and indemnify the victims.” The GRP’s exoneration of Palparan therefore violates CARHRIHL and is a clear indication of the reactionary state’s utter disregard to uphold the rights of its own citizens, much more ensure that justice is served.

While disturbing, Palparan’s acquittal is not entirely shocking. The reactionary justice system has long coddled war criminals like Palparan and Rodrigo Duterte. Despite having been indicted for gross human rights abuses in Mindoro, Eastern Visayas and Central Luzon during his tenure as Gloria Macapagal-Arroyo’s henchman and main implementor of the bloody Oplan Bantay Laya, Palparan has consistently received special treatment in prison.

Consistent with the principles enshrined in CARHRIHL, the NDFP through the People’s Democratic Government reserves the right to hold Palparan and other war criminals accountable and render justice for victims of all violations and abuses of human rights

**Troll generals reek of blood and failure**

Oktubre 6, 2023

## **Maoche Legislador, Spokesperson Negros Island Regional Operational Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

Akin to troll farms exposed most recently on TikTok, MGen. Marion Sison of the 3rd Infantry Division and his troll boss at the Armed Forces of the Philippines (AFP) Visayas Command, Lt. Gen. Benedict Arevalo, are spewing lies from the same old fascist reactionary script. Their recycled lines have long been found out by the people.

Revolutionary forces of the Communist Party of the Philippines (CPP), New People's Army (NPA) and the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) are unlike the reactionary forces of the AFP who serve the interests of the ruling class and US imperialism and whose corruption are driven by insatiable greed. Revolutionary forces selflessly serve the interest of the exploited and oppressed masses and are always ready to sacrifice, even their lives, to achieve the people's aspiration for national liberation and democracy.

Arevalo and Sison's gaslighting will backfire on them as they incite the people toward armed revolution with their own bloody anti-insurgency campaign amid a severe economic crisis on the island. The people can see through their lies because they have witnessed and experienced the worsening human rights violations perpetrated by butcher soldiers especially in the rural areas.

The former rebels they exhibit to the public are mostly forced surrenders and a few recycled

rotten traitors who have blood debts to the people. The CPP-NPA-NDF death toll they brag about are mainly hors de combat and civilians they killed in cold blood.

As always, the AFP is only digging its own and its master's graves. The people know they are the enemy and the people do not forget.

The people of Negros have not forgotten the virtual martial law imposed by the 303rd Brigade and the 94th Infantry Battalion on the hinterlands of Himamaylan City and parts of Binalbagan, Negros Occidental exactly a year from today. In its desperate pursuit of the NPA, thousands of lives fell victim to fascist measures of the bloodthirsty Philippine Army.

After a botched raid of a makeshift camp of the Mt. Cansermon Command - NPA South Central Negros Front (MCC-NPA) in Sitio Sig-ang, Brgy. Carabalan, Himamaylan City on October 6, 2022, the 303rd Brigade unleashed fake news and disinformation to confuse the public and save face from its colossal failure of thwarting the NPA despite its so-called "full spectrum" superiority.

These lies also served to justify the mindless bombing and strafing of Brgy. Carabalan using howitzer cannons and machine-guns aboard a helicopter and the human rights violations perpetrated by its foot soldiers who indiscriminately open fired near peasant communities, ransacked abandoned houses, stole money and other personal belongings left in homes, slaughtered farmers' livestock, and

threatened and harassed residents they encountered. Roughly 18,000 residents were victims of this martial law situation; left traumatized by state-sponsored atrocities. Many of them were forced to evacuate their homes due to explosions near their residence and communities, while in some areas, people were prohibited from leaving their homes. Anyone who resisted were branded as “NPA supporters.”

Only two armed encounters and an NPA ambush actually took place out of the six skirmishes claimed by then 303rd Bde. commander BGen. Pasaporte. The 3rd ID, then headed by master liar Arevalo, was so desperate in hiding their casualties. The NPA, on the other hand, showed the effectiveness of guerrilla warfare against a superior enemy and that it was far superior on the matter of support from the broad masses.

Infuriated by its loss and embarrassment, the 94th Infantry Battalion brutally murdered Romeo Nanta (Ka Juanito Magbanua) when they captured him at Sitio Medel, still in Brgy. Carabalan. The erstwhile regional spokesperson of the NPA in Negros was ailing from gout and hypertension. He was in no position to fight when he was taken by 94th IB soldiers to a nearby sugarcane field, tortured, and summarily executed despite his status as a hors de combat.

Magbanua’s summary execution was also downplayed by the Philippine Army as an armed encounter. The AFP brazenly twisted these events to make the reactionary forces seem victorious in their false narrative.



A year after the violent overreaction of the reactionary government, Himamaylan City has been subjected to focused military operations that have resulted in even worse human rights violations, including the Fausto family massacre last June 14. Cases of extrajudicial killings, illegal arrests and detention, indiscriminate firing of firearms, forcible evacuation and displacement, forced surrender, threat, harassment and intimidation, physical assault and injury, destruction of property, and illegal search and seizure are rampant in Himamaylan City this year especially in Barangays Carabalan and Buenavista, with no less than 800 victims including children. Elements of the 94th IB also occupy schools and tribal halls of indigenous peoples and encamp near peasant communities.

The situation in Himamaylan City this past year encapsulates the worsening militarization on the island that aggravates the socio-economic crisis suffered by Negrosanons. Already on the final stretch of another hopeless deadline for the 3rd ID to decimate the NPA in Negros, more lies and human rights violations are expected from these fascist pigs. The revolutionary forces, on the other hand, with the unfathomable support of the people, continue to wage armed struggle, launch agrarian revolution and build the mass base and organs of political power on the island.

Despite military claims of a weakened NPA Negros, Red fighters and all revolutionary forces repeatedly disprove the lies of the AFP. They carry on with their selfless mission of fighting for social

justice, and national liberation and democracy. Holding dear to their heart Ka Juanito Magbanua's famous phrase, "Long live the oppressed masses," and inspired by all revolutionary heroes and martyrs, the NPA in Negros uphold the path of armed struggle as the solution to the long-standing semicolonial and semifeudal exploitation on the island and in the entire country.###

## **Dumdumon ang mapait nga natabo sang Himamaylan City sang nagligad tuig**

Oktubre 7, 2023

**Dionesio Magbuelas, Spokesperson  
NPA-South Central Negros (Mt. Canseron  
Command)**

Isa ka tuig na ang naglabay sang ginpaidalom sa isa ka semana nga de facto martial law kag lockdown ang Himamaylan City, Negros Occidental halin Oktubre 6 tubtob 15 sang nagligad nga tuig 2022. Ginabulabanta 500 ka tropa sang 94th IB kag kapulisan ang ginmobilisa sini nga panahon. Ginpahamtangan ang militarista nga lockdown nga nagpaantus sa liboan ka pumuluyo nga daan na nga nag-atubang sa tuman ka pait nga pangabuhi.

Isa ka tuig na pero preska pa sa panumduman sang mga Himamaylanon ang nagkalatabo sa ila kon sa diin duha ka adlaw nga ginbombahan ang mga komunidad sang Brgy. Carabalan, patarasak nga nagpinalupok ang nasambit nga militar gamit ang helicopter, pagpangastigo sang pito ka mga

sibilyan, pilit nga pagpabakwit sang mga residente kag ang pag-ihaw sang mga kasapatan sa mga mangunguma sa tion nga wala na sila sa ila mga panimalay. Halos 18,000 ka pumuluyo ang biktima sang militarisasyon sa lugar kag masobra P400,000 ang gingasto sang militar sa pagpamomba lang.

Sa subong, sa pihak sang todo bubo sang pundo sang rehimen US-Marcos II paagi sa lokal nga panggamhanan sini sa porma sang mga farm-to-market road idalum sa Barangay Development Program (BDP) kag iban pa nga programa nga wala man nagasabat sa mayor nga problema sa malapad nga pumuluyo labina sa mga mangunguma.

Wala sa gihapon nga natabo nga paglambo ukon pagbag-o sa kahimtangan sang masang anakbalhas ilabi na sa mga Himamaylanon. Kakhatuka ang matuod nga laragway sa masa kon sa diin nagaantus sa manubo nga sweldo ang mga mamumugon sa uma, barato nga bili sang produkto sang mangunguma, wala preno nga pagsaka sang presyo sang mga balaklon kaangay sang bugas, mga panakot, kag iban pa nga mga sandigan nga balaklon. Samtang kadungan sini nga kapigadahon amo man ang kabugana sang pipila sa nagaharing hut-ong nga amo ang nagapuga sang manggad kag kusog sang pumuluyo para sa ila kaugalingon nga interes.

Ang sosyo-ekonomiko nga kahimtangan sa pungsod Pilipinas nga ginaatubang subong sa pumuluyong Pilipino ang ginadugangan pa sa wala nagakasanto nga mga tikang kag plano sang

rehimen Marcos II. Mas ginakonsolida sini ang iya gahum kag ginapaboran ang iya alipures para mapaseguro ang ila interes.

Todo larga na ang pagbaligya sang manggad sa pungsod kag ang pagpabuylo sang pagtukod sang mga baseng militar sang US nga klaro nga magadalahig sa pungsod sa mas malala pa nga katalagman sa palaabuton.

Wala sang kinatuhay ang kasamtangan nga US-rehimen Marcos II sa iya amay nga isa man ka diktador. Krisis, kagutom, pasismo kag kakugmat ang ginhatag sini sang pumuluyo labina sa sahing anakbalhas nga mangunguma kag mamumugon.

Kon pasismo ang sabat sa singgitan sang pumuluyo sa ila mga handum kag demanda, indi maga-untat ang tuburan sang armado nga paghimakas. Nagahandum ang rehimen US-Marcos II, ang Armed Forces of the Philippines (AFP) kag Philippine National Police (PNP) nga madugmok ang NPA sa basehan sang madamuan nga pagpresentar sang peke nga mga surrenderees, pagpangdakop sang mga ginadudahan nga supporter sang NPA, ang ginpangalandakan nga localized peace talk kag ang subong nga ginatanyag nga amnestiya para sa mga rebolusyonaryo. Klaro nga mapaslaw lang ini bangud sila mismo ang nagahawan sang dalan para sa pumuluyo nga mag-usoy sang dalan sang pagbato kag armadong paghimakas. Matambok ang duta para sa rebolusyon.

Ginapasidunggan sang MCC-NPA si Ka Juanito Magbanua (Romeo Nanta), anay tiggpamaba sang

NPA Negros, nga brutal nga ginpatay sang mga pasistang idu-ido sang 94th IB sang gindakop sa Sitio Medel sadtong Oktubre 10, 2022. Kaangay ni Ka JM ang isa ka matuod nga rebolusyonaryo nga wala nagabuhi sa mga rebolusyonaryo nga prinsipyo kag determinado nga magasulong sa bisan ano pa man nga kabudlayan. Ang matuod nga pagbag-o, kahilwayan kag demokrasya maangkon lamang paagi sang matuod-tuod nga pagrebolusyon, nagapanindugan kag wala nagasungka sa kaaway kag sang nagaharing hutong.###

## **4 na sundalo, patay sa enkawnter sa NPA-Nueva Ecija**

Oktubre 8, 2023

### **NPA-Central Luzon Regional Operational Command**

Oktubre 8, 2023. Bandang alas 4:30 ng hapon ay nakasagutpa ng pwersa ng NPA ang pwersa ng militar sa Brgy San Fernando Sur, sa bayan ng Laur, Nueva Ecija. Apat na sundalo Ang patay at maraming iba pa ang sugatan. Gayunman, isa lamang ang inakawnt na patay ng 7th Infantry Kaugnay Division ng AFP na kabilang sa tropa ng 84th IB at itinanggi ang iba pang kaswalti. Samantala, walang kaswalti sa panig ng NPA.

Ang pwersang nakasagupa ng NPA ay ilang araw nang nanggagalugad sa kabundukan, hanggang sa mga tumana ng mga magsasaka. Salungat sa pahayag ni Major General Andrew D. Costelo, Commander ng 7th ID na diumano ay itinip ng

sibilyan ang presensya ng NPA, sa katunayan ay ang mga magsasaka sa erya ang nagsusuplong sa NPA sa ginagawang terorismo sa sibilyan ng mga nag-ooperasyong militar - hinahalukay ang mga kubo sa bukid, nirerekisa ang mga gamit ng magsasaka, binabawal silang magbaon ng bigas sa tumana at matulog doon. Ilang minuto bago ang laban ay minartsa ng mga militar ang kalsada na nagdulot ng takot at pangamba sa mga sibilyan at turistang dumadayo sa Seminublan Falls sa naturang baranggay.

Muli, ipinakita ng ang mahigpit na disiplina sa kondukta ng gera. Presiso at asintado an pagpapaputok at may mataas na pagpapahalaga sa kaligtasan ng mga sibilyan. Dahil ang lokasyon ng labanan ay malapit sa baryo at nasa perimetro ng mga tumana ng magsasaka, sinikap ng NPA na agad makabaklas sa lugar para maiwasang may madamay na sibilyan. Kabaliktaran naman sa ginawa ng AFP na walang patumanggang nagpaputok sa alinmang direksyon sa loob ng halos isang oras. Mulí, sampal na naman ito sa pahayag ng AFP na wala nang NPA sa Nueva Ecija.

**Panagutin ang ilehitimong rehimeng  
US Marcos-Duterte sa pagnanakaw ng  
boto at pagtataksil sa bayan!**

Oktubre 8, 2023

**Patnubay de Guia, Spokesperson  
NDF-Southern Tagalog**

Malinaw sa mata ng sambayanang Pilipino na niluto ang Eleksyon 2022 para maluklok sina Marcos Jr at Sara sa pagka-presidente at bise-presidente, mga anak ng diktador at pasistang sina Marcos Sr at Rodrigo Duterte. Sino ba naman ang papayag na manumbalik sa kapangyarihan ang mga kapamilya ng mga kinamuhiang rehimen? Hindi mapasusubalian na may naganap ang lansakang dayaan sa nakaraang eleksyong 2022. Manipestasyon nito ang napakabilis na resulta ng eleksyon na hindi pangkaraniwan sa kasaysayan ng bilangan sa Pilipinas na nagresulta sa “landslide” na panalo nina Marcos Jr at Sara. Nagimbal ang buong sambayanan laluna ang mga nakaranas ng hirap at ang mga naging biktima ng krimen at paglabag sa karapatang tao ng rehimeng Marcos Sr at ni Rodrigo Duterte.

Lagpas isang taon matapos ang Eleksyon 2022, ibinunyag ng grupong Truth and Transparency Trio ang malilinaw na palatandaan ng pandaraya nina Marcos at Duterte sa Eleksyong 2022. Ayon sa kanilang pag-aaral, lumabas sa isinapublikong reception logs ng Commission on Elections (COMELEC) na signipikanteng boto na natanggap ng central at transparency server mula sa higit 20,300 vote counting machines (VCMs) mula sa National Capital Region (NCR), Cavite, Laguna, Batangas at Rizal ay galing lamang sa iisang IP address na 192.168.0.2. Kung gayon, lalabas na sa iisang gadyet dumaan ang mga boto ng mga naturang VCMs mula sa mga itinuturing na vote-rich na lugar o maraming botante.

Nagkakabuhol-buhol ang dila ng COMELEC dahil habang kinontra ang pag-aaral at pagsusuri ng TNTrío, ay lalupang nalalantad ang mga anomalya sa eleksyon. Inamin ng COMELEC na gumamit ito ng device na “Telco Exchange-Integrator”, kung saan pinadaan ang lahat ng boto ng 107,000 VCMs sa buong bansa, kabilang ang kadudadudang IP address na 192.168.0.2 na pinagmulan ng 98% ng mga boto sa NCR, 95% sa Cavite at 81% sa Batangas. Nabisto rin ang arbitraryong pagpapalit ng 4G modems tungong 3G modems na “brand new” isang araw bago ang eleksyon. Nasa 15,897 ang pinalitang modem sa NCR, Cavite at Batangas. Lahat ito’y dumaan sa “Telco Exchange-Integrator”. Walang kaalam-alam sa prosesong ito ang mamamayan, mga election watchdogs na NAMFREL at PPCRV at mga partidong kalahok sa halalan. Nilabag nito ang proseso ng automated election system na sila mismo ang gumawa. Malinaw na inilihim ito ng COMELEC sa utos ng noo’y nakaupong Rodrigo Duterte.

Higit na nakagagalit ang mga palusot ng COMELEC para pagtakpan ang pandaraya. Walang naniniwala na hindi naapektuhan ang resulta ng mga ginawa nilang pagbabago sa mga kagamitan at daloy ng boto. Sa halip, mas pinadali nito ang sistematikong pandaraya sa burgis-reaksyunaryong eleksyon. Hindi kataka-taka kung bakit at paanong nagkamit ng kasuka-sukang “landslide victory” ang paksyong Marcos-Duterte.

Liban sa mga bagong nalantad, hindi naman naisara ang usapin ng mga “nasirang” VCM at mga balotang naiwan sa presinto noong aktwal na



araw ng halalan. Aabot sa 2,000 VCMs ang hindi gumana, higit doble sa eleksyong 2019 na 961 VCMs. “Nasira” din ang 176 SD cards habang 81 ang pinalitan. May mga botanteng napilitan na iwanan ang kanilang mga balota na hindi naipasok sa makina dahil sa mga “aberyang ito”.

Bago pa man ang botohan, nagbabala na ang mga progresibo at tagapagtaguyod ng demokrasya na napakadaling dayain ng halalan dahil kontrolado ito ng paksyong Marcos-Arroyo-Duterte mula paghahanda, proseso at bilangan ng boto. Sineguro na ni Duterte ang Eleksyon 2022 sa pagtatalaga ng mga tapat sa kanyang alipores sa COMELEC at paggagawad sa mga kumpanyang hawak ng kanyang kroni na si Dennis Uy na Smartmatic TIM at F2 Logistics sa pangangasiwa ng awtomasyon at lohistika ng eleksyon. Nauna na ring sinubok ni Duterte ang lansakang pandaraya sa Eleksyon 2019 na nagluklok sa kanyang mga kasapakat sa Kongreso at lokal na gubyrno.

Ito ay lantarang panloloko, pagtataksil at higit sa lahat paglabag sa demokratikong karapatan ng mamamayan. Sa simula pa man ay malinaw nang nasuri ng mga progresibo at demokratikong pwersa ang pagiging ilehitimo ng kasalukuyang rehimen, ngayon ay higit itong napatutunayan mula sa mga malilinaw na ebidensya ng imbing pandaraya. Ginamit ngayon ng kinamumuhiang pangkating Marcos-Duterte-Arroyo ang reaksyunaryong eleksyon 2022 para makabalik sa tuktok ng kapangyarihan, patuloy na makapaghari at walang kabusugang dambungin at pasasaan ang yaman ng bayan, habang iwinawasiwas ang

walang hanggang kapangyarihan mula sa ninakaw na mandato ng bayan.

Nararapat lamang na suportahan ng mamamayan ang paglalantad ng katotohanan sa likod ng garapalang pandaraya ng mga Marcos at Duterte. Kailangang ilunsad ang malaganap at puspusing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng pinakamalawak na mamamayang Pilipino para itambol ang malawakang pandaraya at itakwil ang ilehitimong gubyrerno nina Marcos at Duterte.

Ilunsad ang malawakang edukasyon at propaganda tungkol sa dayaan sa eleksyon upang maunawaan ng buong bayan ang katotohanan. Kailangang maging mapagbantay din ang buong bayan sa posibleng manipulasyon sa darating na halalang pambarangay sa taong ito at sa susunod na mga halalan para ipanalo ang mga tagapagtaguyod ng ilehitimong rehimen.

Nararapat palaparin ang alyansa at pahigpitin ang pagkakaisa ng bayan para ipaglaban ang katotohanan at kundenahin ang panloloko at pandaraya ng paksyong Marcos at Duterte. Nananawagan ang NDFP-ST sa lahat ng mga propesyunal at eksperto sa teknolohiya na masusing pag-aralan at tumuwang sa higit pang paglalantad at paninindigan laban sa mga naging anomalya sa nagdaang eleksyon. Ang sapat na mga ebidensya na magpapatunay na dinaya ang Eleksyon 2022 ay matibay na batayan para panagutin sina Marcos at Duterte.

Pinatutunayan ng mga kaganapan kung gaano kabulok ang reaksyunaryong eleksyon sa ilalim ng

malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Mula't sapul, ginagamit ng reaksyunaryong estado ang halalan para bigyan ng ilusyon ang taumbayan na may demokrasya. Kontrolado ng lokal na naghaharing uri at imperyalismong US ang sistema ng eleksyon kaya walang pagpipilian ang mamamayan na ihalal kundi ang mga tradisyunal na pulitikong mula sa uring panginoong maylupa at malalaking burgesyong komprador na mga pangunahing ahente ng imperyalismong US sa pagpapahirap sa buong bayan. Ang pagkakalantad ng pandaraya sa Eleksyon 2022 ay magmumulat sa mamamayan na hindi dapat iasa sa huwad at burgis na eleksyon ang kanilang kinabukasan, bagkus ay isulong ang rebolusyon para kamtin ang tunay na pagbabagong panlipunan.

Makakaasa ang sambayanang Pilipino sa rebolusyonaryong kilusan na susuportahan nito ang kanilang pakikibaka para sa katotohanan. Lalo nitong pag-aalabin ang galit ng mamamayang Pilipino at itutulak silang lumaban para ibagsak ang ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Nakahanda ang mga rebolusyonaryong pwersa na paigtingin ang armadong pakikibaka para bigwasan ang ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Hindi ito maglulubay sa isinusulong na marubdob na digmang bayan para wakasan ang bulok na sistemang batbat ng pandaraya, panloloko at karahasan at iluwal ang isang lipunang tunay na magtataguyod ng demokratikong karapatan at kalayaan ng bayan.###

## **Panagutin si BGen Cabangbang at ang 203rd Brigade-PNP-MIMAROPA sa ilegal na pagdakip sa tatlong aktibista at mga karumal-dumal na krimen laban sa mga Mindoreño!**

Oktubre 8, 2023

### **Ma. Patricia Andal, Spokesperson NDF-Mindoro**

Buhol-buhol ang dila at sinungaling si BGen. Cabangbang sa panibagong palabas niyang hindi pagdukot ang ginawa ng 203rd Brigade (Bde) kina Job Abednego David, Peter Del Monte, at Alia Encelo. Sa katunayan ilegal na inaresto ng pasistang 203rd Bde sa Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro noong Setyembre 19 at noong Octubre 4 lamang nila inamin na hawak nila ang tatlong aktibista matapos ang pursigidong paghahanap ng mga pamilya at kapwa mga human rights advocates.

Sina David, Del Monte, at Encelo ay mga aktibista mula sa mga organisasyong nagtataguyod ng karapatan ng pambansang minority na dinakip ng utak-pulburang militar habang sila ay nasa kasagsagan ng pagsisiyasat sa mga naging paglabag ng AFP-PNP-MIMAROPA sa mga pamayanang katutubo ng nasabing lugar at karatig na mga bayan. Tigas mukha pang ipinagmamalaki ni Cabangbang na naging mabuti ang pagtrato ng 203rd Bde sa tatlong aktibista habang sila ay nasa kustodiya ng militar. Sa una pa lang ay nilabag na ng mga palalo ang batayang

karapatan ng tatlo nang ilitaw sila sa publiko dalawang linggo matapos silang dakpin. Malinaw na paglabag sa International Humanitarian Law at maging sa Saligang Batas ng reaksyunaryong gubyrerno ang ginawang pagdukot sa tatlong aktibista.

Pilitin man ni Cabangbang na pabanguhin ang pakete ng kanilang krimen, wala nang maloloko ang mersenaryong 203rd Bde. Hindi na bago ang pagdakip, paghuli, at pag-aakusa, at pagbabalandra ng 203rd Bde sa mga sibilyan bilang mga kasapi di umano ang BHB. Ganito rin ang sinapit ng dalawang kilalang aktibista na sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado na dinukot din ng pasistang militar noong Abril. Ito rin ang pamalagiang kinahaharap ng mga katutubo sa mga pamayanang isinasaklot sa Focused Military Operations (FMO) at Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) ng 203rd Bde, PNP-MIMAROPA, at Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC).

Katunayan, ang paglulunsad ng pagsisiyasat ng tatlong aktibista sa kalagayan ng karapatang pantao sa Barangay Lisap ay batay na rin sa nakakalap na ulat ng malawakang paglabag sa karapatang pantao ng mga pulis at militar sa mga pamayanang apektado ng FMO at RCSPO na inilunsad ng 203rd Bde ngayong taon laluna ang higit na pinalaking operasyong militar mula Hunyo hanggang kasalukuyan. Partikular ito sa mga barangay ng Manoot, sa bayan ng Rizal, at Monteclaro sa bayan San Jose, parehong

probinsya ng Occidental Mindoro, at mga barangay ng Lisap at Hagan sa bayan ng Bongabong, Oriental Mindoro.

Buong kapalaluang ilegal na kinampuhan ng tig-laking platung pwera ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA ang mga sityo ng Balya, Alyanon, Rimas, Bahayaw at Lawaan ng Brgy. Lisap, Bongabong at ang mga sityo ng Cogon Ratag, Alunan at Natub ng Brgy. Manoot, Rizal. Bukod pa dito, patuloy ang pagkakampo ng mga elemento ng AFP-PNP-SAF sa barangay hall ng Sta Cruz, Libertad, Carmundo, Tawas at Hagupit ng Bongabong. Walang galang ding hinihimpilan maging ang mga sagradong lugar ng mga katutubo tulad ng mga libingan.

Dinaranas ng mga katutubong Mangyan at mga mamamayan dito ang mahihigpit na mga kundisyong angkop lamang sa batas militar at paulit-ulit na pagyurak sa kanilang karapatan at paglabag sa internasyunal na makataong batas. Umiiral sa mga lugar na ito ang pagkontrol sa populasyon sa pamamagitan ng pagpataw ng curfew, pagbabawal sa pagpunta sa kaingin at food blockade sa anyo ng paglimita sa bibilhing mga pagkain. Paulit-ulit na pinatatawag, ilegal na iniimbistiga't tinortyur at sapilitang pinasusurender ang mga sibilyan sa mga nasabing barangay at pinalalabas na mga miyembro ng BHB o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Panibagong karumal-dumal na kasong naitala ang sumusunod:

- a. Pambubugbog ng mga elemento ng 203rd Brigade sa 3 Mangyan-Buhid na sina Marson Opig, Layhip Yaman mga residente ng Sitio Cogon Ratag at Suligan Gonzales, na taga So. Alunan, Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro nito lamang Martes, Oktubre 3 bandang alas-4 hanggang alas-6 ng hapon. Tumigil lamang ang pambubugbog sa 3 ng sinugod sila ng mga katutubong Buhid. Paulit-ulit na itinatanong sa 3 habang binubugbog kung nasaan na ang mga NPA na kanilang itinatago. Hanggang ngayon, hindi pa makagulapay ang tatlong biktima. Kasabay at bukod sa 3 binugbog, iligal na hinuli din ng mga pasista si Nano Dam in na taga-sityo Alunan.
  
- b. Dalawang kaso naman ng panggagahasa sa kababaihan (isang katutubo na nangangalang Ana - di tunay na pangalan at isang di-katutubo na nangangalang Rose - hindi din tunay na pangalan) ng mga elemento 203rd Bde at CAFGU ang naitala sa Barangay Hagan at Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro nitong Agosto. Si Rose kasama ang dalawa pang kababaihan ay naliligo sa tulay ng Panluan, Hagan, Bongabong nang gahasain ng mga CAFGU noong Agosto 28. Tinatakot at pinipilit ng mga pasista ang biktima at kapamilya ng biktima upang pumayag na ipaareglo lamang ang kaso. Si Ana naman ay biktima ng panggagahasa na naganap sa Brgy. Lisap na inareglo lamang sa halagang P30 000 ng mga pasista. Bukod pa rito, dumaranas ang mga kababaihang katutubo ng pambabastos sa

sayawan sa sityo Alyanon at pagpapamiting sa kababaihan ng alas-11 ng gabi.

- c. Paulit-ulit na kaso ng pagnanakaw ng produkto at pagkatay ng baboy at kambing ng mga katutubo, ganondin ang pangungutang sa mga tindahan ng hindi binabayaran.
- d. Ilegal na pag-imbetiga at pagbabanta ng mga elemento ng 76IB kina Ombeng Gaid at Loida Ribon na taga Brgy Hagupit at kela Boy Victoriano ng Brgy Tawas, Bongabong. Pinagbabantaan silang ikukulong sa loob ng 6 na taon dahil sa paglabag sa Anti Terrorism Law matapos nilang aminin na nagpakain sila ng NPA noong nakaraang taon.

Mga patunay ito ng kasinungalingan ni Cabangbang na walang apektadong sibilyan sa kanilang operasyong militar. Ito ang tunay na mukha ng “kabutihang” ipinagmamalaki ng utusang asong AFP-PNP-MIMAROPA sa publiko: ang makahayop na kalagayan ng mga katutubo sa ilalim ng mga ipinangangalandakang FMO at RCSPO.

Kinasusuklaman at kinamumuhian ng mamamayang Mindoreño ang mga pulis at sundalong walang ginawa kundi pahirapan sila at pagkaitan ng mapayapang buhay. Lalo lamang kumukulo ang kolektibong galit ng mamamayan sa panibagong krimen ng estado at pagmamalinis. Tigmak ng dugo ang kamay ni BGen Cabangbang at ng buong 203rd Bde-PNP-MIMAROPA sa utang na dugo at pinsalang dinulot sa mamamayang Mindoreño. Lalo lamang nitong pinag-aalab ang



determinasyon ng mamamayan na sumalig sa demokratikong rebolusyong bayan (DRB) upang wakasan ang karahasan at kawalang katarungang itinataguyod ng bulok na reaksyunaryong estado.

Sa panahong ninonormalisa ng palalong pasistang pwera ang kultura ng impunidad at kawalang katarungan, mas lalong dapat magbigkis ang mamamayang Mindoreño at isulong ang DRB hanggang sa tagumpay. Paalingawngawin sa buong isla ang paglaban ng mamamayan sa pasimo at ubos-kayang magmulat, mag-organisa, at magpakilos ng lahat ng mamamayang naniniwala sa pagtataguyod sa karapatang pantao. Bumuo ng malapad na alyansa mula sa lahat ng sektor na nagtataguyod ng karapatan ng mga sibilyan.

Pinakamahalaga, palakasin ang paglaban ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsampa sa BHB at pagsulong ng armadong pakikibaka. Ito lamang ang magtitiyak na magugupo ang armadong pasistang pwera at ang nagnanaknak na pundasyon ng bulok na estado upang mapalitan ng tunay at makatarungang Demokratikong Gubyernong Bayan, ang tunay na gubyerno ng mamamayang api.

Palayain ang mga bilanggong pulitikal! Panagutin ang 203rd Brigade sa kanilang mga krimen laban sa mamamayang Mindoreño! Isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay!###

## **Rally around the Palestinian armed resistance**

Oktubre 8, 2023

### **Chief Information Officer Marco Valbuena Information Bureau, Communist Party of the Philippines**

The Communist Party of the Philippines (CPP) calls on all revolutionary and democratic organizations in the Philippines and around the world to rally around the Palestinian people as they mount armed resistance to drive away the fascist occupying forces of Israel from their land.

Together with the revolutionary fighters of the New People's Army (NPA), the CPP welcome news of the armed offensives launched by the Hamas and the Izz ad-Din al-Qassam Brigades from the besieged city of Gaza. These armed offensives are punctuated by the launching of five thousand missiles against Israeli military target, the use of drones to drop bombs on Israeli tanks, the capture of tanks and other military hardware and other important victories.

These offensives initiated by the Hamas are all an expression of the ardent desire of the Palestinian people to put an end to the 75-year US-supported Israeli war of aggression against Palestine, the occupation of Palestinian territories, including the continuing siege of Gaza, and attacks against communities in the West Bank including East Jerusalem (territories recognized as part of the Palestinian state).

The Palestinian people are determined and roused to fight back, incited by the worsening crimes committed by Israel including the killing of Palestinians and their children in the streets, torture of Palestinian prisoners, the tightening siege of Gaza, raids on people's homes, preventing refugees from returning, attacks on mosques and so on.

The armed conflict has been grossly lopsided in favor of Israel. Wars of aggression mounted by Israel against Gaza over the past 15 years have caused more than 6,400 deaths on the Palestinian side, with Israel suffering just above 300.

The armed offensives have been declared as "Operation Al-Aqsa Flood" to underscore their call to mobilize the entire Palestinian people to liberate their country.

The Hamas is one of the leading political organization which advances the struggle of the Palestinian people. The Izz al-Din al-Qassam Brigades is its military organization. Whoever vilifies the armed resistance of the Palestinian people as "terrorism" are in league with the US imperialists and all its cohorts. To establish its hegemony and control of oil in the Middle East, the US imperialists collude with the Zionists in Israel to obscure and downplay the just aspiration of the Palestinian people for freedom and self-determination.

We have read information how various organizations representing broad sections of the Palestinian people are now taking action in line

with calls for carrying out a comprehensive war and using all available weapons to fight Israeli occupation. The Palestinian people are drawing inspiration from the blood of their martyrs who have fought through many years of resistance.

The Filipino people and revolutionary movement in the Philippines are in solidarity with the armed resistance of the people of Palestine. Like the Filipino people who are fighting for genuine national freedom from the clutches of US imperialist giant, the Palestinian people are up against the Israeli goliath armed by and in collusion with the US.

The CPP join peoples around the world who have expressed and manifested their solidarity with the Palestinian people. The CPP calls on the Filipino people to manifest their support to the Palestine resistance in the streets and in all possible ways.

In supporting the Palestinian people, the broad masses of the Filipino people must also condemn Israel and its US-supported military industry for the sale of drones, bombs and artillery to the Armed Forces of the Philippines (AFP) that are being used in the campaign of aerial bombing and shelling in the Philippines, especially in the rural areas.

Compared to the massive armory of Israel, the weapons of the Palestinian people are mere slingshots. Even now, emboldened by US support, Israel has mounted heavy counterattacks causing brutal destruction on Palestinian soil, hitting at homes and civilian infrastructure. In doing so,

however, Israel is further isolating itself internationally and further rousing the Palestinian masses to fight even more valiantly.

With all out unity and fierce determination to fight, they can drive away the aggressors, end the occupation and finally free their land.

[free-palestine\_web]

## **Suportahan ang armadong paglaban ng mga Palestinian**

Oktubre 8, 2023

### **Chief Information Officer Marco Valbuena Information Bureau, Communist Party of the Philippines**

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa lahat ng rebolusyonaryo at demokratikong mga organisasyon sa Pilipinas at sa buong mundo na suportahan ang mamamayang Palestinian sa kanilang inululunsad na armadong paglaban para palayasin ang pasistang pwersang mananakop ng Israel mula sa kanilang lupain.

Kasama ang rebolusyonaryong mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ikinalulugod ng PKP ang balita ng armadong opensibang inilunsad ng Hamas at ng Izz ad-Din al-Qassam Brigades mula sa kinubkob na syudad ng Gaza. Ang armadong mga opensibang ito ay kinatatampukan ng pagpapalipad ng limanlibong misayl laban sa mga target na militar ng Israel, ang paggamit ng mga drone para maghulog ng bomba sa mga tangke ng Israel, ang pag-agaw sa mga tangke at

iba pang kagamitang militar at iba pang mahahalagang mga tagumpay.

Ang mga opensibang ito ng Hamas ay pawang pagpapamalas ng marubdob na pagnanais ng mamamayang Palestinian na wakasan ang 75 taong gerang agresyon ng Israel na suportado ng US, laban sa mga Palestinian, pananakop sa mga teritoryong Palestinian, kabilang ang nagpapatuloy na pagkubkob sa Gaza, at mga pag-atake sa mga komunidad sa West Bank kabilang na ang East Jerusalem (mga teritoryong kinikilalang bahagi ng estadong Palestinian.)

Determinado at napukaw na lumaban ang mamamayang Palestinian na inudyukan ng tumidinding mga krimen ng Israel kabilang ang pagpatay sa mga Palestinian at kanilang mga bata sa lansangan, pagtoryur sa mga bilanggong Palestinian, ang papahigpit na pagkubkob sa Gaza, reyds sa mga bahay, pagpigil sa mga refugées na bumalik, pag-atake sa mga moske at iba pa.

Ang armadong tunggalian ay lubhang tagibang pabor sa Israel. Ang mga gerang agresyong inilunsad ng Israel laban sa Gaza sa nagdaang 15 taon ay nagresulta sa higit 6,400 patay sa panig ng mga Palestinian, habang higit 300 ang naitala sa Israel.

Idineklara ang armadong mga opensiba na “Operation Al-Aqsa Flood” para patampukin ang kanilang panawagan na pakilusin ang buong mamamayang Palestinian para palayain ang kanilang bansa.

Ang Hamas ay isa sa mga nangungunang pampulitikang organisasyon na nagsusulong ng pakikibaka ng mamamayang Palestinian. Ang Izz al-Din al-Qassam Brigades ang organisaysong militar nito. Ang sinumang nang-aalimura sa armadong paglaban ng mamamayang Palestinian bilang “terorismo” ay nakikihanay sa imperyalismong US at lahat ng mga kasapakat nito. Para itatag ang hegemonya at kontrol nito sa langis sa Middle East, nakikipagsabwatan ang imperyalistang US sa mga Zionista sa Israel para labusawin at maliitin ang makatarungang hangarin ng mamamayang Palestinian para sa kalayaan at pagpapasya-sa-sarili.

Nabasa namin ang impormasyon kung paanong ang iba’t ibang mga organisasyong kumakatawan sa malapad na seksyon ng mamamayang Palestinian ngayon ay kumikilos kaugnay ng panawagan para sa paglulunsad ng komprehensibong gera at ginagamit ang lahat ng maaaring armas para labanan ang pananakop ng Israel. Humahalaw ng inspirasyon ang mamamayang Palestinian sa dugo ng kanilang mga martir na nakipaglaban sa maraming taon ng pakikibaka.

Nakikiisa ang mamamayang Pilipino at rebolusyonarong kilusan sa Piliinas sa armadong paglaban ng mamamayan ng Palestine. Tulad ng mamamayang Pilipino na nakikipaglaban para sa ganap na pambansang kalayaan mula sa halimaw na imperyalistang US, ang mamamayang Palestinian ay tumitindig laban sa higanteng Israel na inaarmasan at nakikipagsabwatan sa US.

Nakikiisa ang PKP sa mga mamamayan sa buong daigdig na nagpahayag na at nagpamalas ng kanilang pakikiisa sa mamamayang Palestinian. Nananawagan ang PKP sa mamamayang Pilipino na ipamalas ang kanilang suporta sa paglaban ng Palestine sa mga lansangan at sa lahat ng posibleng paraan.

Sa pagsuporta sa mamamayang Palestinian, dapat ding kundenahin ng malapad na masang Pilipino ang Israel at industriyang militar na suportado ng US sa pagbebenta ng mga drone, bomba at kanyon sa Armed Forces of the Philippines (AFP) na ginagamit sa kampanyang pambobomba at panganganyon sa Pilipinas, laluna sa kanayunan.

Kumpara sa malalakas na armas ng Israel, mistulang tirador ang mga sandata ng mamamayang Palestinian. Ngayon pa lamang, sa pag-eengganyo ng US, naglunsad ang Israel, ng mabibigat na kontra-atakeng nagdudulot ng brutal na pagkawasak sa lupaing Palestinian, at tumatarget sa mga bahay at sibilyang imprastruktura. Subalit sa ganito, lalong inihihiwalay ng Israel ang kanyang sarili sa internasyunal na komunidad at ibayong pinupukaw ang masang Palestinian na lumaban nang higit na mas matatag.

Sa puspusing pagkakaisa at matikas na determinasyong lumaban, makakaya nilang palayasin ang mga sumalakay, wakasan ang pananakop at tuluyang palayain ang kanilang lupain.



# **Magkaisa at labanan ang tiyak na pasismong kakambal ng muling pagpasok ng mapaminsalang Labo Geothermal Project ng Philippine Geothermal Production Company, Inc. (PGPCI) sa prubinsya ng Camarine Norte!**

Oktubre 9, 2023

## **Carlito Cada, Spokesperson NPA-Camarines Norte**

Dapat kumilos ang masang CamNorteño at labanan ang nakaambang pagtatayo ng power plant sa bundok ng Labo-sa boundary ng Camarines Norte at Camarines Sur. Ang nasabing proyekto ay pangangasiwaan ng kumpanyang PGPCI na 100% pag-aari ng SM Investment Corporation ng pamilyang Lopez. Sasaklawin nito ang 93.34 km<sup>2</sup> ng kalupaan ng nasabing lugar.

Matatandaang huling bahagi ng dekada '80 nang i-operate ito ng PNOC-EDC na batay sa datos ay nagkaroon ito ng 8 exploratory drilling o pagbutas sa lupa. Kung saan ang Ilog Labo, Tuo River at Wala River ay nagmistulang palayang bago lamang daanan ng traktora dahil sa tindi ng putik na umaanod mula sa mga binuldoser na lupaing ginawang kalsada at mula sa malalalim na hinukay na lupa. Ang nabanggit na mga ilog na dati ay mala-kristal ang tubig na dumadaloy at sagana sa iba't ibang uri ng isda ay napalitan ng umaanod na putik. Hindi lamang nagkandawala ang mga isda,

ni hindi na rin ito mapakinabangan ng masa kahit sa paglalaba at paliligo.

Tiyak na apektado ng proyektong Geothermal ang 32 Barangay ng Del Gallego, Barangay Cabadisan sa bayan ng Ragay, Camarines Sur at mayorya ng baryo sa bayan ng Labo. Lalo't higit pa, ang Mt. Labo ang isa sa pinipreserba para sa pagkukunan ng tubig ng buong prubinsya.

Ngayong taon, simula buwan ng Mayo ay tatlong beses nang bumisita ang mga tauhan ng kumpanya sa kabundukan ng Labo para markahan ang mga kahoy na puputulin upang bigyang daan ang gagawing kalsada na may tayang 12 metrong lapad. Magmumula ang kalsada sa Barangay Pamplona sa bayan ng Del Gallego, Camarines Sur na tatagos sa Sitio Malapat, Barangay Baay, Labo. Bahagi ito ng unang paghahanda ng kumpanya upang makapasok ang mga malalaking equipment para sa proyekto.

Laging kakambal din ng mga dambuhalang proyekto ang pasismo at karahasan ng militar. Matatandaang noong Oktubre 12-14, 2022 ay nagkaroon ng panganganyon ang 5th Field Artillery Batallion at 81st IBPA gamit ang Howitzer sa Barangay Tabion, Del Gallego na tumama sa kabundukan ng Sitio Ime, Barangay Bagong Silang ng parehong bayan. Kung saan nagdulot ng takot at matinding galit sa mga residenteng nakatira sa bundok dahil sa pagkasira ng kanilang mga pananim katulad ng niyog. Ipinakat na rin ang mga kampo ng militar sa mga Barangay ng Bagong Silang Del Gallego, sa Barangay Cabadisan sa bayan ng Ragay at sa

Barangay Baay sa bayan ng Labo bilang bahagi ng proteksyon ng kumpanya.

Ang lugar na pinagkakanyon ng mga berdugong militar ay ang lugar na pagdadaanang kalsada ng proyektong PGPCI. Layunin ng mga ganitong aktibidad ng AFP sa mando ng amo nitong si Marcos Jr. na supilin ang anumang tangkang paglaban ng mamamayan upang bigyang daan ang mga dambuhalang proyektong neoliberal katulad ng PGPCI. Takutin at masahol pa ay palayasin ang mamamayan sa kanilang mga lupang pag-aari. Katulad na lamang ng ginagawang paghahasik ng pasismo ng kumpanya sa pagmimina ng Filmenera Resources Corporation sa prubinsya ng Masbate. Kung saan pinagkakanyon din ang kabundukan ng Bagulayag nito lamang Setyembre 23-24, sa layuning palayasin ang mga residente sa lugar upang bigyang lugar ang ekspanyon ng Filmenera.

Nananawan ang Armando Catapia Command NPA-Camarines Norte sa lokal na pamahalaan ng prubinsya at bayan ng Labo na saklaw ng proyekto at sa lahat ng nagmamahal sa kalikasan na tutulan ang pagpasok ng mapangwasak na proyektong Geothermal ng kumpanyang PGPCI. Hindi kaunlaran ang idudulot nito sa lugar at tiyak na hindi rin ito magsisilbi sa interes o pangangailangan ng inyong nasasakupan, dahil itoy pag-aari ng pribadong kumpanya.

Nais rin ilinaw ng ACC-NPA-CN na kailan man ay hindi humadlang ang NPA sa prubinsya sa usapin ng kaunlaran. Subalit ang totoong kaunlaran ay hindi dapat sumasagka sa interes ng mamamayan. Hindi nagdudulot ng dislokasyon at/o pang-aagaw

ng lupa, hindi dapat nito sinasagasaan ang buhay o kalusugan man ng mamamayan. Higit sa lahat dapat libre itong pakikinabangan ng mamamayan.

Nananawagan din ang ACC-NPA-CN sa lahat na mamamayan, lalot higit sa mamamayang apektado ng dambuhalang proyekto na huwag ninyong hayaang wasakin ang inyong pinagkukunan ng kabuhayan at inuming tubig at isugal ang kinabukasan ng darating na henerasyon ng dahil lamang sa pakinabang ng iilan at mapagsamantalang dambuhalang kapitalista.

Dapat ubos-kayang magkaisa ang lahat na mamamayan sa lugar at gawin ang lahat ng pamamaraan upang mapalayas ang dayuhang kumpanya.

## **Serye ng mga paglabag sa karapatang-tao sa Camarines Norte, manipestasyon ng nag-uulol na NTF-Elcac na makapagtala ng mga pekeng surrender sa prubinsya**

Oktubre 9, 2023

### **Carlito Cada, Spokesperson NPA-Camarines Norte**

Mariing kinukundena ng Armando Catapia Command NPA- Camarines Norte ang serye ng sunod-sunod na harassment at pananakot sa mamamayan ng prubinsya. Isa itong malinaw na paglabag sa karapatang-tao at paglabag sa internasyunal na makataong batas. Bukod dito, pagpapakita rin ito na higit kailan man ay hindi

seryosong tupdin ng AFP-PNP-CAFGU ang batas hinggil sa karapatang-tao.

Direktahang tinutukoy ng NPA-CN ang National Task Force To End Local Communist and Armed Conflict (NTF-Elcac) kasabwat ang berdugong AFP-PNP-CAFGU. Sila ang nasa likod ng dumaraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa prubinsya.

Animo'y mga asong ulol na naglalaway ang NTF-Elcac-AFP-PNP-CAFGU sa kulang-kulang kalahating bilyong piso (P363,378,519.35) pondo na inilaan ng pasistang estado sa prubinsya para sa pasismo at panunupil sa mamamayan. Kaya naman desperado itong makapagtala ng mga pekeng pagpapa-surrender sa prubinsya. May kinalaman man o wala sa rebolusyonaryong kilusan basta't napagbalingan ay inaakusahan na mga kasapi o sumusuporta sa NPA, saka pipiliting sumurender at ang masahol pa kapag hindi nila napasunod sa kanilang kagustuhan ay papatayin at gagawa ng pekeng labanan upang palabasing myembro ng NPA na napatay sa isang labanan.

Serye ng sunod-sunod na harassment, intimidasyon at tangkang masaker sa masang CamNorteño:

Agosto 11, 2023. Isang magsasakang residente ng Barangay Canawapan sa bayan ng Labo ang pinuntahan ng mga ahente ng militar at isinailalim sa interogasyon at pananakot.

Setyembre 17, 2023. Isang magsasaka na residente ng Barangay Dahican sa bayan ng Jose

Panganiban ang pinuntahan ng anim na ahente ng militar. Isinailalim ang biktima sa interogasyon at pananakot na nagsimula ng alas-3:00 hanggang alas-6:00 ng hapon.

Setyembre 22, 2023. Isang mangingisdang residente ng Sitio Tabadyak, Barangay San Jose sa bayan ng Jose Panganiban ang pinuntahan ng dalawang ahente ng militar. Dinala sa kampo at iginapos. Tinakot at isinailalim sa matinding interogasyon ang biktima.

Setyembre 24, 2023. Isang residente ng Barangay Silang 2, bayan ng Labo ang pinuntahan ng anim ahente ng militar.

Setyembre 27, 2023. isang grupo ng mga tribu ang tinangkang imasaker ng mga berdugong 9th IBPA sa Sitio Mapatong, Barangay Malaya sa bayan ng Labo. Isang katribu ang hinuli at ikinulong.

Oktubre 05, 2023. Dalawang residente ng Barangay Canapawan sa bayan ng Labo ang dalawang beses pinuntuhan ng mga ahente ng militar. Ang mga biktima ay pinipilit kunin na maging asset ng militar.

Ang mga biktima ay mga residente at sibilyang populasyon ng kanilang mga Barangay na inaakusahan at pilit na pinaaamin na mga kasapi at sumusuporta sa NPA. Kasabay ang pananakot at pagbabanta sa kanilang mga buhay, pinipilit rin ang mga biktima na maging asset ng militar.

Nananawagan ang NPA-CN sa lahat ng opisyal ng Barangay at lahat ng lingkod-bayan na bahagi ng

inyong sinumpaang tungkulin na protektahan ang inyong mamamayan laban sa anumang tipo ng pang-aabuso at paglabag sa karapatang-tao dulot ng karahasang militar ng NTF-ELCAC-AFP-PNP-CAFGU.

Alinsunod sa programang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling o SPLIT ng gubyernong Marcos Jr ay balak ring tadtarin ng kalsada ang lupain ng Triple A. Tatabasin at paghiwa-hiwalayin nito ang kolektibong pagsasaka ng mga magsasaka sa lupaing kanilang napagtagumpayang mabawi mula sa pamilyang Marcos matapos mapatalsik ang diktaduryang Marcos Sr. Wawasakin ng anak ng diktador kasabwat ang mga lokal na naghaharing uri at upisyal sa prubinsya ang pagkakaisa, pagtutulungan at sama-samang paggawa ng masang magsasaka tungong kanya-kanya at indibidwal na pagsasaka.

Naghahasik naman ng takot sa masang Masbatenyo ang pwera ng militar. Napatunayang walang saysay ang takot at pananahimik sa harap ng mas tumitinding terorismo ng kaaway sa masa.

Laganap ang mga pekeng engkwentro na pangunahing bumibiktima sa mga karaniwang mga magsasaka sa prubinsya. Isinasangkalan ng militar ang paparating na eleksyong pambarangay upang maghasik ng kaguluhan at takot sa masa. Binubusog ng mga upisyal ng militar at pulis ang kanilang mga sarili sa mga nakukuhang gantimpala at promosyon at kita mula sa ibenebentang kagamitang militar na ginamit bilang ebidensya sa kanilang mga pakanang labanan. Linalayon din ng mga pasista na isailalim sa election hotspot o Comelec control ang buong prubinsya.

Kaisa ang PKM-Masbate, hindi hahayaan ng masang Masbatenyo na malunod sa takot habang unti-unting inaagaw, winawasak at dinadambong ang kanilang lupa, kabuhayan at mga buhay. Alam nilang wala silang ibang aasahan kundi ang kanilang pagkakaisa at paglaban.

Batid ng masang Masbatenyo na ang pagwasak sa bulok na makinarya ng lipunang malakonyal at malapyudal na pinaghaharian ng mga lokal na naghaharing uri, malalaking kapitalista at rantsero ang magbibigay wakas sa kanilang naghihikahos at aping kalagayan. Makakamit lamang ito kung ang kanilang takot ay magiging tapang na magtutulak sa kanilang magbalikwas at lumaban.

Nananawagan ang PKM-Masbate sa masang Masbatenyo laluna sa hanay ng kabataan na nasa hustong gulang, malusog ang pag-iisip at pangangatawan at handang maglingkod sa kapakanan at interes ng masang inaaapi at pinagsasamantalahan na lumahok sa digma ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagsampa sa Bagong Hukbong Bayan. Suportahan, lumahok at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon at kamtin ang tunay na kalayaan, kapayapaan at kasaganaan ng ating bayan.

## **Nagpapatuloy na kampanyang teror ng AFP-PNP-CAFGU sa nalalapit na halalang pambarangay**

Oktubre 14, 2023

### **Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate**

Sinalakay ng 15 elemento ng 2nd Infantry Battalion-Phil. Army ang barangay tanod at kumakandidatong kagawad sa Barangay Matubinao na si Ariel Urag noong Oktubre 12, alas-7 ng umaga. Sinakal si Urag, isinubsob sa lupa at pinagbantaang papatayin kapag nagbukas pa ng cellphone.

Ang pananakit at pambabanta kay Urag ay tiyak na bahagi sa kampanya ng militar na panggigipit at karahasan sa mga kandidato at incumbent para sa halalang pambarangay.

Hamon para sa mga kumakandidato at nakaupong mga upisyal ng barangay na huwag magpatinag sa

panghahas ng militar at pulis. Sa matapang na pagharap sa mga kaaway, lalong maipapakita ng mga kandidato ang kanilang sinseridad na magserbisyo sa mamamayan.

Kaugnay nito, bukas at handang makipag-ugnayan ang Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan Masbate sa sinumang kandidato ang idulog ang kanilang mga reklamo sa militar at malalaking pulitiko.

Walang awa ding dinakip ng militar ang 70-anyos na si Dolores Rapsing sa Barangay Bulo, Masbate City. Siya ang nakakatandang kapatid ng namartir na bayani ng Masbate na si Jose “Ka Erron” Rapsing na pinatay ng militar noon pang dekada nobenta.

Iligal ding inaresto sina Melanie Tupas Amor at Nilo Mabuti Almoradie sa Barangay Piña, San Jacinto sa gawa-gawang kasong murder. Kasalukuyan silang nakadetine sa San Jacinto Municipal Jail.

Kasalukuyan nang tinitipon ng Jose Rapsing Command-Bagong Hukbong Bayan ang mga datos hinggil sa pagkakakilanlan ng mga dumakip at utak sa pasistang pakana.

Saanmang sulok ng prubinsya, kinasusuklaman ng mga Masbatenyong ang AFP-PNP-CAFGU. Lalong lumalakas ang panawagan nila sa kanilang New People’s Army: tambangan ang teroristang kaaway! Pasabugan ng CDX!

Kailangang lumaban ng mga Masbatenyong kasama ang kanilang New People’s Army. Pamumunuan

silang Partido Komunista ng Pilipinas. Sa digmang bayan, makakamtan nila ang tunay na hustisya.

## **Pag-engganyo sa mga dumuluong ang mga deklarasyon sang 3rd ID**

Oktubre 14, 2023

### **Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros**

Sa gihapon, puro tinikal ang ginhambal sang 3rd ID Commander nga si MGen. Marion Sison kag sang civil military operations (CMO) chief nga si Lt. Col. J-jay Javines sa ila mga palayag nga naguba na ang duha ka larangan gerilya sa sentral nga bahin sang Negros. Athag nga pagganyat ini sa mga dumuluong nga kapitalista kag dalagku nga kumprador nga bukas na ang Negros sa mga proyekto kag mga imbestor para huthoton ang manggad kag agawon ang magagmay nga duta sang mga mangunguma kag duta nga kabilin sang mga tumandok. Dugang man nga himuslan ang barato nga kusog-pangabudlay sang mga Negrosanon.

Dugang pa sini amo ang pagpangayo sang dugang nga pondo sang Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) kag NTF-Elcac para sa korapsyon sa likod sa kuno pagsusteni sa ila maayo nga momentum sa ila brutal nga kontra-insurhensya.

Wala sang kinatuhay ang ini nga mga deklarasyon sa sadto nga “Marching for Peace” kag



“Insurgency-free and Ready for Development” sadtong tuig 2015. Kaangay man sa ila “Unity Walk” nga nagahamulag lamang sa pumuluyo sa matuod nga kahimtang sang pungsod Pilipinas ilabi na diri sa Negros.

Idalom sa rehimen US-Marcos II, nagatinumpok ang mga proyekto nga magasabat sang paghugakom sang mga nagaharing sahi. Partikular sa Negros, madamo sang kompanya sang mina ang nag-aplay sang mga aplikasyon sa ila pag-opereyt, madamo man sang energy-generating project nga maga-apekto sang pangabuhian sang mga mangunguma ilabi na sa sur kag norte nga bahin sang Negros kag wala pa labot ang dinekada ukon siklo na sang pagpanghimulos sa mga asyenda.

Wala man pulos sa pumuluyo ang gintikal ni VisCom commander Lt. Gen. Benedict Arevalo nga masobra 500 ka community development projects idalom sang Barangay Development Program (BDP) sang AFP/PNP/NTF-Elcac nga halos mga farm-to-market road ang ginpokusan. Isa lamang ini ka pagpangtapal sang pilas kaangay sang band-aid bangud nagpabilin nga wala sang matuod nga reporma sa duta kag pungsodnon nga industriyalisasyon. Magluwas nga wala sang bastante nga produkto nga mapatuhaw kag mabaligya ang mangunguma, wala ini nakapaayo sa kahimtangan sang mangunguma kag mas nagahatag benepisyo sa mga dumuluong kag mga dalagku nga kumprador. Nagapanguna nga katuyuan sini amo lamang ang pagpahuyang sa mga lugar nga ginakabig nga mabaskog ang

rebolusyonaryong pwera. Sa lip-ot nga paghambal, pagpatalang kag wala sang substansyal nga kaayohan nga mahatag sa pumuluyo.

Ang matuod nga sosyo-ekonomikong krisis idalom sa malakolonyal kag malapyudal nga sistema sa pungsod Pilipinas nga gintuga sang pyudalismo, burukrakta-kapitalismo kag imperyalismo ang nangin basehan sa matambok nga duta para sa pagsulong sa rebolusyon. Tubtob san-o man, kon indi masulbar ang ugat nga problema sang pungsod kag sa malapad nga pumuluyo, permi yara ang basehan sa pagsulong sang dalagku nga balod sang paghimakas sang pumuluyo.

Magatubo kag magabaskog ang NPA kon diin nagaluntad ang mapiguson kag mahimuslanon nga dagway sang sosyedad. Napamatud-an na ini sang masobra lima ka dekada nga pagsulong sang demokratiko nga rebolusyon sang banwa.

Nagsugod lamang ang armadong rebolusyon sa pila ka napulo nga hangaway nga armado sang maisip lamang sa kamot nga mga armas nga naga-opereyt sa pila ka bahin sang Luzon, ayhan pa nga nagalapta na ini sa bilog kapupud-an kag may malapad nga suporta sang masa nga pila na kapilo kaysa sa pagpanugod sini.###

## **Traydor sa rebolusyon, pinarusahan ng kamatayan**

Oktubre 14, 2023

**Samuel Guerrero, Spokesperson  
NPA-Sorsogon**

Napatay si Rey Esposado alyas Rigor sa operasyong partisano na isinagawa ng NPA ngayong araw, Oktubre 14, 3:30 ng hapon, sa sabungan ng Barangay Ginlajon, Sorsogon City. Pagpapatupad ito ng parusang kamatayan na inihatol sa kanya ng Probinsyal na Hukumang Bayan sa kasong pagtataksil sa rebolusyon.

Si Esposado ay kabilang sa grupo ng mga gerilyang NPA na sumuko sa reaksyunaryong estado noong Abril 2018. Nauna nang pinarusahan ng rebolusyonaryong kilusan ang kasamahan niyang sina Antonio Bazon, Jr alyas Hazel (noong Pebrero 2020) at Michael Donaire alyas Abe (noong Oktubre 2019) na nagpasimuno ng sabay-sabay nilang pagsurender.

Matapos sumuko at magsalong ng mga baril na pag-aari ng NPA, si Esposado ay nagsilbing pangunahing hitman ng death squad na pinakikilos ng AFP at PNP laban sa mga aktibista at mga pinagbibintangang rebolusyonaryo sa probinsya.

Napatunayan ng Hukumang Bayan ang tuwirang pananagutan niya sa pagpaslang kina Nicasio Ebio at Hermienigildo "Mindo" Domdom, mga aktibistang magsasaka, sa Bacon District, Sorsogon City at sa Prieto Diaz noong 2019.

Sangkot din si Esposado sa pananakot at panggigipit sa mga magsasakang nakikipaglaban para sa tunay na reporma sa lupa sa Hacienda Berenguer at Hacienda Peralta sa naturang syudad.

Ang pagpapataw ng parusang kamatayan kay Esposado ay isa pang tagumpay sa patuloy na pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan na kamtin ang hustisya para sa mga biktima ng mga traydor sa interes ng masang Sorsoganon.

## **Tutulan ang pagwasak ng rehimeng Marcos Jr at Gobernador Antonio Kho sa kolektibong pagsasaka ng mga magsasaka sa lupain ng Triple A**

Oktubre 14, 2023

**Luz del Mar, Spokesperson  
NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Nakatakdang tutuhugin ng kalsada ang lupain ng Triple A sa bayan ng Cawayan. Sa ilalim ng programang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT), balak ng rehimeng Marcos Jr. kasabwat ang gobernador sa Masbate na si Antonio Kho sa pagwasak sa kolektibong pagsasaka at kabuhayan ng masang magsasaka sa naturang lupain.

Ang mga tatayuan ng kalsada ay mula Brgy. Tuburan patungong Cabungahan, Cawayan at mula Brgy. Del Carmen, Uson dadaan sa Brgy. Campana, Uson diretso sa Brgy. San Jose, Cawayan.

Batid ng mga magsasaka kung bakit pinag-iinitan ng gubyernong Marcos Jr. ang lupang kanilang sinasaka. Dating kinamkam ng pamilyang Marcos ang malawak na lupain ng Triple A. Muli itong napasakamay ng mga magsasaka matapos

mapatalsik ang ama nitong diktador na si Ferdinand Marcos Sr.

Dati rin itong tinarget sa bigong agribisnes na Masbate Agro-Industrial Growth Corridor o MAGIC na pakana ni Masbate Governor Antonio T. Kho.

Una nang namahagi ng huwad na Certificate of Land Ownership Award o CLOA noong unang kwarto ngayong taon sa mga magsasaka ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa Masbate upang buwagin ang kolekibong pagsasaka ng mga magsasaka sa lupain ng Triple A.

Alinsunod sa pakanang Barangay Development Program (BDP) ay ilinulusot at isinisiksik ng gubyrno ang kontra-magsasakang programang SPLIT na isang pakana upang madaling maagaw sa magsasaka ang kanyang lupang binubungkal sa pamamagitan ng pagbuwag sa mga kolektibong CLOA at palitan ito ng mga indibidwal na titulo.

Hindi totoong layunin nitong mapadali ang pagdeliber ng mga magsasaka sa kanilang produkto sa lungsod o merkado sa pamamagitan ng farm-to-market road. Walang anumang ayuda o tulong na natanggap ang mga magsasaka upang mapaunlad ang kanilang ani o produksyon. Kulang na kulang pa sa pangangailangan ng kanilang pamilya ang kanilang kakarampot na ani.

Sa halip, balak nitong wasakin ang pagkakaisa, pagtutulungan at kolektibong pagsasaka ng mga magsasaka sa lupain ng Triple A. Magbibigay daan din ang naturang proyekto sa mas pinatindi at mas

mabilis na paraan ng pag-atake ng militar sa masang magsasaka.

Hinahamon ng mga Masbatenyo ang rehimeng Marcos Jr. na tugunan ang matagal nang panawagan at kahingian ng masang magsasaka na tunay na reporma sa lupa. Dapat niyang ipatigil ang pagpapalit gamit sa mga lupaing agrikultural tungong negosyo at bigyan ng sapat na ayuda ang mga magsasaka para sa mas mahusay na ani at produksyon.

Sa ganito, matitiyak ang seguridad ng pagkain at kabuhayan hindi lang ng mga magsasaka kundi matutugunan rin ang kakapusan ng bigas at lokal na produkto ang ating bayan.

Tanging sa mahigpit na pagkakaisa, pagtutulungan, sama-samang pagkilos at pagsusulong ng armadong paglaban makakamit ng masang magsasaka ang tunay na kasaganaan at kaunlaran.

## **Communique of the NDFP Theoretical Conference on Imperialism and War**

Oktubre 15, 2023

### **National Democratic Front of the Philippines**

Various proletarian-socialist, anti-imperialist, and democratic parties representing peoples from across the world gathered from 14 to 15 October 2023 in Amsterdam, the Netherlands for the Theoretical Conference on Imperialism and War convened upon the invitation of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

The two-day conference provided a venue for proletarian-socialist discussions on burning theoretical issues with urgent political and practical significance. This aimed to help form the basis of common understanding in the forthcoming period of great turbulence in the global capitalist system.

Over the two-day period, a total of 139 participants discussed various issues on imperialist wars based on fifteen (15) papers presented by representatives of communist parties, national liberation movements and political formations. The conference discussed the worsening crisis of the world capitalist system, wars as an outgrowth of monopoly capitalism and the role of the proletariat to defeat imperialism and all reaction.

Participants from 16 countries engaged in a solidarity gathering which served as a space for bilateral conversations, cultural presentations, and socialization. A synthesis of discussions throughout the two days was also prepared and presented to participants at the end of the discussions.

## **Condemn Israel, US for genocidal war against Palestinian people**

Oktubre 15, 2023

**Marco Valbuena, Chief Information Officer  
Communist Party of the Philippines**

The Communist Party of the Philippines (CPP) condemns in the strongest terms the genocidal war against the Palestinian people being waged by Israel goaded by the US imperialists.

Israel's relentless missile attacks and aerial bombardment of Gaza have targeted homes, hospitals, media offices and commercial establishments, killing more than 2,300 Palestinians, more than 720 of whom are children. More than 20,000 homes have been destroyed by Israeli bombs, even as it has cut off electricity and water to the city. More than 300,000 people have been forced to flee their homes, as Israel seeks to reoccupy the Palestinian land. The brutality of Israel's attacks are matched only by the racist and xenophobic rhetoric employed by its officials against the Palestinians.

Israel's attacks are grossly disproportionate to the armed offensives staged last October 7 by the armed wing of the Hamas, and are a brazen violation of international humanitarian law and civilized laws of war.

The CPP joins the international community in condemning the US imperialists for extending military support to Israel and abetting its genocidal war and crimes against the Palestinian people. The deployment of two US aircraft carriers in international waters off the occupied territories of Palestine raises to risk of prolonging the war and causing it to spill over other countries.



The CPP condemns the Marcos regime for declaring the Hamas last week as a “terrorist organization” in a bid to further ingratiate itself to the US imperialists. The Filipino people and their democratic forces stand by the Palestinian people in their struggle for national self-determination and in their right to bear arms and waged armed resistance to liberate their land from brutal Israeli occupation.

## **Ilehitimong rehimen at reaksyunaryong korte, tagapagtanggol ng mga berdugo**

Oktubre 15, 2023

### **Armando Cienfuego, Spokesperson NPA-Southern Tagalog Regional Operational Command**

Nakagagalit ang desisyon ng Malolos Regional Trial Court nitong Oktubre 6 na ipawalang-sala ang berdugong heneral na si Jovito Palparan sa kasong isinampa sa kanya ng magkapatid at magsasakang sina Raymond at Reynaldo Manalo. Noong 2006, dinukot, tinortyur at iligal na ikinulong ni Palparan at kanyang pasistang tropa ang magkapatid na Manalo alinsunod sa mabalasik na kontra-rebolusyonaryong kampanya ng noo’y rehimeng US-Arroyo. Dapat singilin ang reaksyunaryong korte at ang ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte na nasa likod ng buktot na desisyong ito.

Walang kahihiyan ang reaksyunaryong korte ng Malolos sa pagpapawalang-saysay sa matibay na

ebidensyang iprinesinta ng magkapatid na Manalo laban kay Palparan. Kinontra rin nito ang mga nauna nang husga ng ibang korte sa mga kasong nakasampa laban sa berdugo tulad ng kaso ng pagdukot kina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan, kung saan ginamit bilang matibay na ebidensya ng ang testimonya ng mga Manalo.

Ang ganitong kalubhang pagtatakip at pagsasalba sa isang kilalang berdugo ay naisakatuparan mula sa todong suporta at pagkakanlong ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte sa AFP at mga heneral nito. Ginamit nito ang korte upang iligtas si Palparan, isang matapat na utusan sa panunupil at pagpatay sa mga “kalaban” ng estado, mula sa pagbabayad sa isa niyang kasalanan. Nasa interes ng reaksyunaryong estado na gawin ito dahil ito mismo ang nag-uutos at siyang nakikinabang sa brutal na panunupil ng AFP-PNP sa mamamayan. Isa rin itong paraan upang makuha ang katapatan ng mga pasistang heneral sa ilehitimong rehimen.

Hindi lamang ang magkapatid na Manalo ang pinagkaitan ng hustisya sa pagkakataong ito, kundi ang buong bayan na humihiyaw na parusahan na ang halang-ang-kaluluwang berdugong si Palparan. Sa rehiyong TK, libu-libong mamamayang biktima ang naghahangad din ng katarungan. Sariwa pa ang sugat sa puso ng mamamayan ng Laguna at Mindoro na nagdusa sa Task Force Banahaw at Oplan Habol Tamaraw na pinamunuan ng berdugo. Kahindik-hindik ang kwento ng pagpapahirap at pamamaslang sa mga manggagawa, magsasaka’t katutubo sa ilalim ni Palparan. Kabilang sa mga biktima ang human

rights workers na sina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy na inambus at sinalbeyds ng mga militar sa Oriental Mindoro noong 2003. Ang mga krimeng ito ni Palparan sa TK ang ginawa niyang tropeyo at medalya na naging dahilan para itaas ng noo'y rehimeng US-Macapagal-Arroyo ang ranggo niya sa AFP.

Higit na nagiging malinaw sa taumbayan kung paano pinalalala ng reaksyunaryong sistema ng hustisya ang impyunidad sa bansa. Pinapaboran ng korte ang mga mamamatay-taong tulad ni Palparan habang ang mamamayang naghahabol ng hustisya para sa kanilang mga kaanak na pinatay ng mga pulis at militar ay inaakusahang sinungaling at sa sukdula'y tatatakan pang terorista. Nagdudumilat itong patunay na bulok at hungkag ang hustisya sa ilalim ng kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Magpapatuloy at sisidhi pa ang inhustisya sa lipunang Pilipino hangga't nasa poder ang mga mapang-api't mapagsamantala na kinakatawan ngayon ng napakasamang tambalang Marcos-Duterte. Dapat magpunyagi ang mamamayan sa marubdob na pakikibaka para sa kanilang karapatan at hustisya, higit lalo sa armadong paglaban upang parusahan ang palalong AFP-PNP-CAFGU na protektor ng bulok na estado.

Sa mata ng mamamayan, dapat na sama-samang mabulok sa basurahan ng kasaysayan ang magkakabudhing sina Palparan, Marcos at Duterte. Ang inilulunsad ng mamamayan na demokratikong rebolusyong bayan ang magtitiyak sa katuparan ng tunay na hustisya para sa lahat

ng biktima ng estado at ganap na kalayaan ng bayan mula sa pagsasamantala ng iilan.###

## **Kundehain ang Israel at US sa gerang henosidyo laban sa mamamayang Palestinian**

Oktubre 15, 2023

### **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

Sukdulang kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang henosidyo ng Israel na sinusulsulan ng imperyalistang US laban sa mamamayang Palestinian.

Ang walang-habas na pag-misayl at pambobomba mula sa himpapawid ng Israel sa Gaza ay tumarget sa mga bahay, ospital, upisina ng midya at gusaling pangkomersyo, at kumitil sa buhay ng higit 2,300 Palestinian, kung saan higit 720 ay mga bata. Higit 20,000 bahay ang winasak ng mga bomba ng Israel, kasabay ng kanilang pagputol sa suplay ng kuryente at tubig sa syudad. Higit 300,000 katao ang napwersang lumikas sa kanilang tahanan dahil sa plano ng Israel na muling sakupin ang lupa ng mga Palestinian. Ang brutalidad ng mga atake ng Israel ay tinutumbasan lamang ng rasista at xenophobic na retorika ng mga upisyal nito laban sa mga Palestinian.

Ang mga atake ng Israel ay lubhang tagibang sa armadong opensibang inilunsad noong Oktubre 7 ng armadong pwersa ng Hamas, at tahasang

paglapastangan sa internasyunal na makataong batas at sibilisadong mga batas ng digma.

Nakikiisa ang PKP sa internasyunal na komunidad sa pagkumanda sa imperyalistang US sa pagkaloob ng suportang militar sa Israel at pagsuporta nito sa henosidyo at mga krimen laban sa mamamayang Palestinian. Ang pagpapakat ng dalawang aircraft carrier ng US sa internasyunal na karagatan sa labas ng sinakop na mga teritoryo ng Palestine ay nagtataas ng panganib ng magtagal ang gera at posibleng pagkalat nito sa iba pang mga bansa.

Kinukundena ng PKP ang rehimeng Marcos sa pagdedeklara sa Hamas noong nakaraang linggo bilang “terroristang organisasyon” sa paglalayong ibayong makipagmabutihan sa imperyalistang US. Ang mamamayang Pilipino at kanilang demokratikong mga pwersa ay tumitindig kasama ang mamamayang Palestinian sa kanilang pakikibaka para sa pambansang pagpapasya-sasarili at sa kanilang karapatang mag-arms at maglunsad ng armadong paglaban para palayain ang kanilang lupain mula sa brutal na pananakop ng Israel.

## **3ID ramping up lie after lie to justify own war crimes-NPA**

Oktubre 16, 2023

**Maoche Legislador, Spokesperson  
NPA-Negros Island Regional Operational  
Command**

The Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operational Command (AGC-NPA) lambasted on Monday 3rd Infantry Division commander MGen. Marion Sison for his feeble attempts last week to cover up the Philippine Army's bloody trail on Negros Island.

AGC-NPA spokesperson Ka Maoche Legislador in a statement pointed out that Sison's claims were made "in obvious despair, after their sustained operations have only resulted to slaughter and irreversible war crimes."

According to the Communist Party of the Philippines (CPP)-Negros in its newspaper's special report this weekend, the Armed Forces of the Philippines (AFP) and Philippine National Police (PNP) have committed 485 cases of human rights violations on Negros Island, involving 36,266 victims under the Marcos II regime. Fifty-three of the total cases directly involved more than 200 minors.

"It would be an understatement that their continuing focused military operations are a waste of tax payer's money, especially because they are constantly targeting innocent civilians and children who have had it with their brutality and deception," Legislador commented.

"The AFP fails to downplay their crimes and misericordiam when it is their continued violation of human rights that has seriously impacted the people's sense of security in the countryside," he said.

The masses know the whole truth that it is the AFP who are the genuine terrorists committing heinous acts against civilians and the defenseless, the rebel spokesperson added.

Guerrilla fronts intact

Legislador also called the 3rd ID's declaration of two additional 'dismantled' guerrilla fronts on Negros Island as "nothing but hogwash."

He said that Sison and his gang of butchers and liars are trying in vain to save their tarnished egos and reputation after their counterrevolutionary war unsuccessfully doused the revolutionary spirit of the fighting masses in Negros.

According to Legislador, up to now the five guerrilla fronts remain intact and continue to advance the people's protracted war in the countryside.

He asserted that the AFP's basis for 'dismantled guerrilla fronts' is based on a "broken rubric of forced surrenderees, fake encounters, murders and massacres, and several other disgusting lies" that cannot be extricated by mere statements.

"The people of Negros know the truth and the NPA will continue to flourish so long as war crimes are perpetrated by state forces in the name of their elite masters," he said.

"Red fighters, unlike the military and police, strictly adhere to revolutionary justice and international humanitarian law," Legislador explained. "Revolutionary violence is more

necessary now when the ruling system is defended by the likes of Sison who kill the people through hunger or bullets,” he added.

BDP’s real intention

Legislador also criticized the so-called Barangay Development Program (BDP) that is “actually intended to usher in local and foreign businesses destructive to the environment and livelihoods of the poor, such as mining, quarrying, dam projects, and reclamation.”

He added that the BDP lures the people in by pretending to bring social services to the countryside, but in reality these are just to cushion the coercion and intimidation of the people to allow the entry of destructive businesses in their communities.###

**Mamamayang Palaweño,  
padagundugin ang nagkakaisang  
panawagan at paglaban sa  
mapangwasak na pagmimina!**

Oktubre 16, 2023

**Leona Paragua, Spokesperson  
NDF-Palawan**

Daig pa ang pulubing nang-aamot ng limos, walang kahihiyang isinasangkalan ng rehimeng US-Marcos II at mga galamay nito ang dumadausdos na ekonomya upang magganyak sa mga dayuhang korporasyon sa mina na mamuhunan sa bansa.



Para tugunan ang makaisang-panig na neoliberal na polisiyang ipinapataw sa mga atrasadong bayan tulad ng Pilipinas, nagpahayag ang Foreign Affairs Secretary ng reaksyunaryong gubyrerno na si Enrique Manalo na lalong pagtitibayin kapwa ng US ang kooperasyong pang-ekonomya partikular sa pag-angkat at produksyon sa critical minerals, tulad ng chromium at nickel. Nakabatay rin ito sa diumanong “substantibong adyenda” na nais kamtin sa ginanap na Sustainable Development Goals (SDG) Summit sa himpilan ng mapagkompromisong institusyong burges na United Nation. Dagdag ring sinabi ni Manalo, na siyang kinatawan ng bansa sa nasabing pulong, na tinatarget ng rehimen na paramihin pa ang bilang ng mga dayuhang dambuhalang kumpanya sa mina, laluna ang pang-eenganyo sa mga mamumuhunan ng battery components manufacturing.

Hindi simpleng usapin sa mga Palaweño ang matagalang epekto ng mga dambuhala at dayuhang pagmimina sa isla, kundi ang nararapat na pagkundera at pagtutol rito at maging isang-buhay-at-kamatayang pakikibaka. Saksi ang mga bayan laluna sa timog ng lalawigan – Bataraza, Brooke’s Point, Quezon at Narra — kung paaano naging kakambal ng mga nagpapatuloy na operasyon, at ang mahigit pang 49 na nakabinbing aplikasyon sa mina magmula pa noong 2021, ang kabi-kabilang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka at pambansang minorya, dislokasyon sa paninirahan at kabuhayan at pagwasak ng kalikasan maging sa kalusugan ng masa. Naging tampok na rin magmula ng maagang bahagi ng

taong ito ang naging mariing pagtutol at pagkilos partikular ng mga magsasaka at katutubong Palaw'an sa Brooke's Point laban sa mapaminsalang operasyon ng Ipilan Nickel Corporation (INC).

Nagbunga ng mga panimulang tagumpay ang mga serye ng pagkilos, barikada at pagpepetisyon, mula pa nitong Pebrero, ng mamamayan ng Brooke's Point. Napatigil ang operasyon ng dalawang pribadong kumpanya ng mina na INC at Celestial Nickel Mining Exploration Corporation (Celestial Mining) sa Mt. Mantalingahan matapos na maglabas ng writ of kalikasan at cease and desist order pabor sa kahilingan ng mamamayan. Kahit ang pagbabasura ng Ombudsman sa ilang desisyon na nagsususpende ng makakalikasang lokal na opisyaes ng Palawan na nagpapahinto sa mining operations ay isang mariing sampal sa hangarin ng mga naghaharing pangkating Marcos-Duterte.

Dagdag rin sa mga ito ang tahasang pagdedeklara ng pagkabahala at pagtutol ng iba pang sektor at mga grupo sa mapanirang pagmimina sa probinsya. Nito rin lamang Oktubre 4, sa kanilang opisyal na pahayag, sinang-ayunan at binigyang-matuwid ng Conference of Major Superiors in the Philippines (CMSP), isang organisasyong kumakatawan sa mga lider ng taong-simbahan, na ang pagpapahinto ng pagmimina sa buong bansa ang siyang magtutuldok sa masasamang epekto nito hindi lamang sa kapaligiran at kabuhayan, kundi maging sa natatanging kultura at pamumuhay ng mga katutubo kabilang ang nasa

Palawan bilang huling prontera ng ating arkipelago.

Tumpak ang paglaban sa anumang mapaminsalang iskema at patakaran hinggil sa paglilintang ng likas na yaman at ekonomya ng bansa. Nagsisilbi lamang ito sa pagtitiyak at pagpapabundat lamang ng mga bulsa ng mga malalaking dayuhang korporasyon-sa-mina kasapakat ang lokal na burgesya-kumprador at ng reaksyunaryong opisyal. Patunay lamang ang nakauuyam na pagkatuwa kapwa ng Philippine Chamber of Mines at mga kaalyado nitong kroni ni Marcos sa Kongreso na isabatas ang pagpapababa sa makukuhang royalty ng gubyrerno mula 5% tungong 4%. sa mining output galing sa mga itinakdang mining reservation sa bansa.

Nagkamit man ng positibong pag-usad ang mga panimulang hakbangin at pagkilos ng mga Palaweño, talos natin na tuso at mapalinlang ang mga dayuhang namumuhunan at mga lokal na malalaking burgesyang-kumprador kasabwat ang mga ahente nilang burukrata-kapitalista.

Hindi mapagtatakpan ng anumang buladas at hinabing ilusyon ng pag-unlad na ipinamamarali ng estadong malakolonyal at malapyudal ang realidad na naglilingkod at pinananatili nito ang maka-imperyalistang patakaran sa ekonomya. Pangita ang pangangayupapa at pandarambong nito sa ngalan ng monopolyo-kapitalistang supertubo at lubusang kontrol sa masang anakpawis. Hindi matutumbasan ng matatabong ganansya sa iresponsableng pagmimina ang di mapapanag-uling pagkawasak ng kalikasan, at

malulubhang epekto sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Dinadala lamang tayo ng mga ito sa kumunoy ng karalitaan at lubusang pagsandig sa dayuhang pamumuhunan. Sa kaduluhan, hindi mangingiming gumamit ng makauring dahas ang naghaharing-uri gamit ang estado para pahinain ang loob at durugin ang kapasyahang lumaban ng masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Upang konsistenteng mapanghawakan ang mga naunang nakamit na tagumpay, nararapat lamang na hamunin at ubos-kayang ipanawagan ng mga Palaweño sa mga namumuno sa antas-lokalidad hanggang sa pambansang mga institusyon na tugunan at pumanig sila sa mga karaingan, panawagan at paglaban para ipagtanggol ang mga kabundukan at kagubatan ng Palawan. Tuluy-tuloy na tumindig at palakasin ng lumalawak na hanay ng magsasaka, katutubo at iba pang inaapi ang kakayahang harapin ang pang-aatake ng mga nang-aapi at nagsasamantalang uri sa kanila sa pamamagitan ng pag-aangat ng saklaw ng pakikibaka mula pambansa hanggang pandaigdigan.

Kailangang isanib ang tumitinding pagkamuhi at pagtutol nila sa iba pang pinagsasamantalang mamamayan sa buong bansa at maging sa mundo at sa lumalakas na boses para sa rebolusyonaryong pagbabago. Tanging sa pagtitiyak ng tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba, sa tanglaw at di magagaping pamumuno rito ng Partido Komunista ng Pilipinas, at ang pagpapatupad ng progresibo at

makabayang patakaran sa ekonomya — na siyang esensya at kumakatawan sa 12-Puntong Programa ng NDFP — ang lubusang hahawan sa landas tungong kasaganaan at kaunlarang malaya sa dayuhang dominasyon at pagsasamantala. Ang kolektibong pagpapasya at armadong paglaban ang maghahatid sa atin sa tunay na malaya at demokratikong lipunan.#

## **Pekeng labanan, pekeng pasuko, pekeng nahukay na armas at ang 59th IBPA bilang pekeng protektor ng mamamayan!**

Oktubre 16, 2023

### **Gregorio Caraig, Spokesperson NPA-Batangas**

Walang katotohanan at gawa-gawang kwento lamang ang ipinaskil sa Facebook page ng mga bulaang sundalo ng 59th Infantry Battalion Philippine Army (IBPA) sa pangunguna ng kanilang sugapa sa perang Battalion Commander na si Ltc. Ernesto R. Teneza na may labanan sa pagitan nila at ng NPA sa Barangay Guinhawa, Taysan noong Oktubre 12, bandang 11:20 ng umaga. Ang higit na katawa-tawa, nagawa pa ng 59th IBPA na kaladkarin ang Scene of the Crime Operatives (SOCO) noong Oktubre 13 para mag-recycle na naman ng backpack, baril, mga magasin at mga sangkap ng pampasabog sa umano'y lugar ng pinangyarihan. Gayunpaman, gaano man ka-scripted ang kanilang palabas, siguradong isinusuka lamang ng mamamayan ng

Batangas ang panibagong drama-seryeng ito ng mga walang dangal na 59th IBPA at ni Teneza.

Kaya naman, sa gitna ng panibagong kasinungalingang ipinapakalat ng 59th IBPA at panibagong bugso ng marahas na operasyong militar na isinasagawa ngayon ng 59th IBPA, nananawagan ang Eduardo Dagli Command - NPA Batangas sa mga residenteng muling nabiktima o naapektuhan ng walang habas na pamamaril (indiscriminate firing) na isinagawa ng mga kasundaluhan ng 59th IBPA noong Oktubre 13 sa Barangay Guinhawa, Taysan at sa mga nabiktima o naapektuhan ngayon ng mga nagaganap na operasyong militar sa mga komunidad ng Rosario, Taysan, Lobo, Calaca, Balayan, Nasugbu at Tuy na huwag magpadaig sa takot, bagkus ay walang takot na ihabla o ipaabot sa kinauukulan ang inyong mga hinaing at reklamo laban sa pananampalasan ng mga kasundaluhang ito sa inyong buhay, kabuhayan at karapatang pantao.

Hindi nakakalimutan ng mamamayan ng Batangas na ang kaparehong yunit ng militar ang walang awang pumatay sa 9-taong gulang na batang si Kylene Casao sa Barangay Guinhawa, Taysan noong Hulyo 18, 2022 at sa 59 taong gulang na magsasakang si Maximino Digno sa Barangay Cahil, Calaca noong Hulyo 26, 2022. Kapwa ito iniluwal ng gawa-gawang labanan na ipinakana ng 59th IBPA upang pagtakpan ang kanilang karumal-dumal na krimen.

Hindi nakakapagtakang muli na namang walang habas na namaril sa mga sibilyan at bahayan ang mga kasundaluhan ng 59th IBPA lalo pa at sa

dami at laki ng mga operasyong militar na kanilang inilulunsad sa lalawigan ng Batangas at Quezon mula pa ng pumasok ang taong 2023, hanggang sa kasalukuyan ay bigo pa rin silang mapinsala ang mga yunit ng NPA sa lalawigan dahil patuloy itong tinatangkilik at niyayakap ng masang Batangenyos.

Hindi na birong pondo ng bayan ang inaaksaya ng mga tropa ng 59th IBPA sa kanilang walang kakuwenta-kuwentang mga operasyong militar na inilulunsad. Inaani nila ang pagkasuklam mula sa mamamayan dahil sa mga perwisyong inihahatid nila sa kabuhayan at pang-araw araw na pamumuhay ng masa sa mga komunidad na paulit-ulit na nilang iniikutan at nilulunsaran ng mga operasyon.

Mula buwan ng Mayo hanggang Setyembre, hindi tinigilan ng operasyong militar ng 59th IBPA ang mga barangay ng Biga, Balibago, Malabrigo, Soloc, Nagtoctoc at Jaybanga bilang paghahanda sa nalalapit nang operasyon muli ng dayuhang malakihang pagmimina ng MRL-Bluebird Ventures Inc. sa bayan ng Lobo. Pagpasok ng unang linggo ng Oktubre, ipinagpatuloy nito ang panghahalihaw sa mga kabundukan at komunidad ng Lobo at Taysan upang palawakin ang clearing operations nito para sa mapangwasak na proyektong pagmimina at mga mapaminsalang quarry operations sa lugar.

Ang paulit-ulit na paghahalihaw sa mga kabundukan at pagpapakana ng mga pekeng labanan katulad ng bagong palabas ng 59th IBPA ay walang ibang layunin kung hindi patuloy na maghasik ng teror

at takot sa hanay ng mga sibilyan at magsasakang pangunahing nakaasa ang kabuhayan sa lupa at kabundukan. Sila din ang mga pangunahing maaapektuhan ng mapangwasak na proyektong pagmimina sa oras na magsimula na ito kung kaya't ngayon pa lamang, sinusupil na ng 59th IB PA ang anumang binhi ng paglaban at pagkamulat na maaaring umusbong sa hanay ng mga apektadong komunidad sa lalawigan.

Hindi pa nasiyahan, noon ding Oktubre 12 ay nagpakana ang 59th IBPA ng isang pekeng insidente ng diumano'y pagkahukay naman ng mga nakatagong armas at kagamitang pandigma sa Sariaya, Quezon. Kung susuriin, wala namang ipinagkaiba ang mga litratong ipinapakita ng 59th IBPA sa dati nang mga litratong naipakita na rin nila at naipagmalaki bilang mga nahukay na kagamitang itinuro umano ng mga walang kahihyan na mga rebolusyonaryong taksil, mga di-nagpanibagong hubog at oportunistang mga ex-NPA na ngayon ay pinagtitiyagaang gamitin ng 59th IB PA sa kanilang mga walang kadangaldangal na palabas laban sa rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan.

Maging ang sinasabing pagsuko ng isa pang dati umanong NPA mula sa Barangay Bulihan, Nasugbu nito lamang Oktubre ay peke din at walang katuturan. Ang totoo, walang anumang kinalaman sa NPA ang taong ito. Kinukulang pa yata si Teneza sa milyun-milyong pondo na nakukurakot niya mula sa bilyun-bilyong pisong kinulimbat ng NTF-ELCAC sa kabang bayan at panay ang paghahanapbuhay nito sa pamamagitan



ng pagpapakana ng mga pekeng labanan, pekeng pagsuko at pekeng pagkahukay ng mga armas at kagamitan. Habang panay ang pagpapakitang gilas ni Teneza para makakulimbat muli ng milyun-milyong pondo sa kanyang mga sablay na operasyon laban sa NPA at rebolusyonaryong kilusan sa Batangas, nagtitiis namang maghati-hati sa Youngstown Sardines ang mga nag-ooperasyon nitong CAFGU na makailang ulit nang pinahirapang magpabalik-balik sa mga kabundukan. Katunayan, nagpupuyos maging ang mga kawawang sibilyang ginipit, tinakot at sapilitang inilabas ni Teneza at ng 59th IBPA bilang mga NPA surrenderee dahil ang totoo, ultimo pamasaheng ginamit nila sa paulit-ulit na pagpapatawag sa kanila sa kampo hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa sinasaulian ni Teneza!

Inuuto na lamang ng 59th IB PA at ni Teneza ang kanilang mga sarili sa pagyayabang na nagtatagumpay diumano ang kanilang kontra-rebolusyonaryong kampanya sa lalawigan. Ang totoo, bukambibig ng masang Batangenyos ang patung-patong nang rekord ng pandadahas, kayabangan, pangungulimbat, pambabastos at mga pamemerwisyo ng mga walang dangal na kasundalohan ng 59th IBPA sa iba't ibang baryo at bahagi ng lalawigan ng Batangas. Katunayan, nagkakailan na ang mga kapitan at taong-barangay na nagtataboy sa mga sundalo sa mga komunidad na kanilang iniikutan sa kanilang sari-sariling kaparaanan. Pinagkakasya na lamang ng 59th IBPA ang kanilang sarili sa pagpupuwersang papirmahin ang mga kapitan at taong barangay sa

kapirasong papel para lamang palabasing inaani nila ang suporta at pagtangkilik ng mamamayan.

Huwag na nating hintayin pa na magpaulit-ulit ang mga krimeng inihahasik ng 59th IBPA sa ating mga komunidad. Hindi kailanman nagkaroon ng tunay na respeto at pagmamahal ang 59th IBPA sa masang magsasaka, bagkus ang berdugong batalyon na ito ang nagsisilbing guwardiya sa mga proyektong pagpapalit-gamit ng lupa at pagpapalayas sa mga magbubukid. Numero uno din ang 59th IBPA sa usapin ng paniniil ng karapatan at pananakot sa mga magtutubó sa Kanlurang Batangas na nawalan ng hanapbuhay sa pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro at nananawagan ng ayuda. Ang batalyong ito rin ang nagsampa ng kasong terorismo laban sa tatlong kabataang tagapagtaguyod ng karapatang pantao at ng mamamayang inaapi na sina Hailey Pecayo, John Peter Garcia, at Jasmin Rubia.

Tandaan natin na ang bawat piraso ng bala na lumalabas sa baril ng bawat sundalo ng 59th IBPA at ng buong AFP-PNP ay nagmumula sa dugo at pawis na ipinupundar ng mga mamamayang Pilipino na kanila mismong inaapi at pinapaslang.

Dahil sa lahat ng ito, lalong humigpit ang kapit ng Bagong Hukbong Bayan sa kanyang armas upang gamitin ito sa pagtataguyod ng tunay na interes ng mga mamamayan. Higit lalong nagpapakahusay ang inyong Hukbo sa malalim na pag-ugat sa masang pinagsisilbihan nito, taliwas sa ginagawa ng berdugong AFP. Kami sa NPA, sa pangunguna ng Partido Komunista ng Pilipinas, kaisa ng lakas ng masang api ay handang

humarap anumang oras sa mga kaaway ng sambayanan na 59th IBPA upang kamtin ang rebolusyonaryong hustisya.

Hinihingi ng papatinding kalagayan ng karapatang pantao sa probinsya ang mahigpit na pagkakaisa ng mga mamamayan upang palayasin at labanan ang 59th IBPA at anumang yunit ng reaksyunaryong hukbo na nangliligalig at nanlilinlang sa ating mga pamayanan!

Kinakailangang mahigpit na panghawakan ng mga mamamayan ang kanilang mga ligal na karapatan bilang sibilyan laban sa pagkakampo ng mga militar sa kanilang komunidad kabilang ang mga eskwelahan, barangay hall, at mga bahayan at iba pang sibilyang pasilidad na paboritong kampuhan ng berdugong 59th IBPA upang gawing human shield ang karaniwang mamamayan. Sa kabila ng mga hakbang na ito, walang ibang epektibong solusyon tungo sa pangmatagalang kapayapaan kundi ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan!

Sabi nga ng dakilang guro na si Kasamang Mao Zedong “Tayo ay tagapagtaguyod ng pagkalusaw ng digmaan. Ngunit ang digma ay mapapawi lamang sa pamamagitan ng digma, at upang alisin ang baril, ay dapat nating tanganan ang baril.”

**SUMAPI SA NPA, IBAGSAK ANG PASISTANG AFP-PNP! MAGING MANDIRIGMA NG URING PINAGSASAMANTALAHAN! IPAGTAGUMPAY ANG DIGMANG BAYAN!**

# **Singilin at panagutin ang ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte sa pandaraya sa Eleksyong 2022!**

Oktubre 16, 2023

**Leona Paragua, Spokesperson  
NDF-Palawan**

Habang walang ilusyong maghahatid ng makabuluhang pagbabago ang reaksyunaryong eleksyon sa bansa, nakikiisa ang National Democratic Front of the Philippines-Palawan sa galit ng taumbayan sa lansakang pandaraya sa nakalipas na eleksyong 2022 na nagluklok ng pinakamasasamang angkan ng Marcos at Duterte sa tuktok ng estado-poder ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

Tulad ng isda na nahuhuli sa sariling bibig, sa bunganga mismo COMELEC nagmula ang pinakamalaking ebidensya ng pandaraya. Nitong Setyembre, inamin nito ang paggamit ng isang “Telco Exchange-Integrator” na dinaanan umano ng mga boto kabilang ang 20,300 vote counting machines (VCMs) mula sa NCR, Cavite, Laguna, Batangas at Rizal. Mapapansing ang mga naturang rehiyon at probinsya ang may pinakamalalaking bilang ng botante at bumoto sa bansa. Ito ang magpapaliwanag sa nauna nang iniulat ng grupong Truth & Transparency Trio (TNTrio) na mayroong aabot sa 20,300 VCM na nanggaling lamang sa iisang private IP address na 192.168.0.2. Ang masama pa ay hindi ito binanggit man lamang o ipinaliwanag sa taumbayan bago ang eleksyon. Liban pa rito ang

ginawang pagpapalit ng COMELEC ng mga bago umang 3G modem sa mga 4G modem na ginamit na hindi rin ipinabatid sa publiko.

Kung babalikan, sa araw pa lamang ng eleksyon ay may naiulat nang mga kaso ng pagpalya at pagkasira ng mga kagamitan sa botohan. Kabilang dito ang mga di gumang SD cards na nagresulta sa malalaking bilang ng boto na hindi binasa at nabilang, bukod pa ang ilang mga kaso sa mga presintong malaking bilang ng mga botante ang hindi nakaboto. Napuna na ito ng di mabilang na mga indibidwal at mga independyenteng organisasyon na nagbantay sa takbo ng halalan, partikular sa paggana ng VCMs. Sa halip na mas maagang resolbahin ang aberya at pakinggan ang panawagan ng mamamayan na palawigin pa ang araw ng botohan, ginulantang ng COMELEC ang publiko sa napakabilis na anunsyo ng unoficial na resulta ng eleksyon. Pero lalong titingkad ang mga kwestyon sa napansing di nagbabagong padron sa resulta ng boto ni Marcos Jr. at nangungunang kalaban nitong si Leni Robredo na binansagan ng isang akademikong institusyon na “salamangkang 68:32”.

Mula sa mga ito malinaw ang iregularidad na naganap sa halalan. Pinakanakinabang dito ay ang tambalang Marcos-Duterte na di-kapani-paniwalang nanalo at lumamang ng higit 15 milyong boto sa kani-kanilang mga kalaban. Sa paggamit ng COMELEC ng Telco Exchance-Integrator, bago pa ang eleksyon nakaprograma na ang magiging resulta ng halalan pabor sa naghaharing paksyong Marcos-Duterte-Arroyo.

Sadyang nilatag ni Rodrigo Duterte ang batayan para magawa ito—mula sa pagtatalaga ng mga komisyoner ng COMELEC, hanggang sa pag-award ng kontrata sa mga kagamitan at pasilidad na gagamitin sa mga kumpanyang Smartmatic TM at F2 logistics, kung saan ang kroni nitong si Dennis Uy ang major shareholder. Sinubukan ang kahalintulad na sistematikong pandaraya gamit ang automated election system sa midterm election noong 2019 upang ipanalo ang kapartido ni Duterte sa Senado.

Matapos maluklok sa estado-poder iniratsada ng tambalang Marcos-Duterte ang lahat ng adyenda nilang anti-demokratiko at kontra-mamamayan. Una sa listahan ang pagsunod sa lahat ng dikta ng imperyalismong US. Ikalawa, pagprotekta sa matandang Duterte laban sa pampublikong pang-uusig at pagpapanagot sa mga krimen nito sa bayan; at ang tuluy-tuloy na historikal na pagrerebisa at paglilinis sa rekord ng matandang Marcos at buong pamilya kasama na ang pag-abswelto sa mga kaso ng pandarambong. Kasunod, ang walang kabusugang pagkopo sa pondo ng bayan; ang pagbigay ng pabuya sa mga pangunahing kroni sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng matataas na pusisyon sa gubyerno; ang pagbuhos ng pondo sa mga troll at taga-imbento nila ng pekeng balita at disimpormasyon; lalong binusog ang militar na nagbantay at nagtiyak sa dayaan; at higit sa lahat ang patuloy na paggamit ng berdugong AFP-PNP at NTF-Elcac para supilin ang lahat ng kanilang kritiko, mga oposisyon, lalu't higit ang mga pakikibakang bayan. Lahat ng ito sa kapinsalaan ng

mamamayan na dumaranas ng ibayong kahirapan at matitinding paglabag sa kanilang karapatang-tao.

Sa tuluyang pagkalantad ng kanilang modus-operandi, lalong nalalantad ang saligang katangian ng estadong malakolonyal at malapyudal ng Pilipinas—bulok, anti-demokratiko, korap, kontrolado at manipulado ng imperyalismong US at mga lokal na naghahari. Walang nabago kahit pa gamitin ang automated na tipo ng eleksyon, sa halip lalong naging madali at sopistikado ang pandaraya sa halalan. Tiyak na ganito rin ang gagawin nilang manipulasyon sa nalalapit na Barangay at SK Elections ngayong Oktubre 30 para ipwesto sa pinakamababang antas ng lokal na gubyrno ang kanilang pinakamatatapat na alagad at tagasunod. Subalit hindi mangmang ang taumbayan para paniwalaan ang hinabing mga kasinungalingan ng mga naghaharing-uri. Lalu lamang sisindihan nito ang galit ng taumbayan sa gitna ng miserableng pamumuhay ng masang anakpawis, habang nagtatampisaw sa dagat ng kayamanan ang mga nang-aapi at nagsasamantala sa kanila.

Nananawagan ang NDFP-Palawan sa mamamayang Palaweño at buong bansa na panagutin ang ilehitimong rehimen sa ginawa nitong pandaraya sa eleksyong 2022 at patuloy na pagnanakaw sa kaban ng bayan, pagpapahirap at panunupil sa taumbayan. Ilunsad ang malalaking pagkilos para ipamalas ang galit ng bayan sa inutil at pasistang rehimen. Kasabay nito ang paglantad at paglaban sa kanilang mga alipures sa lokal na

antas na nagpapahirap sa mga Palaweño. Higit sa lahat, paigtingin ang digmang bayan sa isla at sa buong bansa bilang tunay na solusyon para lutasin ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.#

**Suportahan ang digmang bayan ng mga Palestino para sa tunay na pambansang kalayaan! Kondenahin at labanan ang gyerang mapanakop at kampanyang henosidyo ng Israel at US laban sa sambayanang Palestino!**

Oktubre 16, 2023

**Public Information Office  
CPP Southern Tagalog Regional Committee**

Sampu ng buong kilusang rebolusyonaryo sa buong bansa at iba't ibang grupo, partido at kilusan sa buong daigdig, nakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan sa pagsuporta at pagpupugay sa inilulunsad na digmang bayan ng mamamayang Palestino laban sa pasista-teroristang estadong Israel. Nasa ubod nito ang aming pagkilala sa lehitimo at makatarungang pakikibaka ng mga Palestino para sa pambansang kalayaan at pagpapasya-sa-sarili na 75 taon nang ipinagkakait sa kanila ng Israel at imperyalistang kampong Kanluranin sa pangunguna ng US at UK.

Nararapat na kastiguhin at papanagutin ang estado ng Israel sa pamumuno ng pasista't ultra-kanang lider nitong si Benjamin Netanyahu sa



malulubhang krimen nito ng henosidyo o paglipol sa lahi sa mga Palestino at pananakop sa kanilang lupain. Walang kaparis sa kasaysayan ng Palestino ang paghulog ng hindi bababa sa 6,000 bomba o katumbas ng 1,000 bomba bawat araw mula sa himpapawid mula Oktubre 7. Karumal-dumal din ang paggamit ng white phosphorous na dala ng mga bombang ito. Halos kalahating milyong Palestino ang biktima, karamihan ay mga bata, babae at matatanda kabilang ang 7,329 na patay kung saan 724 ay Palestinong bata. Tinarget at winasak nito maging mga ospital, ambulansya, eskwelahan at mga refugee camp. Ipinatupad ang blokeyo sa pagkain, gamot, kuryente at iba pang maaaring makataong tulong para sa mamamayang Palestino. Napakakapal ng mukhang pilit na pinapalayas ng Israel ang milyong-milyong Palestino sa Gaza sa tabing ng diumanong pagsasalba sa mga ito sa gagawin nilang pag-atake laban sa mga mandirigma ng Hamas upang pagtakpan ang pananakop sa Gaza. Malinaw na karumal-dumal na krimen laban sa sangkatauhan ang hayagang ginagawa ng Israel at walang-kaluluwang sinusupurtahan ng imperyalismong US.

Hindi kailanman maaaring burahin ang kasaysayan ng brutal na pananakop ng Israel at imperyalismong US sa sambayanang Palestino. Pinalayas ng brutal na gera nito noong 1948 ang higit sa 700,000 mga Palestino na nakilala sa tinatawag na Nakba kasabay ng pagsakop sa 78% ng kanilang lupain para unilateral na itatag ang estado ng Israel. Makalipas ang halos dalawang dekada, inokupa na rin ng Israel ang West Bank,

Gaza Strip at Jerusalem na mga teritoryo ng Palestine, maging ang Golan Heights na bahagi ng Syria at ang Sinai peninsula na bahagi ng Egypt. Hindi pa nasapatan dito, tuluy-tuloy na tinarget ng pasista-teroristang estado ng Israel ang mga sibilyang populasyong nagbakwit sa iba't ibang bahagi ng Palestine at mga karatig na bansa. Sadyang ang ultimong layunin ng Israel ay angkinin ang kabuuang teritoryo ng Palestine, apihin at pagsamantalahan ang mamamayan nito.

Kasabay nito, higit kaysa Israel, marapat ding singilin ang imperyalismong US, UK at iba pang mga bansa sa Europa sa pagbibigay-pabor at pagpopondo sa mapamuksang gera nito laban sa Palestino at iba pang bansa sa Middle East. Ginawang mayor na piyesa ng digmang mapanakop ng US ang Israel para pagsilbihin sa estratehikong layunin nitong patatagin ang kapangyarihan sa gitnang silangan at kontrolin ang napakayamang pinagkukunan ng langis sa rehiyong ito. Sa ganito, simula't sapul, inilatag ng US ang batayan, pinahintulutan at lantarang sinuportahan ang ginagawang pagpuksa ng Israel sa mamamayang Palestino. Kapalit nito ang pagkasangkapan ng US sa Israel sa mga gera ng pananalakay nito sa iba't ibang bansa sa Middle East at North Africa sa nagdaang mga dekada, at ang pagpopondo sa pagmamanupaktura ng Israel ng mga armas, mga kagamitan sa paniktik at sasakyang pandigma para pagsilbihin sa mga gerang mapanakop nito sa buong daigdig.

Nararapat kundenahin at labanan ng sangkatauhan ang panghihimasok ng

imperyalismong US na lalung nang-uupat ng paglawak ng labanan matapos na itutok nito sa Palestino at gitnang silangan ang dalawang mayor na aircraft carrier nito, kabilang ang isa sa pinakamalaki sa buong mundo, bukod pa ang pagbibigay ng dagdag na suportang armas at bomba sa bansang Israel.

Nararapat ding labanan, ilantad at hubaran ang pinapalaganap na islamophobia at anti-Palestinong mga black propaganda ng Israel at imperyalismong US. Dapat ding tuligsain at itakwil ang hayagang pagpanig at pagsuporta ng papet na rehimeng Marcos II sa imperyalistang US-Israel sa walang habas na pang-aatake nito sa bansang Palestino.

Dapat maunawaan na ang pakikibaka ng mga Palestino ay hindi laban sa mga Kristyano o laban sa api at pinagsasamantalang mamamayan ng Israel, US at iba pang mamamayang katoliko sa Europa at buong daigdig. Ang kanilang pakikibaka ay upang labanan ang pananakop at pang-aapi sa kanilang bansa at mamamayan, laluna sa kanilang manggagawa at magsasaka at iba pang mahihirap na mamamayan na siyang biktima ng grabeng pang-aapi at pagsasamantala. Ultimong layunin nila ay upang makamit ang kanilang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Ang kanilang kaaway ay ang mapanakop na estado ng Israel na ngayon ay pinamumunuan ng sagad sa pagiging pasistang si Netanyahu at ang imperyalismong US. Kaugnay nito, tinatawagan naming huwag magpakasangkapan ang mamamayan ng Israel, laluna ang kanilang mga

manggagawa at magsasaka sa digmang mapanakop ng Israel at US sa Palestino. Kabaliktaran, dapat na labanan ng mga mamamayan ng Israel ang rehimeng US-Netanyahu at gawin ang lahat ng paraan upang ipatigil ang digmang mapanakop sa bansa at sambayanang Palestino.

Makatarungan para sa mamamayang Palestino ang mag-arms at lumaban sa gitna ng matinding panunupil ng estadong Israel. Nararapat na magkaisa ang lahat ng mamamayang Palestino para palakasin ang armadong pakikibaka at itransporma ito sa isang digmang bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Nararapat at makatarungang ilunsad ng mamamayang Palestino ang digmang bayan alinsunod sa mga umiiral na internasyunal na makataong batas at sa di-maiaalis na soberanong karapatan ng mga mamamayang ipaglaban ang kanilang pambansang kalayaan, demokrasya at pambansang patrimonya't soberenya.

Magkataling pusod ang sambayanang Pilipino at Palestino sa kanilang pakikibaka sa pambansang kalayaan at demokrasya. Tulad ng mamamayang Palestino, malaon nang naglulunsad ng digmang bayan ang mamamayang Pilipino para sa panlipunang paglaya mula sa lahat ng tipo ng pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismong US at ng kasabwat nitong lokal na mga naghaharing malalaking kumprador-panginoong maylupa. Ang sambayanang Pilipino ay biktima din ng gyerang mapanakop ng imperyalismong US at hanggang ngayon ay siyang kumukubabaw sa

malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Komon na kaaway ng ating mga sambayanan ang imperyalismong US, maging ang mapandigma at mapanakop na Israel. Katunayan, ang mga sopistikadong kagamitang pandigma ng Israel ang isa sa siyang ginagamit ng papet na AFP-PNP sa ginagawa nitong brutal na gyera ng panunupil laban sa rebolusyon at mamamayang Pilipino.

Ang malawak na suportang tinatamasa ngayon sa Pilipinas at sa buong mundo ng armadong pakikibaka ng mamamayang Palestino ay patunay ng lumalakas na rebolusyonaryo at anti-imperyalistang daluyong sa hanay ng mga kolonya at mala-kolonyang bayan sa buong daigdig. Dapat patuloy na ilantad ang pasista-teroristang pakana at pang-aatake ng US at rehimeng Netanyahu laban sa bansang Palestino at patuloy na suportahan ang kanilang armadong pakikibaka para sa mapagpasyang pagbawi ng kanilang pambansang teritoryo, kalayaan at soberanya.###

## **Aktibong Depensa ng LDGC sa Barangay Malu, Bansud, Tagumpay!**

Oktubre 17, 2023

**Madaay Gasic, Spokesperson  
NPA-Mindoro**

Matagumpay na kinasahan ng aktibong depensa ng isang yunit ng Lucio De Guzman Command-NPA Mindoro ang umaatakeng pwersa ng 76th IB sa ilalim ng 203rd Brigade sa Barangay Malu, Bansud, Oriental Mindoro kahapon, 16 Oktubre,

ganap na ika-7:30 ng umaga. Napatay ang isang sundalo habang ligtas na nakaatras ang yunit ng Pulang Hukbo.

Ang bigwas na ito ng LDGC ay tugon lamang sa panawagan ng mga Mindoreño na ipagtanggol sila sa walang pakundangang paghahasik ng takot, ligalig at pagmamalupit sa walang kalaban-laban na mga sibilyan ng mga sundalo't pulis. Ang paulit-ulit na siklo ng operasyong militar ng 203rd Bde-PNP-MIMAROPA sa anyo ng mga FMO-RCSP ay salot sa buhay ng mga Mindoreño.

Kamakailan lamang sunud-sunod na karahasan ang ginawa ng mga sundalo't pulis sa mga mamamayan ng Mansalay, Bongabong, Bansud sa Oriental Mindoro at sa Rizal, Occidental Mindoro. Naitala ang mga insidente ng pambubugbog ng sibilyan, panggagahasa, tortyur, sapilitang pagpapasuko at nitong huli ay ang gawa-gawang labanan sa Sityo Kulitob, Panaytayan, Mansalay upang maghasik ng terror.

Ang mga bigwas ng LDGC-NPA Mindoro sa mga palalo at malupit na 203rd Bde-PNP-MIMAROPA ay pinakahinihintay at ikinatutuwa ng mga Mindoreño. Paggawad lamang ito ng hustisya upang basagin ang klima ng impunidad o kawalang pananagutan ng mga AFP-PNP na pinalalago ng rehimeng US-Marcos Jr-Duterte.

Kailangang magbuklod ang buong mamamayan ng Mindoro at bigwasan ang mga malupit na mga sundalo't pulis. Sabayang palakasin ang kilusang masa ng mga Mindoreño at ang armadong paglaban ng mamamayan sa pamamagitan ng

pagpapalakas ng kanilang pinakamamahal na Hukbo—ang New People’s Army.

Ang tunay na katarungan ay hindi makakamit ng bayan kung iaasa ito sa reaksyunaryong sistemang hudisyal. Lakas ng mamamayan ang gagawad ng katarungan laban sa malulupit na AFP-PNP na siyang haligi ng pahirap pasista at papet ng rehimeng US-Marcos Jr -Duterte. Tanging ang Digmang Bayan sa balangkas ng Pambansa Demokratikong Rebolusyon ang wawasak sa kontrol ng imperyalismong US at sa bulok na papet nitong reaksyunaryong estado upang bigyang puwang ang pag-iral ng demokratikong gobyerno ng mamamayan.###

## **Hustisya para kay Tandang Agliwan! Itigil ang Okupasyon ng Terorista at Pasistang AFP sa Abra!**

Oktubre 17, 2023

**Florencio Baluga, Spokesperson  
NPA-Abra**

Mga paglabag sa mga Karapatan Pantao. Dito magaling ang terorista at pasistang AFP bilang mersenaryong tropa ng reaksyunaryong gobyerno. Bilang protektor ng Rehimeng US-Marcos Jr at kasapakat ng mga naghaharing uring, sunod-sunod at nagpapatuloy ang mga operasyong militar sa mga kagubatan at nagpapatuloy din ang okupasyon ng mga teroristang sundalo sa mga baryo. Ang bagong pangyayaring kabangisan ng AFP ay ang pagpatay nito sa isang sibilyan na si Tandang Agliwan, magsasaka, mangangaso at

isang senior citizen na taga Sitio Talipugo, Barangay Buneg, Lacub, nitong buwan ng Oktubre 2023. Brutal ang pagpaslang at may mga palatandaan ng pag-torture sa kanya.

Ang pagpatay ng teroristang AFP kay Tandang Agliwan ay isang kasuklam-suklam na kasinungalingang pinalabas ng 77th IB sa Philippine Daily Inquirer, Manila Times at Cordillera Guru Press nung Oktubre 13 na siya daw ay isang NPA pero di nila pinangalanan. Sa pamamagitan ng kasinungalingang ito ay may lagyunin ang mga pasistang kaaway ng bayan na ipalabas na natatalo na daw ang NPA upang ilingid ang kanilang krimen na mga gawain laban sa mamamayan.

Mataas na antas ang galit ng mamamayan ng Abra, lalu na ang mga kamag-anak at katribung Tinggian laban sa mga AFP na pumatay kay Tandang Agliwan. Nakikipagdalamhati ang Agustin Begnalen Command-NPA Abra sa nakangingitngit na pangyayaring ito.

Isang simple, matiyaga at masipag ng magsasaka at mangangaso si Agliwan. Bahagi ng pangaraw-araw na kabuhayan niya ang pagsasaka at pangangaso sa kagubatan. Ang pagpatay sa kanya ay palatandaan ng kawalan ng respeto sa mga sibilyan at walang pagsunod ang AFP sa patakaran ng digma.

Ang nangyari kay Tandang Agliwan ay kapareho sa krimen na pagpatay ng Bonnet Gang na AFP sa dalawang sibilyan sa Sitio Sap-al, Barangay Buneg nung taong 2005 at sa pagmasaker ng mga



teroristang sundalo sa pamilya Ligiw noong March 2014. Mula 2019 nung idineklara ng AFP ang Abra bilang isa sa mga erya ng Focused Military Operation nila, mas lalung dumami ang mga paglabag sa mga karapatang pangtao. Binaril nila ang tatlong kabataan sa Barangay Lan-ag, Lacub nung 2020 at limang sibilyan na mangangaso sa Barangay Buneg, Lacub nung 2022. Pero lahat ng mga itong paglabag ay di inamin ng AFP na sila ang mga salarin at patuloy na gumagamit sila ng pananakot at dahas para patahimikin ang laban ng mamamayan.

Ibinuhos sa Abra ang tatlong batalyon: ang 24th, 102nd at 77th. Mga ito ang nagdala at patuloy na gumagawa ng malawakang pananakot sa mga masa, gulo sa mga komunidad at pagkabagabag sa kabuhayan ng mga sibilyan.

Pilit na nilang pinasurender ang mga mamamayan sa mga bayan ng Lacub, Sallapadan, Malibcong, Tubo at iba pang munisipalidad ng Abra. Isinasagawa ng mga teroristang AFP ang RCSP sa maraming mga barangay. Pilit din nilang pinagigiya at tinortyur ang iba. Niransak nila ang mga kamalig at kubo na pinagsuspetsahan nilang imbakan ng mga baril ng NPA. Iligal nilang inaresto mga suspek nilang sumusuporta sa NPA. Na-red tag nila ang mga legal at tradisyunal na organisasyon at kahit mga alluyon (bayanihan) ng mamamayan.

Dahil sa kanilang presensya, sobrang apektado ang pangkabuhayan ng masa. Nalilimitahan ang kilos ng mamamayan para sana malaya silang magtrabaho para sa pangkabuhayan. Iniiwasan ng

mga sibilyan na lumibot sa mga parang at mangaso sa kagubatan dahil sa takot nilang masalubong ang mga kontra-mamamayang AFP na nagsasagawa ng patuloy ng operasyong pangkombat.

Puno ng panlilinlang at korapsyon ang mga proyekto na inagaw ng mga pasistang AFP sa mga LGU. Kaya, pinalala nila ang pang-ekonomikong krisis lalu noong panahon ng pandemya at sunod-sunod na kalamidad tulad ng mga lindol, bagyo at tagtuyot.

Wala na nga silang ginagawang mabuti para sa bayan, ginugulo pa nila ang pagkakaisa ng mamamayan. Malakas ang pagmamalabis nila na may malaking negatibong epekto at impluwensya sa kawalan ng disiplina sa mga kabataan. Pinagsasamantalahan nila ang mga kababaihan at di nila pinapakinggan ang kahilingan at assersyon ng mamamayan na dapat di manatili ang mga teroristang AFP sa mga baryo.

Mga kababayang Abreño, hwag nating pahintulutan at labanan ang mga ginagawa ng teroristang AFP. Ang doktrina nila ay abusihin at patayin ang mga sibilyan. Pinalaki ng reaksyonaryong gobyerno ang suweldo nila mula sa buwis at pagud ng masang Pilipino upang walang awang pumatay ng mga sibilyan. Di na mabilang ang mga krimen nila sa bawat bayan. Kaya, huwag tayong manahimik; huwag tayong matakot. Dapat lang na di pahintulutan na tuloy-tuloy na winawasak nila ang mga teritoryo ninyo habang sa bawat operasyong pangkombat nila ay ipinagbabawal nila kayo sa sarili ninyong

kagubatan, ilog, kaingin o uma at bukid. Dapat huwag malinlang sa mga “matatamis” na programa ng reaksyonaryong gobyerno tulad ng RCSP, 4Ps, BDP at iba pa kung saan di naman nagsisilbi ang mga ito para sa epektibong pagresolba sa mga ugat ng pagsasamantala at paniniil kung saan walang ibang ugat ng mga ito kundi ang batayang problema ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo, at espesyal na suliranin ng pambansang minoritya na pambansang pang-aapi dito sa Abra at buong Cordillera.

Alalahanin at huwag kalimutan ang kagitingan at katapangan na katangian ng Tingguian na ating pinagmulan. Sa kasaysayan, nakita natin ang kagitingan at katapangan ng Tingguian sa epektibong paglaban sa pambansang pang-aapi at depensahan ang aneutral na lupain, buhay at mayamang rekurso ng Abra. Sa partikular, matagumpay na napatigil ng mamamayang Tingguian ang higitang proyektong Cellophil noon. Makamit natin muli ang mga tagumpay na ito sa pamamagitan ng pagsampa ng maraming pulang mandirigma at patuloy na partisipasyon ng mamamayan sa armadong kilosang upang mapatigil ang mapanirang mga proyekto dito sa ating probinsya. Dapat ipagpatuloy ng mamamayang lumalaban ang pagpaparusa sa mga kaaway na uri.

Ipaglaban at kamtin ang Hustisya! Gawin nating aral ang nangyari kay Tandang Agliwan upang tipunin ang lakas ng masa sa buong Abra. Hamon ito para sa ABC-NPA Abra, kasama ang

mamamayan, na isulong ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga pulang mandirigma na lalahok sa paglaban sa mga armadong terorista na tropa ng reaksyonaryong gobyerno upang makamit ang hustisya para kay Tandang Agliwan at para sa lahat ng masang inaapi at pinagsasamantahan.

Militarisasyon Labanan! Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan! Mabuhay ang alaala kay Tandang Agliwan!

## **Teroristang 59th IBPA na nagmamalupit sa mga magsasaka ng Batangas, tinambangan ng NPA!**

Oktubre 17, 2023

### **Gregorio Caraig, Spokesperson NPA-Batangas**

Taas kamaong binabati ng Eduardo Dagli Command (EDC) at ng rebolusyonaryong mamamayan sa lalawigan ng Batangas ang isang yunit nito sa matagumpay na pananambang sa tropa ng teroristang 59th IBPA na ilang linggo nang nagmamalupit sa mga magsasaka sa kabundukan ng Lobo, Batangas.

Oktubre 16, 9:45 ng umaga, matagumpay na tinambangan ng isang yunit ng EDC ang isang iskwad ng teroristang 59th IBPA sa Barangay Bignay, Lobo, Batangas. Nasapol ng command-detonated explosive (CDX) at mga putok ng BHB ang mga pasista. Lima ang kumpirmadong kaswalti sa hanay ng berdugong 59th IBPA

habang ligtas namang nakaatras ang yunit ng BHB nang walang anumang pinsala matapos nito.

Noon namang Oktubre 15, ganap na alas-9 ng umaga, sa parehong barangay, matagumpay na nakapaglunsad ng aktibong pagdepensa ang isang bahagi ng yunit ng BHB laban sa isinagawang pananambang ng yunit ng 59th IBPA sa Barangay Bignay. Mahusay nilang nakuha ang inisyatiba at nang masegurado na ang kaligtasan ng bawat Pulang mandirigma ay agad na nagkasa ng kontra-opensiba ang yunit at pinaputukan ang humahabol na tropa ng kaaway. Hindi na nakaganti ng putok ang mga pasista dahil sa kanilang nakamit na pinsala at nag-uunahang nagpulasan.

Ang mga pwersa ng 59th IBPA na tinambangan ng BHB ay walang tigil na nagsasagawa ng pagmamalupit at panghahas sa mga magsasaka at mamamayan ng bayan ng Lobo, Taysan at San Juan sa kanilang isinasagawang nakapokus na operasyon.

Dahil sa pagkapahiya, naglabas ng pahayag sa kanilang FB account ang 59th IBPA upang takutin ang sinumang susuporta sa NPA at sa buong rebolusyonaryong kilusan. Ginamit pa nila ang mapanupil na Anti-Terror Law bilang banta sa mga mamamayan.

Nagbubunyi ang mga magsasaka at mamamayan ng Batangas sa matagumpay na pamamarsa sa mga berdugo at teroristang 59th IBPA. Nagpapasalamat sila, dahil sa unti-unti nang napaparusahan ang mga pumaslang sa 9-anyos na batang si Kyllene Casao sa Taysan at may sakit sa

isip na magsasakang si Maximino Digno sa Calaca na walang awa nilang pinatay at pinaratangang NPA. Bago naman ang naganap na labanan, walang habas na namaril ang 59th IBPA sa mga magsasakang nakasalubong nila sa proseso ng operasyong militar.

Batid ng mamamayan na hindi nila tunay na hukbo ang 59th IBPA. Sila ay nagsisilbing protektor sa mapanirang pagmimina na isinasagawa sa kabundukan ng Lobo na sapilitang nagpapalayas sa mga magsasaka at wawasak sa kalikasan hindi lamang sa bayan ng Lobo kundi maging sa mga karagatan na bahagi ng protektadong Verde Island Passage.

Idineploy ng AFP ang pasistang tropa ng 59th Infantry Battalion sa Batangas mula Enero 2022 hanggang sa kasalukuyan na naglulunsad ng kanilang teroristang atake sa mamamayang Batangueño sa pamamagitan ng focused military operations (FMO). Tuluy-tuloy silang naghahasik ng lagim at takot sa mga magsasaka nang sa gayo'y masupil ang lahat ng porma ng paglaban ng mga mamamayan sa malalaking korporasyong minahan, panginoong may lupa at sa estado na promotor ng mga mapangwasak at mapaminsalang proyekto sa probinsya ng Batangas. Walang patid na sinuyod ng 59th IB, PNP-SWAT, pati ng mga pwersa ng CAFGU at SCAA ang mga kabundukan ng Lobo, Taysan at San Juan sa tabing ng 'tuluyang pagdurog sa NPA,' gayong ang kanilang tunay na pakay sa mga operasyong militar na ito ay isang clearing operation para walisin ang lahat ng sagabal sa

muling pagratsada ng operasyong pagmimina ng Bluebird Ventures Inc.

Ang patuloy na pagtatanggol sa karapatan at interes ng masang Batagueño ang pangunahing dahilan sa walang maliw na pag-aaruga, buong pagtanggap at pagsuporta nila sa NPA. Hindi nila pinaniniwalaan ang itim na propaganda ng AFP-PNP at ilehitimong rehimeng US-Marcos II na sila ay nilililang lamang o di kaya ay tinatakot ng NPA. Ang matinding krisis pang-ekonomiya na dulot ng malapyudal at malakolonyal na sistemang pinaghaharian ng uring malaking burgesya komprador, panginoong may lupa at burgesya-komprador na pinangingibabawan ng imperyalismo ang dahilan kung bakit nagpapatuloy ang paglawak ng NPA.

Hindi kailanman magmamaliw ang suporta ng mamamayan sa NPA dahil ito ang kanyang tunay na tagapagtanggol! Patunay ang ginagawang suporta ng mamamayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng wastong impormasyon kung saan nakapwesto ang mga teroristang sundalo at sa kabilang banda ay kung paano naman igiya papunta sa ligtas na lugar ang mga NPA.

Mga makabayang pulis at sundalo, mga nakabababang opisyal at kawal ng AFP-PNP at CAFGU, inaanyayahan namin kayong bumaklas na mula sa bulok na sistema na pinagpapakasasaan ng inyong mga heneral at matataas na opisyal laluna ng mandarambong na Marcos-Duterte. May panahon pa upang kayo ay magbago at kumiling sa rebolusyonaryong hangarin ng mga mamamayan.

Ang mamamayan naman ng ating probinsya ay kinakailangang magkaisa upang palayasin ang perwisyong militar at tutulan ang mapanirang mga proyekto at protektahan ang likas na yaman ng ating bayan. Kinakailangang tumindig ang bawat isa at tanganan ang lahat ng anyo ng paglaban upang tuluyang mawakasan ang pamamaslang, panghahas at paglabag sa karapatang pantao ng 59th IBPA sa ating bayan.

Nangangako ang NPA-Eduardo Dagli Command sa mamamayan na hindi mauubos ang kapasyahan nito upang ilunsad ang mga taktikal na opensiba laban sa mga protektor ng mapaminsalang proyekto tulad ng pagmimina ng Bluebird Ventures sa Lobo at laban sa mamamatay-taong 59th Infantry Battalion kasama na ang ilang taksil at nagpapagamit na dating NPA na hindi kayang magwasto. ###

## **Condemn bombing of Gaza hospital**

Oktubre 18, 2023

The Communist Party of the Philippines (CPP) joins peoples across the world in expressing extreme indignation over the killing of at least 500 people in the bombing of the Al Ahli Arab Hospital in the northern part of Gaza City yesterday evening.

The responsibility for the bombing is placed squarely on the Zionist regime of Israel which has subjected Gaza City to relentless aerial bombardment over the past 10 days. Israel bombs have destroyed tens of thousands of homes and



apartments, schools, health facilities, refugee centers, media offices and commercial buildings, killing more than 3,000 people including more than 940 children.

The bombing of the Gaza hospital is a brazen act of terrorism by the US-supported Israeli regime and forms part of its genocidal war against the Palestinian people. It is considered a gross violation of international humanitarian law and constitutes a war crime.

We join the peoples of the world in hailing as heroes the doctors and health workers of Al Ahli Arab Hospital for refusing to leave their posts despite Israel warnings of bombarding northern Gaza. The blood spilt by thousands of martyrs in Gaza flows in the veins of the Palestinian people and gives eternal life to their resistance.

We call on all Filipino workers, peasants, students, health workers, church people, women, children's advocates, Moro people and minority people and other democratic forces and sectors to join the peoples around the world who have been staging demonstrations before the embassies of Israel and the US by way of protest against the genocide and to rally support for the Palestinian people in their armed and all forms of resistance to achieve genuine freedom.

**Especially in Negros Island, the fire of agrarian revolution is never quenched**

Oktubre 18, 2023

## **Christians for National Liberation**

Note: The Christians for National Liberation (CNL), the revolutionary organization of Christians, marks the peasant month of October with a feature article on Negros Island where chronic poverty, exploitation and rights violations especially against farmers and farm workers prevail. Deemed a social volcano, Negros showcases heightening resistance and revolution against imperialist and semi-feudal systems. CNL embraces the peasant struggle for genuine agrarian revolution and the justness of waging people's war.

Negros Island, notoriously known for hacienda problems, is never without any agrarian conflict. In October 2018, for instance, nine (9) farm workers were heinously shot dead in Hacienda Nene, Sagay City, Negros Occidental. Malacanang was quick to blame it on the New People's Army (NPA) but in truth, it was done by the armed militia of pro-government landlord politicians. Rudy of Sagay City, Negros Occidental said: "It is the armed group of the hacenderos [landlords] who killed the farm-workers." The armed groups of the landlord politicians, who were well-equipped, many times had made killing rampages among the poor peasants and did this without impunity. They knew that they were greatly supported by the local government and tolerated by the local military agencies in Negros.

The killings were done to sow fear among the poor hacienda farm workers and peasants so that the poor would be forced to agree with the unjust

terms of work set by the landlords. Those who complained would get death threats and if they persevered in resisting, would finally be shot dead. This glaring inhuman situation, though greatly known, had not been fully redressed because the rich landlords in Negros freely wield their might without any fear. The landlords are power brokers or they themselves hold the political power from the top to the base of the government's political structure.

The island was relatively peaceful before the colonial government of Spain established the hacienda system. The island was owned by locals who cultivated this for rice, vegetables and fruit trees. The Spanish colonial government expropriated the land from them by force and established the hacienda system. The haciendas or big tracts of land were given to Spanish families and persons who were loyal to the Spanish colonial government. The hacienda was established in order to cultivate the island for cotton to provide raw materials for the textile industry. When sugar became more profitable than cotton, the haciendas were converted into sugarcane farms. Sugar mills were also established. The locals were forced to go to the hillsides and other parts of the island where it is difficult to plant sugarcanes.

After the colonial period, the locals tried to use the country's legal system to get back the land of their ancestors but the formidable power of the hacienaderos were so strong that the corrupt local courts would always favor the hacienaderos. Some

aggrieved local people would resort to burning the sugar farms or to occupy some lots of the hacienda. Consequently, the armed groups of the hacien­deros would then go on a killing rampage to scare off the local settlers and protect the rich hacien­deros who would wield oppressive power with impunity against the poor peasants.

Through all the years, there would always be land problems in Negros Island. The hacien­deros (landlords) would manifest their untouchable might and strengthen their own armed groups to protect their property. They hired sugarcane farm workers from other islands and they were called *sacadas* because they were working to pay the debts of their families who received money from the hacien­dero. Some of the farm workers in the hacienda would be paying the debts of their grandparents. It was an enslavement of the *sacadas*. The *sacada* system later evolved into a contractual system. It was the same exploitative system but the hacien­deros would be hiring contractors to get some farm-workers. The injustices and oppressions in the sugar farms went on unabated. The hacien­deros were adamant in their position on the land. The government came in and cajoled the people in a fake land reform program. The people realized that this was not a real land reform program. They joined the rebels to fight for genuine land reform and agrarian revolution.

Victor, a farm worker of Sagay City, pointed out: “The hacien­dero [landlord] family and clan keep all the positions. The governor, the mayor, the

vice mayor, the Councilors, the Barangay Chairman, and other officials are from the same family.” Political dynasties existed in Negros and powerful landlord families would do everything to make their political clout be felt by the people. Lucio added: “They have everything. They have political power. They have vast lands. They have a lot of money. They have their armed guards. We, poor people, do not have anything. We are nothing. We only have hope. If we are united, we can do something more.” This made the agrarian issue in Negros complex and explosive. It is like a volcano that is ready to explode.

Another farm worker, Teresita, narrated about the poor farmers’ bad experience regarding the government’s Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP): “We have nothing. In the CARP of the government, the government bought a portion of hacienda land and subdivided it into small lots. The lots were supposed to be awarded to the people. We thought it was for real. We were happy and agreed to pay the amortization of the land. We started to pay in installments to own the land even from our hard-earned savings. But the hacienda lots were not really awarded to us poor farm workers. We got the CLT (Certificate of Land Transfer) and the CLOA (Certificate of Land Ownership Award) but the hacenderos (landlords) kept their land. We could not get it. They were guarded by armed groups of the hacendero [landlord].” This poor farm worker was deceived by an oppressive and farce land reform program of the Philippine government.

The CARP was a sham land reform program using the technique of market-assisted land reform (MALR). The practice was that the landlords who were willing to sell to the Department of Agrarian Reform (DAR), through the Landbank, a little portion of their land—and usually these portions are less fertile—would have an agreement with the office of the DAR for the sale of hacienda lots. The farm workers will be gathered by the local DAR personnel and an agreement will be forged by those present that the people will pay the amortization of the said land lots which are around 1 hectare per family. If the lots are a little fertile, they will have the scheme of co-ownership through SDO (Stock Distribution Option). A farmer worker, Onesimo, commented on this SDO: “We work and work without fee because we thought we owned the land. The landlord harvested everything and we got nothing. They still owned the land. They used their armed groups to protect their land. We are like slaves. The government is making our life very difficult. What kind of government do we have?”

He was talking about the agrarian problem in Negros which also resonated in other places in the Philippines. At present the situation is even worse because of the government’s agrarian project called SPLIT (Support to Parcelization of Lands for Individual Titling) which is promoted by NTF-ELCAC (National Task Force to End Local Communist Armed Conflict). The poor farm workers of Negros Island will never have a respite from their agrarian problem for as long as government continues to employ neo-liberal

approaches to socio-economic problems related to land.

The agrarian issue is an endemic reality in the Philippines where the problem of land and peasantry are not given priority by the reactionary government. The Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), a democratic mass organization of Filipino peasants fighting for social justice and genuine agrarian reform, noted that seven (7) out of ten (10) rural farmers in the Philippines do not own the land they farm. On top of that, more than 75% of what they harvest goes to the landowner, a system that perpetuates an indebted peasantry, with farmers barely subsisting on it. For centuries the peasants have found it very difficult to have food security and proper farming methods because they do not own lands and under devious government schemes, do not have a clear land title.

This is a stark unjust reality of a semi-feudal and semi-colonial mode of production, land development, and agriculture. This situation has worsened over many years of the oppression of the majority who are peasants by the few rich who are landowners with neoliberal outlooks on land ownership and who have great control of the powers of the state. The poor farm workers and peasants had no other recourse but to join the rebels. Some peasants could no longer accept the situation.

A peasant, Tomas, remarked: "The landlords abused us. We would surely die slowly in their unjust hands. We could not ask for a just system of

labor; nor could we ask for just wages. We would die of hunger if we continue working in this way in the hacienda of Negros.” Greatly dehumanized to the core of their being a farmer, the oppressed farmworkers would find a ray of hope by joining the NPA, the armed wing of the Communist Party of the Philippines (CPP). The NPA is the army of the people waging people’s war through mass bass building, agrarian revolution, and armed resistance. In the armed struggle, they fight against landlordism or the neo-colonial system of unjust ownership of big tracts of land by a few rich. Through the National Democratic Revolution with a socialist perspective, these haciendas or big tracts of land of the hacenderos (landlords) of Negros will be taken over by the revolutionary state which will implement genuine agrarian reform. There will be no more private ownership of the land for the land will be owned by the people. There will be a more scientific and modern way of farming to ensure food security and to bring progress and quality of life for all.

In the end, the peasants have made their final option. It is not an easy decision. Their option might have a great effect on their family who would be under threat of being shot by the landlord’s armed groups. The Armed Forces of the Philippines (AFP), the Philippine National Police (PNP), and other agencies of the government involved in anti-rebellion campaigns, who do not respect the International Humanitarian Law (IHL), would aggravate their situation. But this is the only radical option that would give a good future



for Negros and other parts of the Philippines still under the hacienda system.

Yolanda, a peasant, said: “We could not do anything better. We joined the revolution to gain true freedom for the people, especially the poor farm workers and peasants. This would be our only future. If we would die in this revolution, our blood would set free the poor peasants and farm workers.” Government authorities, who do everything to quash the agrarian revolution through the military might of the AFP and their bogus program to support rebel returnees, would never be successful as long as there is injustice in the land.

Hermegildo, a peasant, said: “The situation of the peasants and farm workers in Negros is getting worse now. It will never be better. There is no other way but to fight!” Yes, the fire of the agrarian revolution would never be quenched. Any action would only evince the resoluteness of the peasants and farm workers to continue in their struggle toward a true agrarian revolution. Holding up their arms and with one voice they cry: “Padayon ta kauturan!” (Onward brothers and sisters)!

## **Kundenahin ang pambobomba sa ospital sa Gaza**

Oktubre 18, 2023

**Marco Valbuena, Chief Information Officer  
Communist Party of the Philippines**

Nakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mga mamamayan ng buong daigdig sa pagpapahayag ng nagngingitngit na galit sa pagpatay sa hindi bababa sa 500 katao sa pambobomba sa Al Ahli Arab Hospital sa hilagang bahagi ng Gaza City kagabi.

Ang pananagutan sa pambobomba ay malinaw na nasa kamay ng Zionistang rehimen ng Israel na sa nagdaang 10 araw ay walang-habas sa paghuhulog ng bomba sa Gaza City. Winasak ng mga bomba ng Israel ang ilampung libong mga bahay at apartment, eskwelahan, pasilidad pangkalusugan, sentro ng mga refugee, upisina ng midya at mga gusaling pangkomersyo, at pumaslang sa higit 3,000 tao kabilang ang higit 940 na mga bata.

Ang pamboboba sa opistal sa Gaza ay lantarang terorismo ng rehimen ng Israel na suportado ng US at bahagi ng henosidyo laban sa mamamayang Palestinian. Itinuturing itong malubhang paglabag sa internasyunal na makataong batas at isang krimen sa digma.

Nakikiisa kami sa mga mamamayan ng daigdig sa pagtatanghal bilang mga bayani sa mga doktor at manggagawang pangkalusugan ng Al Ahli Arab Hospital na tumangging lisanin ang kanilang trabaho sa kabila ng mga babala ng Israel na bobombahin ang hilagang Gaza. Ang dugong ibinuhos ng libu-libong mga martir sa Gaza ay dumadaloy sa ugat ng mamamayang Palestinian at nagbibigay ng walang-katapusang buhay sa kanilang pakikibaka.

Nananawagan kami sa lahat ng Pilipinong manggagawa, magsasaka, estudyante, manggagawang pangkalusugan, taong-simbahan, kababaihan, tagapagtaguyod ng karapatang-bata, mamamayang Moro at minoryang mamamayan at iba pang demokratikong mga pwersa at sektor na makiisa sa mga mamamayan ng buong daigdig na naglulunsad ng mga demonstrasyon sa harap ng mga embahada ng Israel at US bilang protesta laban sa henosidyo at magpahayag ng suporta sa mamamayang Palestinian sa kanilang armado at lahat ng porma ng pakikibaka para kamtin ang tunay na kalayaan.

## **NPA ambush in Batangas exacts justice**

Oktubre 18, 2023

### **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

The Party and Filipino people welcome news of the successful armed offensive carried out last Monday morning by the New People's Army against the fascist troops of the 59th Infantry Battalion (IB) which have been carrying out military operations against the peasant masses in Barangay Bignay, Lobo town, Batangas. The fascist troops suffered at least five casualties.

The NPA carried out the ambush by way of attaining justice for 9-year old Kyllene Casao, who was killed by the 59th IB in Sitio Centro, Barangay Guinhawa, Taysan, Batangas on July 18, 2022, as well as for Maximino Digno, a mentally disabled

farmer of Calaca, Batangas, who was also killed by the same unit on July 26, 2022.

Because of its determination to defend the people against fascist oppression and advance their demand for land reform, the NPA will continue to enjoy the widening and deepening support of the peasant masses.

## **Pagkamit ng hustisya ang ambus ng BHB sa Batangas**

Oktubre 18, 2023

### **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

Ikinalulugod ng Partido at ng mamamayang Pilipino ang balita ng matagumpay na armadong opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong umaga ng Lunes laban sa pasistang mga tropa ng 59th Infantry Battalion (IB) na matagal nang nag-ooperasyong militar laban sa masang magsasaka sa Barangay Bignay, Lobo, Batangas. Hindi bababa sa lima ang kaswalti sa hanay ng pasistang tropa.

Isinagawa ng BHB ang ambus para kamtin ang hustisya para sa 9-taong gulang na si Kyllene Casao, na pinatay ng 59th IB sa Sityo Centro, Barangay Guinhawa, Taysan, Batangas noong Hulyo 18, 2022, gayundin kay Maximino Digno, isang magsasakang may kapansanan sa pag-iisip sa Calaca, Batangas, na pinatay rin ng naturang yunit noong Hulyo 26, 2022.

Sa determinasyong ipagtanggol ang mamamayan laban sa pasistang pang-aapi at isulong ang kanilang kahingian para sa reporma sa lupa, patuloy na tatamasahin ng BHB ang papalapad at papalalim na suporta ng masang magsasaka.

## **2 summary executions by the AFP in Abra**

Oktubre 19, 2023

### **Florencio Baluga, Spokesperson NPA-Abra**

In recent weeks the AFP reported that its troops were involved in two 'encounters' with the NPA. First was an alleged encounter that occurred at the boundary of Sitio Lamunan, Baay-Licuan and Barangay Ableg, Daguioman on October 3. An NPA from Mindanao was reported as casualty. Second, on October 13-14 media reported that the AFP was involved in another 'encounter' in Sitio Talipugo, Barangay Buneg, Lacub where there was again one reported casualty.

The AFP is the US-Marcos Jr.'s blood-thirsty guard dog. These summary executions of civilians are being dubbed by the AFP as 'encounters'. The executions occurred as part of the operations of 3 battalions (the 24th, 102nd and 77th) which continue to occupy the municipalities of Lacub, Malibcong, Tineg, Licuan-Baay, Bucay, Sallapadan and Daguioman.

No unit of the NPA was involved in these alleged 'encounters'. What cannot be denied is that the

AFP is responsible for the deaths of the two civilians. They themselves produced the body which they claim to be an NPA from Mindanao. In the second incident the casualty is an elderly farmer, Lakay (Old Man) Agliwan, whom the AFP tortured and then murdered.

The guard dog AFP is desperate to prove that it is faithfully executing its master's command.

## **AFP, binigwasan ng NPA sa Mindoro at Batangas**

Oktubre 19, 2023

### **Armando Cienfuego, Spokesperson NPA-Southern Tagalog Regional Operational Command**

Bigo ang AFP sa kontra-rebolusyong plano nitong igupo ang mga yunit ng NPA sa Batangas at Mindoro. Binigwasan ng mga Pulang mandirigma ang palalong AFP sa mga labanang naganap noong Oktubre 15 at 16. Pinakamababang anim ang natamong kaswalti sa hanay ng berdugong AFP habang walang kaswalti sa hanay ng NPA.

Noong Oktubre 16, 9:45 ng umaga, inilunsad ng Eduardo Dagli Command (EDC)-NPA Batangas ang isang dagliang ambus sa Barangay Bignay, Lobo. Natanaw ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong 59th IBPA at kagyat na pumwesto at hinintay na lumapit ang mga pasista. Pinapasok nila sa killing zone ang mga ito bago pinasabugan ng command detonated explosive at pinaputukan. Lima ang pinsala sa hanay ng 59th

IBPA habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma. Sa lubha ng tinamong pinsala, hindi nakaganting-putok ang mga buhong na militar.

Bago ito, nagkaroon din ng labanan sa pagitan ng NPA Batangas at 59th IBPA sa parehong barangay noong Oktubre 15, bandang 9:40 ng umaga. Aktibong nagdepensa ang yunit ng EDC at binigo ang atake ng 59th IBPA.

Samantala, nagkaroon din ng labanan sa pagitan ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-NPA Mindoro at 76th IBPA sa Sitio Sapang Dagat, Barangay Malu, Bansud, Oriental Mindoro noong Oktubre 16, ganap na 7:30 ng umaga. Apat ang napaulat na inilabas na patay sa 76th IBPA sa aktibong depensa ng yunit ng LdGC. Matapos ang labanan, nagpalipad ng helikopter ang AFP bilang bahagi ng pursuit operations nito. Kinabukasan, Oktubre 17, ganap na alas tres ng hapon, aktibong nagdepensa ang BHB laban sa nakaambus na pasistang pwersa ng 10th Special Action Battalion-PNP at 76th IBPA sa sityo Manambao, Sta Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro.

Ang mga labanang naganap ay nagpapakita ng opensibang postura ng NPA laban sa pang-aatake ng AFP sa ilalim ng kontra-rebolusyonaryong gera ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte sang-ayon sa bagong National Security Policy na binalangkas ng reaksyunaryong administrasyon. Determinadong lumaban ang NPA sa ibayong pinatitinding pang-aatake ng reaksyunaryong estado sa mamamayan upang supilin ang kanilang mga paglaban para sa kanilang mga lehitimong karapatan at interes.

Batid din ng NPA at ng masa na kasabay ng pasistang paninibasib ang pagpapalaganap ng mga pekeng balita at disimpormasyon sa layuning pahinain ang mapanlabang diwa ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Noong Oktubre 12, nagpakalat ng pekeng balita ang 59th IBPA ukol sa isang labanan sa sa Barangay Guinhawa, Taysan kung saan “nakasamsam” umano ito ng mga armas at iba pang kagamitan ng NPA Batangas. Hibang na niloloko ng reaksyunaryong gubyerno at ng gulugod nitong AFP ang kanilang sarili para isalba ang morale ng sariling tropang napapagod na sa mga mapanupil na operasyong militar habang kumukubra at nagpapakasasa sa limpak-limpak na salapi ang kanilang mga mataas na opisyal.

Nangangangarap nang gising ang ilehitimong rehimen na malipol ang NPA sa loob ng termino nito. Hindi kailanman matatalo ang NPA dahil batid ng mamamayang Pilipino na ito ang kanilang tunay na hukbo na nagtataguyod sa kanilang pambansa-demokratikong mithiin.

Nilalabanan ng NPA ang mersenaryong AFP-PNP-CAFGU na nagsisilbing bantay ng mga mapangwasak na proyekto at kontra-mamamayang programa ng reaksyunaryong gubyerno. Kinamumuhian ng mamamayan ng Batangas ang 59th IBPA sa paghahasik nito ng kaguluhan sa mga baryo, lalo ang mga komunidad na may malaking pagtutol sa pangangamkam ng lupa at nakaambang pagkawasak ng kalikasan sa mga dambuhalang mina, ekoturismo at huwad na proyektong pangkaunlaran sa mga bayan ng Lobo



at Taysan. Gayundin sa Oriental Mindoro kung saan nilalabanan ng mamamayan ang pananalasa ng mapangwasak na quarrying operations at dayuhang pagmimina sa isla. Kapwa nagsisilbing bantay sa mga proyektong ito ang 59th IBPA (Batangas), 76th IBPA, 10th SAB-PNP (Oriental Mindoro).

Ang tagumpay sa mga labanan ng NPA sa Batangas at Mindoro ay bunga ng matibay na pagkakaisa ng Pulang Hukbo at ng masang kanilang pinaglilingkuran. Patuloy na ipagtatanggol ng NPA ang masang Pilipino laban sa pasismo at terorismo ng estado. Kasabay nito, makakaasa ang masang api at pinagsasamantalahan na patuloy na bibigwasan ng NPA ang mersenaryong AFP-PNP-CAFGU at parurusahan ang mga pinakapusakal sa kanila. Ibayong paiigtingin ng NPA ang digmang bayan, kasama ng malawak na masa, hanggang sa maipagwagi ito.###

## **Kultura sang impunidad ang ginsaligan sang AFP**

Oktubre 19, 2023

### **Maoche Legislador, Spokesperson NPA-Negros Island Regional Operational Command**

Ang kultura sang impunidad tuman na kalawig sa Armed Forces of the Philippines (AFP) nga natudok na sa pamensaron sang mga soldado nga indi sila sukton sang pumuluyo sa ila mga utang nga dugo.

Ang brutal nga pagpatay sang 79th Infantry Battalion sa mag-asawa nga Christian Job Vargas kag Mailyn Salgado kag iban pa nga pagpanghalit sa mga sibilyan sadtong Oktubre 17 sa Sitio Nabalas 1, Brgy. Canlusong, E.B. Magalona, Negros Occidental, klaro nga mga krimen sa gyera kag may salabton ang mga pwersa sang pasistang estado.

Gamhanan ang mensahe sang pamilya Vargas kag pumuluyo sa Sitio Nabalas 1 bangud nagsugid sila sa matuod nga hitabo. Sa pihak bahin, garok kag pasulit-sulit ang mga tinaga sang mga heneral kag manugtaghol sang 3rd Infantry Battalion, 303rd Brigade kag 79th IB bangud basura kag butig ang nagagwa sa ila mga bibig.

Si Christian Job Vargas kag Mailyn Salgado ang gintortyur kag wala kaluoy nga ginpatay sang mga soldado sang 79th IB. Wala sang armado nga pwersa sang New People's Army sa Brgy. Canlusong, E.B. Magalona. Wala sang engkwentro nga natabo. Wala sang mga armas kag iban pa nga kagamitan sang NPA nga nakuha sang militar. Wala sang kampo nga ila nasudlan.

Ini ang kamatuoran nga indi matiko.

Ginadayaw sang Apolinario Gatmaitan Command, ang Regional Operational Command sang NPA Negros (AGC-NPA), ang pagtinguha sang mga katapo sang medya nga makuha ang matuod nga hitabo halin mismo sa pumuluyo kag mga biktima. Madamu pa nga mga biktima sang paglapas sa tawhanon nga kinamatarung sa bilog isla sang Negros ang wala nabatian sa ila pagsugid sang

matuod bangud ginapahug ang ila kabuhi sang berdugo nga militar.

Ginapanawagan sang AGC-NPA sa mga soldado sang 79th IB nga may konsensya kag matuod nga para sa pumuluyo ang ila balatyagon nga magsugid man sang matuod nga hitabo. Ang matuod nga pag-alagad sa pumuluyo ang may kaisog nga magtindog para sa interes sang pumuluyo. Dapat pamatukan ang mando sang inyo opisyal sa pagpamatay kag pagsabwag sang kakugmat kag kalakasan sa kaumhan, sa baylo protektahan ang pumuluyo.

Sa bahin sang NPA Negros, padayon kami nga mangita sang hustisya para sa tanan nga biktima sang de facto martial law sa isla. Tubtob nagapabilin ang pagpamigos kag pagpanghimulos, indi madula ang basehan sa pagluntad sang NPA kag indi matapos ang demokratiko nga rebolusyon sang banwa.

## **63rd IB, 802nd Brigade at 8th ID, Child Murderer!**

Oktubre 20, 2023

### **NPA-Western Samar**

Kinukundena ng Arnulfo Ortiz Command (AOC-Western Samar) ang 63rd IB na walang awang pumatay sa isang magsasaka na si Ronie Obiado at apo nito na 2-taong gulang na si Intoy sa Sityo Salvacion, San Jose de Buan, Western Samar noong Setyembre 25, 2023. Hindi inireport ng 63rd IB at 8th ID na inistraping nito ang bahay ni

Obiado kung saan kasama nito sa bahay ang asawa at isang apo.

Samantala, hanggang sa ngayon ay hindi pa natatagpuan ang asawa ni Obiado na isang katutubo. Nakatakbo ang mag-asawa na anak ni Obiado matapos na basta na lamang pagbabarilin ang kanilang bahay. Sa ulat ng anak ni Obiado pagbungad pa lamang ng mga sundalo ay nagpapatok na kaya naiwan niya ang anak. Ang kawawang sibilyan na nananahimik sa kanilang tahanan ang ginantihan ng 63rd IB matapos na mapatayan sila sa dalawang magkasunod na bigwas ng NPA noong Setyembre 23 at 24.

Nanawagan kami sa mga institusyon sa karapatang-tao na imbestigahan ang pagpatay. Singilin at pagbayarin ang 63rd IB, 802nd Brigade at 8th ID sa kanilang Pagpatay kay Obiado at sa apo nito.

Hustisya para sa pamilya Obiado!

**Kundenahin ang walang habas na pambobomba ng 87th IB sa mga sakahan sa Western Samar at pagpatay ng 63rd IB sa isang lolo at 2-taong gulang nitong apo!**

Oktubre 20, 2023

**NPA-Western Samar**

Mahigpit na kinukundena ng Arnulfo Ortiz Command (NPA-Western Samar-AOC) ang inihahasik na terorismo ng 87th IB. Tampok ang

walang habas na panganganyon nito sa mga sakahan sa mga Barangay ng San Nicolas at Barangay Aguingayan sa San Jose de Buan. Umabot na sa pitong araw at gabi ang pambobomba ng 105mm at 155mm howitzer na nagsimula noong September 23 hanggang Setyembre 29.

Noong Setyembre 23 nagpasabog ng hindi bababa sa 17 bomba mula sa howitzer ang narinig ng mga residente mula alas-8 ng gabi hanggang alas-4 ng madaling araw. Noong Setyembre 24, hindi bababa sa 30 na bomba ang pinakawalan mula sa mga howitzer mula sa bayan ng San Jose de Buan. Lubha itong ikinatakot ng mga naninirahan sa magkakarating barangay. Pinagbawalan ng mga militar ang mga magsasaka na anihin ang kanilang mga palay dahil sa pambobomba.

Lubhang ikinababahala ng mga magsasaka na mabulok ang kanilang mga palay kung hindi agad maani lalo na ngayon na mahal ang presyo ng bigas. Hindi lamang ngayon ang pangyayari na nabulok lamang ang kanilang pinaghirapan dahil sa pag-atake ng pesteng militar. Sabi nga ng mga parag-uma (magsasaka) mabuti pang atakehin ng mga pesteng kulisap at daga ang kanilang palay wag lang atakehin ng mga pesteng militar. Kahit papano ay may naani pa sila kahit atakehin ng mga kulisap at daga pero kapag ang militar ang umatake talo pa nito ang kahit anong peste dahil wala na silang maaning palay. Sa halip ay labis na takot at kagutuman ang kanilang naani.

Sa isang banda natigil na din maging ang pasok ng eskwela sa bayan ng Buan matapos na pauwiin

ng mga titser ang mga estudyante dahil sa takot sa sunod-sunod na panganganyon mula sa San Jose de Buan.

Magkahalong takot at galit ang nararamdaman ng mamamayan sa walang habas na pambobomba dahil naliligalig ang kanilang mapayapang pamumuhay, nawawasak ang kabuhayan at troma na dulot nito sa mamamayan, laluna sa mga bata at kababaihan.

Samantala, sobrang galit ng kapamilya at kababaryo dahil sa walang awang pagpatay sa kanilang kabarangay na si Ronie Obiado at 2-taong gulang nitong apo na pinatay ng mga elemento ng 63rd IB. Hindi pa rin nakikita ang asawa ni Ronie Obiado hanggang sa ngayon.

Ang pagpatay sa maglolo at walang habas na pagbomba ay ganting-salaya sa ilang magkakasunod na bigwas ng NPA sa lugar na nakapatay at puminsala sa malaking bilang ng kaaway. Galit na galit ang militar sa patuloy na suporta ng masa sa kanilang hukbo.

Lalo lamang itinutulak ng militar ang mamamayan na humawak ng armas para ipagtanggol ang kanilang karapatang-tao at kabuhayan. Patuloy na lalaban ang mamamayan sa panlilinlang at pananakot ng mga berdugong militar.

Nanawagan ang Arnulfo Ortiz Command sa lahat ng mamamayan na sumama sa NPA para labanan ang terorismo ng militar.

# **Rebolusyong agraryo sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan, natatanging solusyon sa kawalan ng sariling lupa ng mga magsasaka sa Batangas at buong bansa**

Oktubre 20, 2023

## **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Batangas**

Ngayon Buwan ng mga Pesante, iginagawad natin ang pinakamataas na pagkilala at pagpupugay sa lahat ng magbubukid sa buong bayan—ang pangunahing pwersa sa produksyon! Ipinapaabot din natin ang Pulang pagsaludo sa lahat ng Pulang kumander at mandirigma, at lahat ng kalahok sa demokratikong rebolusyong bayan na nagmula sa uring magsasaka. Kaalinsabay nito, ipinatatampok din natin ang daan-taong aping kalagayan ng mga magbubukid sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na bayan tulad ng Pilipinas na kinokontrol at ginagatasan ng mga imperyalistang bayan, hanggang sa kasalukuyan.

Lunod na nga sa kahirapan, higit pang inilulubog ng rehimeng US-Marcos II ang sambayanang Pilipino lalo na ang mga magsasaka sa kumunoy ng pagsasamantala. Imbis na ipamahagi sa mga magsasaka ang lupang matagal na nilang binubungkal at pinauunlad, isinusubo pa ito ng kasalukuyan at mga nagdaang rehimen sa pagmimina at mga dambuhalang proyektong sumisira sa kalikasan at sa kabuhayan ng mga Batangueño.

Sa Kanlurang Batangas kung saan pagtatanim ng tubó ang pangunahing inaasahan ng mga magsasaka, nagsara noong Disyembre 2022 ang Central Azucarera de Don Pedro Inc. o CADPI na siyang pinakamalaking gilingan ng tubó sa probinsya at pangalawa naman sa buong Luzon. Dulot ng pagsasara, higit apat na daang libo o 400,000 metriko tonelada ng tubó ang nabulok at ikinalugi ng mga plantador.

Sa kasalukuyan, pinepeste na ang mga tubuhan ng mga kulisap mula sa mga taad (itinatanim na bahagi ng tubó) na galing sa Egypt. Palpak din sa pagpuksa ang pestisidyong galing sa Sugar Regulatory Administration dahil ito ay para sa ibang uri ng peste. Dulot ng mga krisis na ito, hindi lang mga plantador ng tubó kundi pati ang mga manggagawang bukid sa tubuhan ay lubhang naapektuhan. Sila ang mga maghuhurnal at mga maggagapak, walang sariling lupa at nagbebenta lamang ng kanilang lakas-paggawa kapalit ng kakarampot na bayad. Sila rin ang pinakamaraming bilang at pangunahing imbwelto sa produksyon ng tubó.

Pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa naman ang laganap sa Silangang Batangas gaya ng pagtatayo ng San Juan Geothermal Power Plant na sasaklaw sa mga bayan ng San Juan, Rosario, Taysan, at Lobo. Talamak din ang mga proyektong mapanira sa kalikasan tulad ng operasyong pagmimina ng Bluebird Ventures Inc. na pipinsala sa mga kabundukan ng Lobo.

Hinahagupit na nga ng kawalan ng lupa at krisis sa pagkain at kabuhayan, binubusabos pa ng mga



pasistang tropa ng 59th Infantry Battalion at kapulisan ang mga magbubukid ng ating probinsya. Walang habas na nanghihimasok sa mga komunidad ang mga ito upang bantayan at agarang masupil ang anumang porma ng makatarungang pakikibaka na uusbong sa mga magbubukid. Ang isa sa kongkretong halimbawa nito ay ang ilang-araw na pagkakampo, pananakot, at panghahas ng 59th IBPA sa mga residente at lider-magsasaka sa komunidad ng mga magtutubó sa Brgy. Putol sa bayan ng Tuy na nananawagan ng ayuda sa guberno. Liban pa dito, dahil sa kanilang puspusang pananawagan sa guberno ay idinidiin din sila ng 59th IBPA bilang mga tagasuporta ng BHB, nang sa gayo'y mabigyang-katuwiran ng mga ito ang kanilang panghahas sa mga residente. Ang iba pang halimbawa ay ang pagpaslang ng parehong yunit ng militar sa 9-anyos na si Kyllene Casao at sa magsasakang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno, ang walang habas na pagpapaputok ng mga militar sa mga nakasalubong nilang magsasaka habang nag-ooperasyon sa bayan ng Lobo, ang pagkakampo sa mga barangay hall, eskwelahan, komunidad, at napakarami pang ibang paglabag sa karapatang tao.

Lalong naisisiwalat ang katotohanang ang AFP-PNP at ang buong estado mismo ay walang iba kundi tuta at instrumento ng naghaharing uring panginoong may lupa at malaking burgesya-komprador. Sa bawat aksyon ng mga mamamayan para sa pagbabago ay ang agarang reaksyon ng estado at ng pasistang hukbo para supilin ito.

Hinding hindi maaasahan ang anumang sangay ng reaksyunaryong gubyrno sa paglutas ng mga pundamental na suliraning panlipunan, sapagkat ito ay papet na estado ng malakolonyal at malapyudal na lipunan na kinokontrol ng imperyalismong Estados Unidos.

Sa ilalim ng programa ng Partido Komunista ng Pilipinas, isinusulong sa kanayunan pangunahin ng rebolusyonaryong magsasaka katuwang ang Bagong Hukbong Bayan ang rebolusyong agraryo o RA na mayor na nilalaman ng demokratikong rebolusyong bayan. Dito ay hakbang-hakbang na binabago ang kalagayan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang relasyon sa produksyon. Minimum na reporma sa lupa ng Partido ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid, pagpawi sa usura o pautang na may napakataas na interes, pagpawi sa pang-aalila at iba pang porma ng pagsasamantala ng panginoong may lupa sa magsasaka. Maksimum na reporma naman sa lupa ang kumpiskasyon nito mula sa despotikong panginoong may lupa at pamamahagi nito ng libre sa masang magbubukid. Ang mga ito ay malaon nang isinasagawa sa kanayunan at lubusang sinusuportahan ng masang magbubukid hanggang kasalukuyan.

Binubuklod ang mga magsasaka sa rebolusyonaryong organisasyong Pambansang Katipunan ng Magbubukid para katawanin ang interes ng magsasaka sa lupa at isulong ang pakikibaka. Itinatatag ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika (OKP) bilang binhi ng

demokratikong gubyernong bayan. May boses ang mga magsasaka sa mga OKP sa pamamagitan ng PKM para sa paggugubyerno ng kanilang sarili. Kaalinsabay itong pinalalakas sa isinusulong na armadong pakikibaka at RA.

Walang iba, kundi armadong rebolusyon ng mga mamamayan pangunahin ng uring manggagawa at magsasaka kaisa ang iba pang demokratikong pwersa, ang magpapabagsak sa nabubulok na sistema at magtatayo ng panibagong maunlad at makamasang kaayusan na pinamumunuan at pinatatakbo ng mga mamamayan. Bilang pinakamalawak na bahagi ng populasyon ng bansang malapyudal, napakalaki ng tungkulin ng bawat Pilipinong magsasaka bilang pangunahing pwersa sa pagtatagumpay ng digmang bayan, na sa pangunahi'y digmang magsasaka.

Tinatawagan ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Batangas ang lahat ng magsasaka sa probinsya upang nagkakaisang isulong ang lahat ng anyo ng pakikibaka, pangunahin ang armadong pakikibaka upang ipaglaban ang karapatan sa lupa at kabuhayan at ilantad ang kahungkagan ng reaksyunaryong gubyerno.

Pinakamataas na pagpupugay at Pulang saludo sa lahat ng martir ng kilusang magbubukid!  
Magsasaka, bawiin ang lupang kinamkam ng uring mapagsamantala! Pyudalismo, wakasan na!  
Kasabay nito ibagsak ang salot na imperyalismong US at burukrata-kapitalismo!

**MAGBUBUKID, SAMPA NA SA BAGONG  
HUKBONG BAYAN!###**

## **94th IB RCSP unit rape 2 women in Himamaylan City**

Oktubre 21, 2023

### **Dionesio Magbuelas, Spokesperson NPA-South Central Negros**

Just this week, the Philippine National Police (PNP) – Himamaylan City, Negros Occidental released a statement through PLt. Col. Reynante Jomocan that a rape case against a minor was documented in Brgy. Carabalan, Himamaylan City where the suspects are the alleged armed group involved in the Fausto family massacre last June 14. Without directly naming the “New People’s Army (NPA)” and just beating around the bush, obviously the Armed Forces of the Philippines (AFP) -PNP want to put the blame on the revolutionary forces of the NPA.

The truth is, way before the PNP released the statement, a unit of the Mount Cansermon Command (MCC-NPA) was already investigating the matter due to complaints raised by the victims’ kin.

According to the preliminary investigation of Red fighters, the rape incident occurred during the conduct of Retooled Community Support Program (RCSP) by the 94th IB’s Charlie Company based in Brgy. Mahalang, a neighboring barangay of Carabalan. From July 25 up to the month of September, the said unit encamped in a church and in houses at Sitio Cunalom-Lunoy, part of militarized areas in Brgy. Carabalan.

Within the duration of their civil military operation, two senior citizens were illegally arrested, six farmers were assaulted, and threats and deception were conducted through the 94th IB's so-called "loudspeaker operations".

To cover up their violence and douse the people's anger on their abuses, 94th IB soldiers initiated a basketball league and disco night at Sitio Cunalom-Lunoy. They persuaded the youth to bond with them and not be "deceived by the NPA."

Around the last week of August, when the military organized a disco night, the people witnessed two women (one 15-year-old and another around 18-21 years old) approached by five civilian-clothed 94th IB members near the entrance of the venue and were forced by the soldiers to go with them. The people recognized the five men to be members of the 94th IB since they were among the soldiers conducting RCSP in their community.

The next day, news about the two girls spread in the sitio and the neighboring sitios. According to the victims' families, the two went home wearing military uniforms after they were raped. The MCC-NPA's investigation of the case is still on going and the victims' identities are undisclosed to protect their dignity and security.

Due to embarrassment and the uncontrollable dissemination of what happened, the 94th IB's RCSP unit suddenly withdrew from the area and returned more than a week later.

This incident increases the already numerous cases of human rights violations, particularly by 94th IB soldiers who are notorious criminals involved in murders, physical assault, illegal arrests, and other brutal and inhumane acts.

The baseless statements and accusations of PNP-Himamaylan City against the NPA only show their desperation in defeating and smearing the prestige of the NPA. This is akin to trumped-up cases filed last September 1 against individuals tagged as NPA members and alleged suspects in the Fausto family massacre despite the lack of authorization from the remaining kin of the victims. It is a complete opposite of the victims' family's claim that to them the true perpetrators of the massacre are the AFP-PNP.

The PNP and AFP are only worsening their already rotten credibilities through making false statements with the intent to destroy the NPA.

The MCC-NPA challenges the LGU of Himamaylan City to help the farmers who are victims of relentless human rights violations in Brgy. Carabalan.

The MCC-NPA also urges the people particularly in highly militarized areas and those experiencing countless abuses by the AFP-PNP to unite, remain firm and collectively resist the atrocities in order to defend their livelihoods and communities.

We are also asking for the all-out support of the people and also for assistance in investigating these cases such as extrajudicial killings and rape

cases so the criminal 94th IB who continue to scourge the area will be made accountable.

Along with this, the MCC-NPA vows to make the AFP-PNP/NTF-Elcac, especially the 94th IB, answer for their crimes. Units of Red fighters will mount tactical offensives that will weaken the enemy and seize their weapons to be utilized in claiming justice and advancing the people's aspirations.###

## **AFP's summary execution of civilians, a desperate act**

Oktubre 21, 2023

### **Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros**

No armed encounter transpired between the Armed Forces of the Philippines (AFP) and the New People's Army (NPA) on October 17, 2023 in Sitio Nabalas 1, Barangay Canlusong, EB Magalona, Negros Occidental.

Roselyn Jean Pelle Command - Northern Negros Guerilla Front of the NPA (RJPC-NPA) reiterates the statement of the Apolinario Gatmaitan Command - Negros Island Regional Operational Command that no NPA unit is deployed at the said area and the said time of the alleged armed clash. Further, both Christian Job Vargas and Mylene Salgado, were ordinary farmers, not affiliated to RJPC-NPA in any way.

The incident was another bloody military operation of the #DiMasaligan79IB against

defenseless civilians; this time, against the farmer couple and their family.

Lt. Col. J-jay Javines, 3rd Infantry Division spokesperson and former # DiMasaligan79IB Commanding Officer, and Lt. Col. Arnel Calaoagan, # DiMasaligan79IB Commanding Officer, as well as 3ID's Commanding Officer MGen. Marion Sison, shamelessly uttered lies to cover-up their nefarious acts of targeting unarmed citizens.

Moreover, the AFP's desperation comes after failures of their relentless massive military operations to engage, in an armed clash, the "dismantled front's remnants and weakened forces"; in lieu, the RJPC-NPA successfully mounted an ambush recovering a number of firearms and other small operations.

Vargas and Salgado's summary execution also served as the reactionary government and AFP's terror campaign in Barangay Canlusong to suppress people's clamor against the Bulk Water Project (BWP) posing a threat to residents' lives and livelihood. Malogo River, streaming through the said village, is one of the two sources of the BWP and the source of residents' potable water, irrigation for their rice fields and other livelihood.

RJPC-NPA is one with victims of social injustice and the reactionary government's display of unconcern to people's distress. People of northern Negros have suffered much from AFP and its force multipliers' attacks since the Duterte regime up to the present fascist rule. Just yesterday, the Sagay



9 massacre was remembered and cries of justice reverberate through the island. RJPC-NPA vows to act accordingly to defend the people and attain justice.

## **Maglunsad ng mga digmang rebolusyonaryo laban sa mga gerang imperyalista**

Oktubre 21, 2023

### **Central Committee Communist Party of the Philippines**

Oktubre 14-15, 2023 | Ipinaaabot ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pinakamainit na pagbati ng pakiisa sa mga kalahok sa Pandaigdigang Kumperensyang Panteorya hinggil sa Imperyalismo at Gera na inorganisa ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Lubos naming ikinararantal na buksan ang kumperensyang ito at ibahagi ang aming mga pananaw sa maiiinit na usapin sa teorya na may malalim na kabuluhan sa pulitika at praktika ng uring proletaryado at malawak na masa ng mamamayan ng daigdig sa kanilang pakikibaka laban sa imperyalistang gera sa pamamagitan ng mga rebolusyonaryong digma para sa pambansa at panlipunang paglaya at sosyalismo.

Ikinalulugod namin ang paglahok ng makabuluhang bilang ng mga partido komunista at mga organisasyon mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Tinatanaw namin ang Marxista-Leninistang mga talakayang panteorya at palitan

ng mga praktikal na rebolusyonaryong karanasan bilang paraan ng pagbubuo ng konsensus hinggil sa mga komun na plano para sa kooperasyon, koordinasyon at pagsusuportahan sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong pakikibaka sa sarili nating mga bansa, na mulat na bahagi tayong lahat ng isang pandaigdigang prente laban sa imperyalismo at imperyalistang gera.

Hindi matatawaran ang kabuluhan nitong pandaigdigang kumperensya sa teorya na idinaraos sa gitna ng tumitinding inter-imperyalistang tunggalian na humahantong sa lantarang sigalot at gera. Naghahasik ang mga tunggaliang ito ng malawakang karahasan at pasakit sa uring manggagawa at iba pang anakpawis, nagsasadlak sa mga atrasado at malakolonyal na bansa sa higit pang masahol na pambansang pang-aapi, at higit na nagpapaigting sa pagsasamantala sa uring manggagawa sa mga kapitalistang bansa. Sa kabilang banda, nag-aanak din ang mga ito ng mga oportunidad para sa mga partidong komunista at manggagawa upang iangat ang kanilang kakayahan at mas mainam na ipwesto ang sarili para samantalahin ang posibleng pagsiklab ng isang rebolusyonaryong sitwasyon sa pamamagitan ng pamumuno sa malawak na masang manggagawa, magsasaka at iba pang pinagsasamantalahan at aping uri tungo sa landas ng rebolusyonaryong makauring pakikibaka sa kani-kanilang mga bansa.

Iminumungkahi naming magtuon ng pansin ang kumperensyang ito sa sumusunod na mga susing usapin:

Una, ang balangkas sa teorya kaugnay ng usapin ng di-maiiwasang mga gera—partikular sa mga imperyalistang gerang pananakop at panghihimasok, na mapaminsalang mga bunga ng monopolyo kapitalismo, at resulta ng walang-humpay na pagtutulak ng pampinansyang kapital na palaparin ang saklaw ng impluwensya at larangan nito ng pamumuhunan, at ang pagpupumilit ng mga imperyalistang kapangyarihan na magpataw ng hegemonya.

Pangalawa, ang kasalukuyang balanse ng kapangyarihan sa hanay ng mga imperyalista at mga tampok na salpukan sa marahas at di-marahas na hidwaan sa pagitan nila; ang umiigting na inter-imperyalistang armadong komprontasyon dulot ng agresibong pagtutulak ng US na magpataw ng unipolar na kontrol sa isang multipolar na kaayusan ng daigdig; ang pinatatagal na gera sa Ukraine, na pangunahing proxy war ng US at NATO laban sa Russia; gayundin ang umuusbong na banta ng mainit na gera sa Asia sa usapin ng Taiwan at Korean peninsula bilang kasalukuyang larawan ng estratehiyang US Indo-Pacific na palibutan ang China at pigilan ang pag-unlad ng kapangyarihang pang-ekonomya at pangmilitar nito.

At pangatlo, ang aktitud at patakaran ng uring manggagawa sa paglaban at paghadlang sa inter-imperyalistang gera, ang panawagang agarang itigil ito oras na sumiklab, at ang patakarang samantalain ang mga gerang ito upang isulong ang mga demokratiko at sosyalistang interes at

pangmatagalang adhikain ng proletaryado at iba pang progresibo at rebolusyonaryong mga uri.

Teorya at kasaysayan: Gera bilang resulta ng imperyalismo

Ang akdang “Imperyalismo, pinakamataas na yugto ng kapitalismo” ni Lenin ang siya pa ring pinakasiyentipiko at pinakamasinsing pagsusuri sa huling yugto ng kapitalistang sistema. Isa itong pagpapaunlad sa teorya mula sa Das Kapital ni Marx, kung saan matalas na tinukoy ni Lenin na imposible nang umiral ang nakaraang sistema ng malayang kumpetisyon dahil sa labis nang sentralisadong kapital at kapitalistang produksyon.

Nananatili tayo ngayon sa panahon ng monopolyong kapitalismo at proletaryong rebolusyon na inilarawan ni Lenin. Bilang mga komunista, may susing kahalagahan ang palagian nating pag-aaral at pagbabalik-aral sa “Imperyalismo” ni Lenin upang mapahigpit ang paggagap natin sa panteoryang balangkas ng Marxismo-Leninismo bilang gabay sa ating pag-unawa sa kasalukuyang mga pangyayari.

Nananatili sa kasalukuyan ang mga esensyal na katangian ng imperyalismo, na tinukoy at binalangkas ni Lenin bilang monopolyo kapitalismo: (i) ang labis na konsentrasyon ng produksyon at kapital ay humantong sa pagbubuo ng makakapangyarihang monopolyo; (ii) ang pormasyon at pamamayani ng kapital sa pinansya o oligarkiya sa pinansya batay sa pagsasanib ng kapital sa pagbabangko at sa industriya; (iii) ang

eksport ng kapital, kaiba sa eksport ng kalakal, ay nagkaroon na ng pambihirang kahalagahan (iv) ang pormasyon ng internasyunal na mga asosasyong monopolista na naghahati-hati sa daigdig; at, (v) ang teritoryal na paghahati-hati ng buong daigdig sa hanay ng pinakamalalaking kapangyarihang kapitalista ay nalubos na.

Para sa ating kasalukuyang talakayan hinggil sa imperyalistang gera, magtutuon tayo ng atensyon sa ikalimang katangian ng imperyalismo—ang teritoryal na dibisyon ng mundo—nang hindi bumibitiw sa interaksyon ng lahat ng limang katangian.

Sinulat ni Lenin noong 1914 na " Sa unang pagkakataon, lubos nang nahati-hati ang daigdig, kaya muling paghahati-hati na lamang ang posible sa hinaharap...". Sa anumang takdang panahon, ang umiiral na "hatian" sa mundo ay resulta ng marahas na tunggalian sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan. Anumang tangkang "baguhin ang hatian" ay magtatagumpay lamang sa pamamagitan ng higit pang marahas na tunggalian. "Ito ang usapin: liban sa digma, ano pa ang ibang paraan sa ilalim ng kapitalismo para pangibabawan ang di pagkakapantay ng pag-unlad ng mga produktibong pwersa at ang akumulasyon ng kapital sa isang banda, at ng dibisyon ng mga kolonya at mga saklaw ng impluwensya ng kapital sa pinansya sa kabila?"

Pamalagiang pagpapalawak ang likas na takbo ng kapitalismo, na inuudyok ng pangangailangang magkamal at muling ipuhunan ang labis na

halaga, sa tulak ng walang humpay na kapitalistang kompetisyon. Hindi kailanman nagpapakuntento ang mga kapitalista sa kung anong mayroon sila. Yaong makukuntento'y dinudurog ng kumpetisyon at namamatay. Hindi pinawi ng monopolyo kapitalismo ang kapitalistang kumpetisyon, bagkus, ay higit pa itong pinatalim. Palagiang itinutulak ng imperyalismo ang kumpetisyon sa sukduhan at higit na itinataas ang antas ng kahayukang magpalawak. Ang pinaigting na kumpetisyon ang nagpatindi sa pangangailangan magpalawak ng pagkukunan ng hilaw na materyales, larangan ng pamumuhunan, merkado, at saklaw ng impluwensya at hegemonya; at sa lalupang pagpapalaki ng reserbang hukbo ng paggawa upang isadlak ang presyo ng lakas-paggawa.

“Interesado ang kapital sa pinansya,” ani Lenin, “hindi lamang sa natuklasan nang mga pagkukunan ng hilaw na materyales kundi maging sa maaaring pagkunan pa nito, dahil napakabilis ng kasalukuyang teknikal na mga pagsulong.” Nasasaksihan natin sa kasalukuyan kung papaanong pinapasok ng mga higante ng pampinansyang kapital ang lahat ng sulok ng mundo at bawat piraso ng lupa sa pag-uunahan nilang humanap ng pagkukunan ng mineral na rare earth, mga metal at iba pang bagong materyal na napakahalaga para sa pagpapaunlad ng makabagong teknolohiya—kabilang ang mga semiconductor at kompyuter para sa artificial intelligence—para sa komunikasyon, mga robot, enerhiya, paggalugad sa kalawakan, at kagamitang militar.

Ang hindi mapawing pagnanasang magpalawak at ang hangganang pisikal ng materyal na mundo ay magkatunggaling aspeto ng kapitalistang sistema. Sa ilalim ng monopolyo kapitalismo, ang kontradiksyong ito ay pinaigting ng ilang ulit, habang ang kapangyarihang pang-ekonomya, pampolitika, pangmilitar, gayundin teknikal, ay nakakonsentra sa kamay ng oligarkiya sa pinansya at mga ahente nito sa estadong burgis. Tinukoy ni Lenin na “sinisikap ng kapital sa pinansya sa pangkalahatan na kamkamin ang pinakamalawak na lupa na anumang klase at kahit pa saan, at sa anumang paraan, nang umaasa sa posibilidad na makatutuklas doon ng hilaw na materyales, at sa pangambang mapag-iwanan sa maigting na tunggalian para sa huling mga labi ng independyenteng teritoryo, o para sa muling paghahati-hati niyong mga teritoryong nahati-hati na.”

Hahantong sa mapopoot na sigalot ang nabanggit na mga aspetong nagtutunggali dahil masasagad kalaunan ang ribalan ng mga makapangyarihang kapitalista sa pinansya na pawang kumukontrol sa buong mga estado at militar ng mga ito, maging sa mga mersenaryo at organisasyong kriminal. Hindi ito mapipigilan. Noong 1920, isinulat ni Lenin na, “Ang mga digmaang imperyalista ay absolutong di maiiwasan sa ilalim ng ganoong sistemang pang-ekonomya (ng monopolyo kapitalismo), hanggat umiiral ang pribadong pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon.” Inilantad niya ang unang digmaang pandaigdig (1914-1918) bilang “isang digmaan para sa paghahati-hati ng daigdig, para sa partiyon at muling partiyon ng

mga kolonya, mga saklaw ng impluwensya ng kapital sa pinansya, atbp.” Sa gerang ito, ang mga imperyalistang kapangyarihan ay nahati sa dalawang kampo: ang “Allies” (France, UK, Russia, US, Italy at Japan), at ang “Central Powers” (Germany, Austria-Hungary at ang Ottoman Empire), kabilang ang mga umuusbong na imperyalistang kapangyarihan na naglalaway sa mga teritoryong kolonyal ng mga lumang imperyo.

Ang parasitismo, pagkabulok at krisis ng kapitalismo ay lumilikha ng mga kundisyon para sa rebolusyon. Inilalagay sa ligalig ang mga reaksyunaryong burgis na sistema, laluna ng mga imperyalistang gera. Ito naman ang nagbibigay sa mga partidong komunista at manggagawa ng oportunidad na ilantad ang kabulukan ng naghaharing sistema, at pukawin at pakilusin ang mamamayan sa mga sosyalistang pag-aalsa at mapagpalayang digma. Sa kasagsagan ng unang digmaang pandaigdig, itinulak ni Lenin ang patakaran ng “rebolusyonaryong pagkatalo” o ang paghahangad na matalo ang “sariling” burgesy sa pagsabak nito sa mga imperyalistang gera. Ang patakarang ito ay nakaayon sa Basle Manifesto noong 1912 ng Ikalawang Internationale na nanawagan sa mga sosyalista sa buong mundo na “samantalain ang pang-ekonomya at pampulitikang krisis na dulot ng gera upang pukawin ang mamamayan at nang sa gayo’y mapabilis ang pagbagsak ng paghahari ng kapitalistang uri.” Walang kapagurang nilabanan ni Lenin ang oportunismo ng mga sobinisitang sosyal—mga sosyalista sa pananalita ngunit



sobinista sa gawa. Ang panawagan ng mga rebisyunistang ito na “ipagtanggol ang amang bayan” ay tumungo sa makauring kolaborasyon sa kanilang “sariling” mga naghaharing gubyernong burgis, at kalauna’y sa pagkawatak-watak sa hanay ng mga partido sosyalista at pagguho ng Ikalawang Internationale.

Sa kanyang pambungad sa Imperyalismo noong 1920, sinabi ni Lenin na, “imperyalismo ang bisperas ng sosyalistang rebolusyon ng proletaryado” na pinatotohanan ng tagumpay ng Rebolusyong Bolshevik ng Oktubre 1917. Mapatutunayang wasto ang deklarasyong ito ng sumunod na mga rebolusyonaryong tagumpay sa buong mundo sa mga sumunod na dekada. Ang matagumpay na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa Unyong Sobyet ay nagpalaya sa sangkanim (1/6) ng mundo mula sa mga imperyalista, na siya ring nagpaigting sa inter-imperyalistang tunggalian, at higit na nag-anak ng mga kundisyon para sa paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka sa iba’t ibang dako ng mundo.

Higit-kumulang dalawang dekada lamang ang lumipas bago muling marahas na nagsalpuhan ang mga imperyalistang kapangyarihan para sa bagong hatian sa mundo. Sa gitna ng matinding krisis, bumaling ang ilang imperyalistang kapangyarihan sa pasismo at diktadura upang patindihin ang pagsasamantala sa proletaryado at masang api at ipataw ang pinakamasasahol na atake upang durugin ang rebolusyonaryong paglaban ng uring manggagawa; paigtingin ang

kolonyal na panunupil upang alipinin ang mahihinang bansa; sakupin at atakehin ang mga teritoryo ng kanilang mga imperyalistang karibal; at ilunsad ang todo-gera laban sa Unyong Sobyet, ang noo'y pandaigdigang muog ng proletaryong rebolusyon at kuta ng kapayapaan. Ang ikalawang digmaang pandaigdig (1939-1945) ay gera para sa redibisyon ng kapitalistang mundo, kung saan ang mga pasista ay naghangad ng higit na malalaking teritoryo para sa imperyalistang ekspansyon.

Ang Ikatlong Internationale, sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet, ay nagpatupad ng patakaran ng pagbubuo ng anti-pasistang Prenteng Popular kasama ang US, France at iba pang imperyalistang "Allied forces", sa harap ng mga plano ng Germany at Japan na atakehin ang Unyong Sobyet mula sa kanluran at silangan. Ang patakaran noo'y manawagan ng kapayapaan at hadlangan ang pagsiklab ng isang digmaang pandaigdig; at kung sumiklab ang gera, labanan ang pasistang atake laban sa Unyong Sobyet sa ilalim ng islogang ipatanggol ang sosyalistang inangbayan; labanan ang pasistang pananakop saanman ito gawin, tulad sa China, Indochina at Southeast Asia; ilunsad ang rebolusyon sa mga bansang nakapailalim sa pasistang paghahari tulad ng Spain, Germany, Italy, Japan; at isulong ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayan saanman posible. Ang proletaryado at mamamayan ng Unyong Sobyet, na nakatikim sa bunga ng sosyalistang konstruksyon sa loob ng nagdaang mahigit dalawang dekada, ay magiting na lumaban upang ipagtanggol ang unang

sosyalistang estado at naglunsad ng patriyotikong digma sa ilalim ng bandila ng CPSU.

Ang antipasistang nagkakaisang prente o ang patakaran ng Prenteng Popular ay ipinatupad ng mga partido komunista at wastong nailapat sa maraming kaso, at mali sa ilan. Wastong ipinatupad ng Partido Komunista ng China (CPC) ang patakaran sa pamamagitan ng pagbuo ng nagsasariling kapangyarihan habang nakipagkaisa sa reaksyunaryong gubyernong Chiang Kai Shek, habang ipinatupad ang programa ng minimum na reporma sa lupa upang hamigin ang mga reaksyunaryong Chinese sa paglulunsad ng komun na pakikibaka laban sa pasistang Japan. Ipinakita nito sa mamamayang Chinese na ang CPC ay walang-tinag sa pagpapalaya ng China mula sa kolonyalismong Japan, at inilantad ang kolaborasyon sa pagitan ni Chiang Kai Shek at pwersang Japan sa panunupil sa CPC at Pulang hukbo. Sa takbo ng digmang bayan laban sa Japan, nagkamit ang Pulang hukbo ng malalaking tagumpay at nakaipon ng rebolusyonaryong lakas.

Sa Pilipinas, ang Prenteng Popular ay ipinatupad din noong 1945 ng pinagsanib na Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas. Subalit nabigo itong ipatupad ang makauring pagsasarili at inisyatiba at nagbunsod ito ng serye ng mga kamalian sa patakaran, pangunahi'y mga Kanang oportunistang kamalian. Nagpatali ito sa pagbubuo ng isang ligal at nakasentro-sa-lunsod na kilusang antipasista sa ilalim ng poder ng reaksyunaryong papet na rehimen ng US, at bunga nito'y napwersang

lumikas sa kanayunan sa di-organisadong paraan nang okupahin ng pwersa ng Japan ang Maynila. Sa tulak ng mga sirkumstansya ng kolonyal na pananakop, nagdesisyon ang pamunuan ng pinagsanib na partido na itatag ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon o Hukbalahap ngunit nabigong maglunsad ng pakikidigmang gerilya para samantalain ang malawak na kanayunan ng Pilipinas. Sa halip, tinipon ang mga tropa nito sa nahihwalay na kabundukan ng Gitnang Luzon na naging madaling target para sa armadong panunupil ng kolonyalistang Japan. Masahol pa, nagpatupad ang pinagsanib na partido ng patakarang “umatras para magdependa” at pasibong linyang militar alinsunod na patakarang “lie-low” ng US Armed Forces in the Far East (USAFFE). Ang patakarang ito ay pinuna at iwinasto noong 1943 nang ipatupad ng pinagsanib na partido ang pakikidigmang gerilya na dahilan para makapagtatag ng nagsasariling mga armadong rehimen sa Gitnang Luzon at Timog Katagalugan hanggang sa pagtatapos ng gera laban sa Hapon. Pero sa halip na konsolidahin at palakasin ang makauring kasarinlan at pamumuno ng proletaryado, muling “sinalubong” ng pinagsanib na partido ang kolonyal na pwersang Amerikano, at tinransporma ang rebolusyonaryong hukbo tungong “beteranong” asosasyon, na nagbigay-daan sa armadong panunupil at pagmamasaker sa mga rebolusyonaryong base. Sa ilalim ng panawagang nagkakaisang prente sa papet na rehimen at “demokratikong kapayapaan,” nauwi ang pinagsanib na partido sa purong ligal na parlamentaryong pakikibaka na sa kalauna’y

bumakbak sa lakas ng proletaryado at ng rebolusyonaryong baseng masa.

Sa ibang mga bansa, nagbunsod ang ikalawang digmaang pandaigdig ng tagumpay ng mga rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya at sosyalismo sa Europe at Asia, kabilang na ang tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa China noong 1949 at ang paglaya ng Korean peninsula noong 1945 mula sa 35 taong kolonyalismo ng Japan. Ang pinagsanib na paghahari ng uring proletaryado mula 1949 hanggang 1956 ay sumaklaw sa sangkatlo ng sangkatauhan na progresibong nakapamuhay sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa, bago ang pagtatraydor ng modernong rebisyunismo sa Unyong Sobyet (1956 pataas) at China (1977 pataas).

Mula noong ikalawang digmaang pandaigdig, nagawa ng mga imperyalistang kapangyarihan na iwasan ang mga sigalot-militar sa pandaigdigang antas. Gayunpaman, sa halos walong dekada, naglunsad ang mga imperyalistang kapangyarihan ng sunud-sunod na mga gerang agresyon at interbensyon, sa iba't ibang saklaw at tagal. Mula dekada 1950, pinakaagresibo ang imperyalismong US. Mayroon itong mahigit 700 base militar at pasilidad sa ibayong dagat na nakakalat sa buong mundo. Mayroon itong 11 aircraft carrier na barkong pandigma (limang beses na marami kaysa anupamang imperyalistang kapangyarihan) para ipangalandakan ang kapangyarihan at hegemonya sa anumang bahagi sa mundo. Naglunsad ito ng mga gerang agresyon at interbensyon sa Asia

(China, Korea, Vietnam, Laos, Cambodia, Pilipinas, Pakistan); sa Middle East (suporta sa Israel laban sa Palestine, Iran, Kuwait, Iraq, Syria at Afghanistan); sa Eastern Europe, sa pakikipagsabwatan sa NATO (Yugoslavia, Ukraine); sa Africa (Nigeria, Somalia, Sudan, Tunisia, Liberia, Kenya, Ethiopia, Libya); at sa Latin America (Cuba, Nicaragua, Venezuela, Colombia). Hanggang noong dekada 1980, binigyang katwiran ng US ang mga gerang interbensyon at agresyon sa pamamagitan ng pagtaguri sa mga ito bilang “gera laban sa komunismo;” at mula 2001, isang dekada matapos ang pagguho ng Unyong Sobyet, bilang mga “gera laban sa terorismo”.

Ang imperyalismo ay ang huling yugto ng kapitalismo na kinatatangian ng lubhang parasitismo at pagkabulok. Sinasagad nito ang mga kontradiksyon ng kapitalistang sistema. Sa humigit-kumulang nagdaang siglo, sumiklab ang mga kontradiksyong ito sa malalaki at maliliit na gera, at patuloy na pana-panahong sisiklab hanggat ang mga monopolyo kapitalista ay sangkot sa walang habas na kumpetisyong kinatatangian ng walampatid na pag-uunahang kontrolin ang mas malalaking merkado, pinagkukunan ng hilaw na materyales, reserbang lakas paggawa, saklaw ng impluwensya at larangan ng pamumuhunan para sa labis na kapital.

Kasalukuyang tampok na mga inter-imperyalistang sigalot

Mula nang magapi ang sosyalistang rebolusyon sa Unyong Sobyet at China, ang pandaigdigang kapitalistang sistema ay kinatatampukan ng sumusunod na mayor na kontradiksyon: sa pagitan ng monopolyo kapital at proletaryado sa mga kapitalistang bansa; sa pagitan ng nagriribalang mga imperyalistang kapangyarihan; sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at aping mamamayan at bansa; at sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at mga bansang nagtataguyod ng pambansang soberanya at sosyalistang programa.

Sinasalamin ng mga kontradiksyong ito ang mga pangunahing aspeto ng kasalukuyang pandaigdigang imperyalistang sistema. Inilalarawan ng mga ito ang makauring kalikasan ng pinakamahahalagang isyu, mga pampulitikang sigalot, panlipunang pag-aalsa, gera at rebolusyon na kinakaharap ng sangkatauhan sa kasalukuyang yugto ng kasaysayan. Anuman sa mga kontradiksyong ito ay maaaring maging prinsipal na kontradiksyon na magtatakda ng pangunahing agos sa mundo. Ang pag-igting ng mga kontradiksyon, isa-isa man o lahat sa isang takdang panahon, ay sumasalamin sa pag-igting ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, mula sa isang yugto ng krisis tungo sa isa pa.

Ang kasalukuyang yugto ng krisis ay kinatatangian ng matagal nang istagnasyong pang-ekonomya na mauugat pa sa krisis pampinansya noong 2008, kung saan hindi pa lubos na nakababawi ang US at iba pang nangungunang kapitalistang bansa at ang

kabuuang pandaigdigang sistema. Ang matagal nang istagnasyong pang-ekonomya ay naglantad sa hangganan ng mga patakarang neoliberal sa ekonomya mula pa noong dekada 1970.

Ang puno't dulo ng istagnasyon ay ang kapitalistang krisis sa labis na produksyon, na inianak ng batayang kapitalistang kontradiksyon sa pagitan ng sosyalisadong produksyon at pribadong pag-aari ng kasangkapan sa produksyon at sa hatian ng labis na halaga na siyang nagbunsod ng anarkiya sa produksyon. May sarplas na imbentaryo sa halos lahat ng tipo ng kalakal mula langis hanggang butil, semiconductor hanggang sasakyan at iba pa. Dumudulo ito sa maigting na paligsahan para sa kontrol sa mga bagong merkado, sa paglikha ng bagong kalakal, sa pagkukunan ng mas mura at mas maraming hilaw na materyales, at iba pa. Ang paligsahang ito, kung gayon, ay tumutungo sa mas maigting na inter-imperyalistang kontradiksyon—ang pangalawa sa apat na mayor na kontradiksyong nasasaad sa itaas, na siya nating tutuunan ng pansin para sa kasalukuyang talakayan.

Walang patid ang pagsiklab ng mga armadong tunggalian sa buong mundo mula pa noong dekada 1990 pangunahin dahil sa paggigiit at pagpapataw ng imperyalismong US ng nangingibabaw nitong kapangyarihang militar. Mula sa pagguho ng Unyong Sobyet noong 1990 at mabilisang kapitalistang pagpapalawak ng China hanggang 2010, iginigiit ng US ang unipolar na pagkubabaw nito sa lahat ng bahagi



ng mundo. Ang pinakamalalaking gera ng nagdaang tatlong dekada ay kinasangkutan ng US. Noong dekada 1990, ang US (kasabwat ang NATO) ay nasangkot sa iba't ibang armadong sigalot sa Eastern Europe (kabilang ang gerang Balkan) upang pahinain ang impluwensya ng Russia sa mga bansang dating kabilang sa Warsaw Pact, at palakasin ang pusisyon ng NATO. Mula 2001, ginamit ng US ang tinaguriang “gera laban sa terorismo” upang ikomoplahe ang pagpapataw nito ng hegemonya sa pamamagitan ng pagsakop at pag-okupa sa mga soberanong teritoryo, ang pagtatatag ng armadong presensya sa iba't ibang bansa sa mundo, gayundin ang interbensyunistang pag-uudyok ng gulo para patalsikin ang mga independyenteng gubyrerno at magluklok ng mga papet na rehimen.

Mula noong 2010, ang mga imperyalistang kapangyarihang karibal ng US na pinangungunahan ng Russia at China ay nagpapalakas at nagtutulak ng pagtatatag ng bagong kaayusang multipolar na daigdig, upang salaminin ang aktwal na balanse ng kapangyarihang pang-ekonomya at pangmilitar. Ang pagkakatatag ng BRICS (Brazil, Russia, India, China at South Africa) na kooperasyong pang-ekonomya at bangko, at ng Shanghai Cooperation Organization (SCO) ay direktang hamon sa matagal nang pang-ekonomya at pangmilitar na pangigingibabaw ng US. Ang mga hamon na ito ay kasabay ng estratehikong pagbulusok ng ekonomya ng US na resulta ng pagbagsak ng kapasidad nito sa manupaktura, labis na pagkalubog sa utang at sunud-sunod na krisis sa

pinansya mula sa pagputok ng bula ng dotcom (2000), subprime o krisis sa pabahay (2007) at pagguho ng mga bangko (2008).

Tinatayang gumastos ang US ng \$7- hanggang \$8-trilyon sa mga gera sa ibayong dagat mula pa noong 2001. Ang patakaran ng US na walang katapusang panggegera ay aktibong itinataguyod ng kapital sa pinansya nito, kabilang na ang mga bangko at malalaking kapitalistang mamumuhunan, na malalim na nakaugnay sa industriyang militar ng US kabilang ang mga tagamanupaktura ng armas, kontraktor sa depensa at pribadong mersenaryo.

Lalong tuwirang iniuumang ng US ang mga sandatang pang-ekonomya, pampolitika at pangmilitar nito sa Russia at China. Upang igiit ang paghirang-sa-sarili na pandaigdigang kapangyarihan habang humaharap sa matagal nang istagnasyon at krisis pang-ekonomya, hangad ng US na bakbakin at hadlangan ang kapangyarihang pang-ekonomya, pampolitika at pangmilitar ng Russia at China, at sa proseso ay lumilikha ng mayor na mga tampok na tunggalian mula Europe hanggang Asia. Mayroon ding mga sekundaryong namumuong sigalot sa Middle East, Africa at Latin America na ibinubunga ng mga ribalang inter-imperyalista, na kaugnay rin sa tunggalian ng US sa mga bansang naggigiit ng pambansang soberanya.

Sa kasalukuyan, ang pinakamahalaga at pinakamaigting na sigalot ay ang inudyok at pinatatagal ng US na gera sa Ukraine na 18 buwan nang tumatakbo. Isa pang mayor na

namumuo ay ang papalaking presensya ng pwersang militar ng US sa South China Sea hanggang Pacific Ocean, kasama ang mga alyadong militar nito (Australia at UK sa ilalim ng AUKUS, at India, Japan at Australia sa ilalim ng Quad), bilang bahagi ng Indo-Pacific Strategy.

Ano ang tindig natin sa gera sa Ukraine?

Kailangan mailinaw na ang gera sa Ukraine ay may likas na katangian ng isang imperyalistang gera, sa pagitan ng Russia, sa isang banda, at ng imperyalismong US at mga alyado nito sa NATO sa kabilang banda, kung saan ginagamit nito ang Ukraine bilang proxy o kasangkapan at base upang bakbakin at siklin ang pag-ekonomyang interes at hegemonya ng Russia. Sa lahat ng gera sa nagdaang mga dekada, ang gera sa Ukraine ang pinakamalapit at pinakatuwiran na inilunsad ng US laban sa Russia. Dahil sangkot ang US at mga prinsipal nitong alyado sa NATO, may potensyal na pasiklabin ng gerang ito ang mas malawak na pandaigdigang gera at magbunsod ng paggamit ng armas nukleyar at iba pang mapangwasak na abanteng kasangkapang militar.

Sa pag-uudyok sa gera sa Ukraine, estratehikong layunin ng US at NATO ang pahinain ang Russia sa larangan ng ekonomya (agawin ang kontrol sa mga mina at lupang pang-agrikultura at ang merkado nito ng natural gas sa Europe), sa larangan ng pulitika (sulsulan at suportahan ang internal na subersyon at gawing sanhi ito ng pagkakawatak-watak ng pederasyong Russia), at sa larangang militar (paguhuin ang kapasidad nito

sa pamamagitan ng pagtali dito sa matagalang gera), gayundin upang bigyan ang pampinansyang kapital at industriyang militar ng US ng oportunidad na magkamal ng dambuhalang tubo.

Ang pag-atake ng Russia sa Ukraine (ang tinagurian nitong espesyal na operasyong militar) ay isang akto ng kontra-agresyon. Hindi ito paglaban sa pambansang pang-aapi, kundi pagdepensa sa imperyalistang interes nito laban sa ekspansyonismo at panghihimasok ng NATO sa saklaw ng dating impluwensya ng Russia sa Eastern Europe, at laban sa mga hakbang na pasanibin ang Ukraine sa NATO. Ang layunin ng Russia ay protektahan ang interes ng oligarkiya nito sa pinansya, ipanumbalik ang pampulitikang dominasyon nito sa Ukraine upang imantine ang bansa bilang panangga sa panghihimasok ng NATO, at panatilihin ang mga dating mga teritoryang pang-agrikultura at pang-industriya sa ilalim ng hegemonya ng Russia. Upang makamit ang layuning ito, naghasik ang Russia ng malawakang pinsala sa proletaryado at mamamayan ng Ukraine. Walang simpatya at hindi sinusuportahan ng proletaryado ng Russia at daigdig ang gera ng Russia laban sa Ukraine.

Sa suporta ng US at NATO, pinaypayan ng guberno ni Zelensky ang Russophobe (pagkamuhi sa mga Russian) at nagsagawa ng mga patakarang mapang-away sa populasyong nagsasalita ng Russian at sa silangang rehiyon ng Ukraine. Nililinlang ni Zelensky ang mamamayan ng Ukraine at mundo. Nagpapanggap siyang ang paglaban sa atake ng Russia ay isang

“patriyotikong gera upang depensahan ang kalayaan ng Ukraine”, ngunit ang totoo’y layong ipailalim ang Ukraine sa alyansang US-NATO, at matatag na ipailalim ito sa kontrol at proteksyon nito upang dito itukod ang kanyang naghaharing rehimen, tiyakin ang makauring interes ng burgesya at panatilihin ang panunupil at pagsasamantala sa proletaryado at mamamayan ng Ukraine. Walang simpatya at hindi sinusuportahan ng proletaryado ng Ukraine at daigdig ang rehimen ng Zelensky na nagsisilbing tau-tauhan sa gera sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Dapat magkaisa ang pandaigdigang proletaryado at itakwil pangunahin ang imperyalistang pangkat ng US-NATO sa paglikha nito ng mga kundisyon para sa gera, pang-uudyok sa Russia na atakehin ang Ukraine, pag-aarmas at pagsangkalan sa Ukraine upang pagsilbihan ang eskpansyunismo ng US-NATO laban sa Russia, at sa pagpapatagal ng gera sa pamamagitan ng pagbibigay ng walang katapusang suplay ng armas at ayudang militar sa Ukraine. Dapat samantalain ng rebolusyonaryong pwersa ng proletaryado sa Russia at Ukraine, sa partikular, ang mga kundisyon ng gera upang pabilisin ang pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa uring manggagawa at mamamayan sa kanilang mga bansa upang ilunsad ang makauring pakikibaka, itayo ang mga unyon at organisasyon, ilantad at labanan ang gerang inilulunsad ng naghaharing uri at ipanawagan ang agarang pagwawakas nito sa pinakapektibong paraan. Upang magawa ito, kailangang itatag o palakasin ang partido

komunista. Dapat itong malalim at malawak na umugat sa uring manggagawa, at pumukaw sa mamamayan na maglunsad ng armadong paglaban sa hustong porma at antas upang pabilisin ang pagbagsak ng naghaharing reaksyunaryong sistema.

Isa pang inter-imperyalistang sigalot ang tuluy-tuloy na namumuo Asia. Matapos makipagsabwatan sa China noong panahon ng kapitalistang panunumbalik mula huling bahagi ng 1970 hanggang sa panahon ng pagpapairal ng mga patakarang neoliberal, nagdeklara ang gubyerno ng US ng “pihit sa Asia” noong Nobyembre 2011 upang itulak ang pampulitika at geopolitikal na interes ng US at kontrahin ang pang-ekonomya at pangmilitar na paglakas at impluwensya ng China.

Sa hangaring muling makapangibabaw sa mundo, tunguhin ng imperyalismong US na bagbagin ang napakalaking bentahe ng China sa manupaktura, laluna sa sektor ng teknolohiya, at pigilan ang pagkalat ng impluwensyang militar nito. Malaon nang nananawagan ang gubyernong US sa China na buwagin ang mga korporasyong pang-estado (na kontrolado ng mga monopolyo kapitalista ng estado) sa tabing ng pagtutulak para sa isang “rules-based system” (o “sistemang may mga alituntunin”). Upang ihiwalay ang China, itinulak ng gubyernong Obama ang Trans-Pacific Partnership, isang kasunduang pang-ekonomya na hindi kasali ang China, at ipinatupad ang proteksyunistang mga hakbanging para akitin pabalik ang kapital sa US. Sa ilalim ni Trump,

nagpataw ang US ng mga hakbanging pamarusa sa mga produkto ng China upang bawasan ang pangkalakalang depisito ng US, at tinarget ang mga kumpanyang Chinese na inakusahan nitong nagsasagawa ng paniniktik para sa gubyernong China, upang suportahan ang mga kumpanya sa pagmamamanupaktura ng US.

Upang palakasin ang paggigiit nito, nagsagawa ang US ng higit pang mapopoot na hakbang laban sa China. Itinulak nito ang NATO na hayagang ideklara ang China bilang “estrategikong banta”, at pinakilos ang mga alyadong militar nito na dagdagagan ang presensyang militar sa mga karagatang nakapaligid sa China sa tabing ng paglulunsad ng mga “joint patrol” at “kalayaan sa paglalayag” na patuloy na nagiging agresibo. Ipinakat ng US ang hindi bababa sa limang aircraft carrier (USS Ronald Reagan, USS Carl Vinzon, USS Abraham Lincoln, USS Nimitz at USS George Washington) sa loob at palibot ng South China Sea.

Alinsunod sa tinagurian nitong estratehiyang “first island chain” na palibutan ang China mula sa pinakamalalapit na mga isla, higit pang pinalakas ng US ang presensyang militar at pagpupusisyon nito ng mga misayl at iba pang kagamitang militar sa Japan, South Korea at Singapore. Pinalalakas nito ang base militar sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagtatayo ng hindi bababa sa siyam na base militar at mga pasilidad, at pagsasagawa ng sunud-sunod na ehersisyong militar kung saan napananatili ng militar ng US ang permanenteng presensya sa bansa. Sa loob ng higit limang taon,

binuhusan nito ng dambuhalang suportang militar ang Armed Forces of the Philippines upang paigtingin ang mga operasyong kontrainsurhensya sa hangaring gapiin ang demokratikong rebolusyong bayan na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa mga nagdaang taon, ginagatungan ng US ang mga “kilusan para sa kasarinlan” sa Mongolia, Hongkong at Xinjiang, at nitong huli’y pinapaypayan ang tinaguriang “kasarinlan ng Taiwan” na taliwas sa matagal nang kinikilalang prinsipyong “One China”. Sunud-sunod ang mga upisyal ng US na bumisita sa Taiwan at nagdeklarang ang US ay “dedepensa sa Taiwan”. Inaprubahan ng Taiwan ang pagbili ng isang pakete ng \$500-milyon halagang armas mula sa US noong Agosto. Maoobserbahang ginagamit ng US ang Tawain upang udyuking umatake ang China, parehong taktikang ginamit nito sa Ukraine upang udyukang umatake ang Russia.

Ang tugon ng China sa mga pang-uudyok ng US ay nagiging mas palaban at agresibo. Sa kasaysayan, hindi pa nasangkot ang China sa anumang agresyon o okupasyon ng mga teritoryo. Bilang pandaigdigang rebolusyonaryong sentro mula 1947-1977, nagpatupad ito ng patakaran ng pagsuporta sa mga rebolusyonaryong pakikibaka, pakikipagkaisa sa mga bansang nagtataguyod ng pambansang soberanya, at kalakalan, diplomasya at pagkakapantay-pantay militar at nukleyar sa mga kapitalistang bansa at imperyalistang kapangyarihan. Bilang isang imperyalistang kapangyarihan mula noong huling bahagi ng 2000,



mabilis na humabol ang China sa usaping lakas-militar, pinalaki ang gastos sa depensa para sa pagpapaunlad ng mga armas (ultrasonic missiles) at mga aircraft carrier upang itaas ang kapasidad na magdala at magpakat ng mga tropa sa ibayong dagat.

Wala pa tuwiran o pangmilitar na paghamon ang China sa hegemonya ng US o ng iba pang mga imperyalistang kapangyarihan. Bilang imperyalistang bansa, pinalawak ng China ang hegemonya nito sa pagwasiwas ng pang-ekonomyang lakas sa pamamagitan ng malalaking proyektong imprastruktura sa ilalim ng One Belt, One Road Initiative, at kinubabawan at itinali ang mga ekonomya ng maliliit na mga bansa sa pamamagitan ng mga dambuhalang pautang at pamumuhunan upang pagulungin ang importasyon ng kalakal, pagkakamkam ng hilaw na materyales, pagsasamantala sa murang lakas paggawa at iba pa.

Dahil sa laki ng hawak ng China na US treasury (utang ng gubyernong US sa anyo ng mga bono) na mahigit \$820 bilyon at dahil US ang pangunahin nitong dayuhang mamumuhunan at merkado para sa mga eksport, wala sa interes nito na tuluyang kumalas sa US. Gayunpaman, kasama ang Russia, sinisikap ng China na magtatag ng pantapat na sistemang pampinansya na hindi tali sa dolyar at sistema sa pinansya ng US.

Ang base militar ng China sa Djibouti sa kanluran ng Africa ang tangi nitong dayuhang base militar. Gayunpaman, nagtayo rin ito ng mga pasilidad militar sa mga artipisyal na isla sa loob ng

China’s response to US provocations is becoming more and more bellicose and aggressive. Historically, China has never engaged in aggression and occupation of territories. As a global revolutionary center from 1949-1977, it pursued a policy of supporting revolutionary struggles, unity with countries upholding national sovereignty, trade, diplomacy and military and nuclear parity with capitalist countries and imperialist powers. As an imperialist power since the late 2000s, China started to rapidly catch-up in terms of its military strength, increasing its defense spending for developing weapons (ultrasonic missiles) and aircraft carriers to raise its capacity to transport and deploy troops overseas.

China has yet to outrightly and militarily challenge the hegemony of the US or other imperialist powers. As an imperialist country, China has expanded its hegemony by throwing its economic weight around through large-scale infrastructure building under its so-called One Belt, One Road Initiative, and overwhelming and binding the economies of smaller countries through large amounts of loans and investments to finance the importation of commodities, extraction of minerals and raw materials, exploitation of cheap labor and so on.



With more than \$820 billion in US treasuries and with the US serving as one of its principal foreign investor and export market, it is not to China's interest to be completely decoupled from the US. At the same time, together with Russia, China is seeking to establish a parallel financial system that is not tied to the US dollar and financial system.

China's military base in Djibouti in the western coast of Africa is its only foreign military base. It, however, has also established military facilities in reclaimed land within Philippines maritime territory, conducts maritime patrols and interdictions, and prevents small Filipino fisherfolk access to their traditional fishing grounds. The deployment of military forces in these facilities and waters are considered by the Filipino people as acts of aggression or incursion. In addition, China has also been establishing military facilities in Cambodia, Tajikistan and Pakistan.

The increasingly intense economic competition and military confrontation between the US and China are in the nature of contradictions between rival imperialist powers. In either side of the conflict, the ruling monopoly capitalists seek to secure and expand their imperialist power to oppress weak nations, exploit its people and plunder its resources. This conflict threatens to break out in open war as a result of the aggressive push of the US.

The international proletariat must unite and condemn the war preparations and do everything

to mobilize the masses to prevent the outbreak of an inter-imperialist war that can only succeed in bringing untold misery and disaster to the working class and people, especially in the smaller countries which are being dragged into the conflict between the imperialist “great” powers.

Communist parties must rouse all patriotic and democratic forces in condemning principally US imperialism which is primarily responsible for generating conditions that are leading to the escalation of threats of war in the Asia-Pacific region. A regional and international united front of all anti-imperialist and democratic classes must be established to mobilize the biggest number of peoples against US intervention and war provocations, and against imperialist wars.

Imperialist China must be condemned for using its economic might to carry-out large-scale plunder of mineral and marine resources of weaker countries, exploitation of cheap labor, highhanded diplomacy, and trampling of their economic and political sovereignty.

The proletarian revolutionary forces in China must take lead in vigorously exposing modern revisionism and state monopoly capitalism; fighting the monopoly bureaucrat capitalists in the state and ruling pseudo-communist party; arousing, organizing and mobilizing the proletariat and people to carry out revolutionary class struggles; denouncing the policy of imperialist expansionism; and joining in a broad united front of peoples opposed to imperialist war.

The broad united front of all anti-imperialist forces must mobilize the biggest possible number of people in mass demonstrations to manifest widespread resistance to imperialist wars of aggression and war preparations. The strength of the anti-imperialist united front will be drawn primarily from working class unions and basic mass organizations of peasants and other democratic classes and sectors. The proletariat must militate the broad masses to wage struggles to resist worsening forms of oppression and exploitation, that must be raised and linked to the struggle against imperialist oppression and wars. Where applicable, communist parties must carry out revolutionary armed resistance, including people's wars in semicolonial and semifeudal countries, as the principal form of struggle, in order to effectively fight imperialist armed suppression and build the independent political power of the proletariat.

The Communist Party of the Philippines considers waging people's democratic revolution through protracted people's war and all other forms of mobilizing the broad masses of the Filipino people to seek the downfall of the neocolonial state as its specific contribution to the struggle against inter-imperialist war. Waging revolutionary armed struggle in the Philippines as well as other countries is one of the most potent means to fight to prevent the outbreak of inter-imperialist war in the Asia-Pacific region. The armed revolution against US imperialism and its puppet forces in the Philippines serves as an impediment for US plans to provoke and ignite an armed conflict in

the region that will drag the Philippines, knowing how this will generate conditions that will also rouse the Filipino people's patriotism, stoke the flames of a revolutionary patriotic war.

Summary of our attitude and policy with regard inter-imperialist war

Amid the outbreak and threats of wars pitting the biggest imperialist powers against one another and unleashing the most terrible suffering to millions of workers and toiling people, it is of great urgency for the proletariat to put itself at the vanguard of the resistance to imperialist wars.

Drawing from past lessons, our general policy in relation to inter-imperialist wars can be stated in the following:

Fight imperialist wars, resist their outbreak, and when such wars break out, demand their immediate termination and take advantage of the economic and political crisis of the reactionary system by rousing the indignation of the people and mobilizing the masses to hasten the downfall of the ruling exploiting classes and advance the cause of national and social liberation, and socialism.

We must strengthen and consolidate the vanguard Party of the proletariat to lead and unite the workers and the broadest ranks of all democratic classes to carry out this policy.

We reiterate that the proletariat opposes inter-imperialist wars that serve the predatory and parasitic aims of monopoly capitalists to secure or

expand the territories under their economic, political and military hegemony, which bring unspeakable misery and catastrophe to millions of people, and subject greater number of workers and people to even worst forms of oppression and exploitation.

The broad masses of the workers and people, whether in capitalist countries, in weaker capitalist countries or in semicolonies, oppose inter-imperialist wars. They must be roused and mobilized to fight these wars by waging revolutionary war in the form of protracted people's wars in semicolonial and semifeudal countries and preparations for armed insurrection in capitalist countries.

History has proven that imperialism is the eve of proletarian revolution. Imperialist wars, in particular, generates a situation for the proletariat and other democratic classes to take advantage for advancing the revolutionary cause.

Today we face the real possibility of an escalation of current inter-imperialist wars and breaking out of new wars in different parts of the world. Guided by the above policy, the international proletariat must correctly combine the tasks of strengthening the Party, bringing together the broad masses under the banner of a united front against imperialist war, while taking advantage of the splits among the imperialists in order to carry forward the democratic and socialist revolution in their countries.

Ultimately, the fight against inter-imperialist wars rests on the proletariat and people waging revolutionary and class struggles against their “own” ruling class governments, whether in the aggressive or counter-aggressive imperialist countries, or in the countries that are being used as pawn, staging point or military foothold.

The proletariat and people must assert their class independence by not allowing the workers and people from being used as cannon fodder or mercenaries in the service of the ruling reactionary state. They must build all their strength to accelerate the downfall of the classes of exploiters and oppressors.

To recapitulate, let us sum up our tasks in fighting imperialist wars in the following order:

1. Build, strengthen and consolidate proletarian class leadership through their vanguard party by assiduously studying and applying Marxism-Leninism-Maoism on concrete conditions in their countries and striking deep roots among the working class and toiling masses.
2. Strengthen international consultation and dialogue between proletarian revolutionary parties to share experiences of revolutionary work and forge practical plans for cooperation, and mutual assistance and support.
3. Build the broadest united front to expose, oppose and demand an end to all imperialist

wars. Formal or informal, temporary or long-term alliances can be built on the basis of the following demands or a combination of these:

- Immediately terminate the war in Ukraine and end US-NATO interference and expansionism.
- Cease US-supported Israeli bombardment of Gaza and end US support to Israeli occupation of Palestinian territories.
- Stop US military build-up in the South China Sea, fanning Taiwan “independence,” and using its military bases and facilities in countries in the “first island chain” for war provocations against China
- End the frenzy of military spending and reallocate funds to social spending
- Dismantle all overseas US military bases and facilities from Asia to Africa. Withdraw and send home all US troops and aircraft carriers.
- End imperialist support and military aid for repressive regimes such as the Marcos government in the Philippines, the Modi government in India and others.
- Abrogate all lopsided military agreements allowing imperialist powers to use its semicolonies as military strongholds.
- Stop US-sponsored drone warfare and aerial bombing campaigns in India, the Philippines and other countries.

and other demands against wars of aggression, military intervention, proxy wars, war preparations, deployment of overseas military forces, maintenance and expansion of foreign military bases, increasing defense spending and arms race, and extending military aid for repressive regimes and occupying forces.

4. Accelerate the overthrow of the reactionary state of the ruling exploiting classes by taking advantage of the political and socioeconomic crisis conditions engendered by wars.
5. Wage revolutionary armed resistance in the form of protracted people's wars for national and social liberation or conduct preparations for armed insurrections as determined by specific conditions in each country.
6. Build the organized strength of the broad masses of workers and peasants, intellectuals and other democratic forces by building factory unions, community associations and all other forms of organizations. Amid the crisis made worse by wars and war spending, carry out strikes and other mass struggles in defense of class and democratic interests.

In closing, the CPP Central Committee wishes all success to the International Theoretical Conference on Imperialist Wars. We look forward to a healthy and productive exchange of ideas and experiences in our effort to further promote and enrich Marxism-Leninism-Maoism as we resist imperialist and wage revolution for people's democracy and socialism.



Let us unite and raise our voices as one:

Workers and all oppressed peoples of the world,  
unite against imperialism!

Wage revolutionary wars to fight imperialist wars!

End imperialist oppression and plunder!

Advance the people's democratic and socialist  
revolutions!

Uphold Marxism-Leninism-Maoism!

Long live the communist party and international  
proletariat!

**Wakasan ang pyudal at malapyudal na  
pagsasamantala, lutasin ang  
malawakang kahirapan at kagutuman!  
Itanghal at dakilain ang uring  
magsasaka!**

Oktubre 21, 2023

**Leona Paragua, Spokesperson  
NDF-Palawan**

Ngayong Oktubre, buwan ng mga Magsasaka, dinadakila ng National Democratic Front-Palawan ang malawak na hanay ng uring magsasaka kabilang ang mga manggagawang bukid at mga mangingisda sa probinsya at buong bansa. Dapat itanghal ang kanilang kabayanihan sa araw-araw nilang pagpapagod at pagpapakasakit, katuwang ang uring manggagawa, upang pakainin ang

buong lipunan sa harap ng sukdulang pagpapahirap ng rehimeng US-Marcos II.

Ang ekonomya ng Pilipinas ay atrasado, pre-industriyal at agraryan. Mayroon itong 124,400 ektarya ng lupang agrikultural na kalakhan ay maliitan at hiwa-hiwalay ang produksyon.

Lubhang inaapi at pinagsasamantalahan ang masang magsasaka na bumubuo ng halos 75%. Pinahihirapan sila ng pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala ng uring panginoong maylupa, laluna ang malalaking kumprador-panginoong maylupa kasabwat ang papet at pahirap na estado ng rehimeng US-Marcos II. Tahasang ibinubuyangyang ng kasalukuyan at bawat nagdaang administrasyon ang bansa sa monopolyo kapitalistang pandarambong sa anyo ng direktang pamumuhunan, kolonyal na kalakalan, ayuda at mga proyekto sa tabing ng USAID.

Sa Palawan, inilunsad ng Department of Agriculture-Mimaropa, kasama ang pribadong kumpanyang debeloper na DAI Global LLC, nitong Setyembre ang 1st Regional Farmer and Fisheries Clustering and Consolidation Cluster Summit para sa implementasyon ng Safe Water Project.

Nangangarap ang rehimen at imperyalismong US na makakamit ang seguridad sa pagkain at tubig sa probinsya sa pamamagitan lamang ng nasabing programang patubig at mga pabalat-bungang programang pangkabuhayan.

Itinakda ni Marcos II ang kanyang sarili bilang kalihim ng Department of Agriculture upang direktang kontrolin ang produksyong pang-agrikultura sa bansa. Sa pamamagitan nito,

ipinatupad niya ang liberalisasyon sa agrikultura at labis na pagsalig ng bansa sa import ng mga produktong pang-agrikultura sa kapinsalaan ng lokal na mga prodyuser, pangunahin na ng masang magsasaka. Ipinagpatuloy niya ang Rice Tariffication Law na isinabatang nagdaang rehimeng US-Duterte. Nagresulta ang mga neoliberalisasyon ng pahirap at anti-magsasakang patakaran ng rehimen sa agrikultura. Dinisloka nito ang kabuhayan ng mga magsasaka't manggagawang-bukid bunsod ng labis pagbaha ng mga imported na produktong agrikultural.

Kaugnay nito, inianunsyo ng mga opisyal ni Marcos II noong Setyembre ang planong pagbabawas hanggang pagtatanggal ng taripa sa imported na bigas para diumano'y "ibaba ang presyo" nito sa pamilihan. Lalo nitong pababahain ang imported na bigas sa pamilihan at hihila sa presyo ng bentahan ng palay sa kapinsalaan ng mga magsasakang Pilipino. Ang planong ito ng rehimen ang ipinampalit sa bigong Executive Order 39 ni Marcos II matapos itong salungatin ng kanya ring sariling mga opisyal at pag-angal ng mga maliliit na manininda at negosyante. Hindi nito tinupad ang pangakong bigyan ng subsidyo ang mga magsasaka kapalit ng itinakdang mababang presyo ng palay.

Kabalintunaan na habang sumisirit ang presyo ng bigas sa pamilihan, sumasadsad naman ang kalagayan ng mga magsasaka sa palayan. Sa maraming bayan sa Palawan, ang pinakamura nang halaga ng kada kilo ng bigas sa pamilihan ay ₱50. Partikular sa Narra, ibinebenta ng mga

magsasaka ang kanilang produktong palay sa halagang ₱21 lamang sa farm gate. Sa ganito, lusing-lugi ang kalakhan ng mga magsasaka dahil sa mataas na gastos sa produksyon, laluna ang petrolyo at abono. Malaki rin ang gastos sa pagpapagiling. Nananatiling maliitan at hiwa-hiwalay ang produksyon, di mekanisado at malaking bahagi sa probinsya ay nakaasa lang sa ulan para sa patubig. Kung isinadsad pa ng rehimen ang presyo ng palay sa farmgate sa ₱19-₱23 kada kilo para sa mga tuyong palay at ₱16-₱19 kada kilo para sa basang palay, malaking dagok ito para sa magsasakang Palaweno lalo't wala namang ayuda at suportang ibinibigay para sa kanila. Nitong mga nakalipas na malalakas na hagupit ng bagyo at habagat, daan-daang ektarya ng palayan sa hilaga at gitnang Palawan ang lumubog sa baha ngunit kapos at barya lamang ang ayudang ibinigay sa kanila ng lokal na gubyrerno.

Sa ilalim din ng rehimeng US-Marcos II, inaprubahan ang mga proyektong reklamasyon, renewable energy at mina at pinadali ang pagdambong ng mga dayuhang kapitalista sa rekurso ng bansa. Matatandaang hayagang inilalako ni Marcos at kanyang mga alipures sa mga dayuhang monopolyo kapitalista ang Pilipinas para sa pagmimina. Dahil dito, tiyak na namang dadami ang mga operasyon ng mga dambuhala at mapaminsalang mina laluna sa Timog Palawan. Wawasakin nito ang kalikasan at kapaligiran at magdidisloka pa sa tirahan at kabuhayan ng malaking bilang ng magsasaka at katutubong Palaweño.

Sa kabila ng kahilingan ng mga magsasaka at katutubo na itigil na ang mga plantasyong monocrop tulad ng oil palm, lalong iniengganyo ng estado ang pagpapalawak sa mga ito. Sa mga plantasyong ito, nilinlang ang mga magsasaka at katutubo na pumirma sa kontrata. Malubha ang umiiral na malapyudal na pagsasamantala rito tulad ng kawalan ng benepisyong dapat na natatanggap ng mga manggagawang-bukid at walang nireregular sa kanila. Napakababa rin ng pasahod sa kanila na umaabot lamang ng ₱215 kada araw.

Dagdag pa rito ang ginagawa ng rehimen at lokal na reaksyunaryong gubyerno na iskema ng pagpapalit-gamit ng lupa tungong iba't ibang klasipikasyon upang kamkamin ang lupa ng mga magsasaka. Noong Setyembre, gumugulong na ang muling pagtatasa sa gamit ng lupa sa El Nido na tiyak na magbibigay-daan sa ibayong pagpaparami ng mga pook para sa eko-turismo at residensyal sa nasabing bayan.

Nalulunod din sa kahirapan ang mga mangingisdang Palaweño sa kakaunting nahuhuli nila dahil sa mapanggipit na mga patakaran ng rehimen at lokal na gubyerno sa pangingisda. Tampok dito ang pagbabawas ng araw kung kailan sila maaaring makapaglaot sa saklaw ng karagatan na limitado rin. Dahil din sa mga patakarang neoliberal, maging ang isda na kanilang nahuhuli ay may kakumpetensyang mga imported na produktong isda sa pamilihan. Bukod sa ginagawang pagtataboy at panggigipit ng mga sasakyang pandagat ng imperyalismong China,

abala rin sa mga mangingisda ang halos buwan-buwang mga ehersisyong militar ng imperyalismong US at mga alyado nito sa karagatang saklaw ng eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas sa West Philippine Sea.

Kasabay ng ribalan ng dalawang malaking imperyalistang bansa sa WPS, target ng pandarahas ang mga magsasaka sa walang-puknat na focused military operations at retooled community support program operations ng rehimen. Ang mga lehitimo at makatarungang pakikibaka ng mga magsasaka at iba pang mamamayang Palaweño ay laging nire-redtag para bigyang katwiran ang pandarahas sa kanila. Pinakahuli ang iligal na pag-aresto at pagdetine sa anim na indibidwal na kabilang sa mapayapang nagpoprotesta sa iligal na operasyon ng Ipilan Nickel Corporation.

Hindi kailanman malulutas ng estadong malakolonyal at malapyudal ang kahirapan, malawak na kagutuman at mataas na implasyon sa Palawan at sa buong bansa dahil pinanatili nito ang mapagsamantalang relasyong pyudal at malapyudal na nagpapahirap sa mga pangunahing prodyuser ng pagkain sa bansa—ang magsasaka at mangagawang bukid. Pangunahin dito ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa kaakiba't ang pambansang industriyalisasyon na siyang tanging magbibigay katiyakan para sa seguridad sa pagkain ng bansa. Dagdag na pahirap sa mga magsasaka ang mataas na gastos sa produksyon, burukratikong korapsyon, liberalisasyon at malakihng importasyon ng mga produktong

agrikultural, pagpapalit-gamit at pangangamkam ng lupa sa kapakinabangan ng malalaking burgesyia kumprador at mga dayuhang agrikorporasyon,

Malubhang naapektuhan din ang mga magsasaka ng pagpapalawak ng minahan, pagkalason ng tubig dahil sa mga kemikal gamit sa pagmimina, plantasyong monocrop, pagkasira ng kalikasan na nagpabago ng klima na nagdudulot ng kalamidad dala ng mas dumadalas na malalakas na mga bagyo at pagbaha. Lahat ng ito ay nagdudulot ng panlipunang ligalig.

Sa kabila na sagana sa likas na yaman ang bansa at kung tutuusin ay kaya nitong makatayo-sa-sarili at tiyakin ang seguridad sa pagkain, subalit dahil sa papet na estadong sunod-sunuran sa dikta ng imperyalistang globalisasyon nanatili ito sa pagiging atrasado, pre-industriyal at agrikultural. Hindi ito makalikha ng surplus na kapital para ibunsod ang industriyalisyon sa bansa upang lutasin ang kahirapan at kagutuman.

Nananawagan ang NDF-Palawan na sa ganitong kalagayan, walang ibang solusyon sa problema ng masang magsasaka kundi isulong ang digmang bayan. Dapat silang magkaisa at palakasin ang hanay at tumalima sa pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Dapat makipagkaisa sa iba pang inaaping uri at sektor sa lipunan sa balangkas ng pambansang nagkakaisang prente.

Isulong ang rebolusyong agraryo na may maksimum na layuning kumpiskahin ang lupa ng

malalaking panginoong maylupa at malaking burgesyang kumprador para sa libreng pamamahagi ng lupa sa wala at kulang ang lupa. Sa kagyat ay ibubunsod ang pagpapababa ang upa sa lupa, pagpawi ng usura ng komersyante-usurero, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at pagpapataas ng produksyon bilang minimum na layunin.

Kaalinsabay ay dapat ipanawagan ang sapat na ayuda at subsidyo sa mga magsasaka, pagbabasura ng mga neoliberal na patakaran, tampok ang Rice Tarrification Law at ang malawakan at malakihang importasyon ng produktong agrikultural.

Dapat ding labanan ang pasismo at terorismo ng estado na tinatarget ang nakikibakang magsasaka at iba pang aping sektor para sa kanilang mga lehitimong interes at demokratikong mga karapatan.

Tanging sa pagtatagumpay lamang ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan mawawakasan ang pyudal at malapyudal na pang-api at pagsasamantala sa masang magsasaka at sa buong sambayanan. Itatayo ang estadong tunay na magsisilbi sa mayorya at mawawakasan sa bansa ang kahirapan at malawak na kagutuman.



# **Wasto at makatarungan ang armadong paglaban ng mamamayang Palestino laban sa henosidyo ng Zionistang Israel!**

Oktubre 21, 2023

## **Gliceria Marella Rosal, Spokesperson NDF-Batangas**

Pinagpupugayan ng National Democratic Front of the Philippines-Batangas ang mamamayang Palestino sa kanilang papalakas na armadong paglaban para muling mapasakanila ang lupang sinakop ng Zionistang Israel na siyang pwersahang nagpalayas at patuloy na kumikitil ng buhay ng libu-libong Palestino.

Nakikiisa ang NDFP-Batangas at ang mga kaalyadong organisasyon nito sa lahat ng mamamayan, mga rebolusyonaryo at mga makataong organisasyon sa buong daigdig na naglulunsad ng mga pagkilos bilang suporta sa dekada nang panawagang, “Palayain ang Palestine!” at pagkondena sa brutal na pag-atake ng Zionistang Israel sa mamamayang Palestino.

Sa tulak ng imperyalismong Britain noong 1917, isinakatuparan ang ideolohiyang Zionismo; ang pagtatayo sa loob ng Palestine ng isang “tahanan” umano ng mga Hudyo na mula Europa. Naging hudyat ito ng pagpapalayas sa mga Palestino sa sarili nilang lupa upang bigyang daan ang okupasyon ng mga Hudyo. Resulta ng mahigit 30-taong pagwasak sa mga tahanan at religious sites ng mga Palestino, ganap nang itinatag ang estado

ng Israel noong 1948. Ilang taon bago at matapos ito, naganap ang Nakba, isa sa pinakamadilim na yugto sa kasaysayan kung saan 15,000 Palestino ang pinatay at 750,000 ang pinalayas, at ang tanging itinira ng mga Zionista sa mga katutubong Palestino ay ang Gaza Strip at West Bank. Hindi pa nasapatan dito ang Estado ng Israel at nagpapatuloy pa rin ang marahas na pagpapalayas, pagbilanggo, indiscriminate firing at gerang agresyon sa mamamayang Palestino hanggang sa kasalukuyan. Henosidyo o paglipol sa isang lahi o nasyon itong ginagawa ng mananakop na estado ng Israel.

Oktubre 7, 2023, sa matinding paghahangad na wakasan ang 75-taong pagkubkob na ito, naglunsad ng sorpresang opensiba ang grupong Hamas at Izz ad-Din al-Qassam Brigades sa Israel. Brutalidad naman ang itinugon dito ng Israel kung saan ibinuhos ang malalakas na bomba at misayl sa Gaza Strip na nakatuon sa pagtugis hindi lamang sa Hamas, kundi sa sibilyang populasyon. Sa loob lamang ng 11 araw, mahigit 3,400 Palestino ang naitalang patay at mahigit 9,000 na ang sugatan.

Umabot na sa isang milyon ang nagbakwit sa kanilang mga tahanan sa Gaza matapos sapilitang itaboy ng Israel ang milyong Palestino mahigit 40 kilometro papuntang dulong timog para diumano sa kanilang “kaligtasan”, ayon sa tala ng United Nations (UN). Ngunit taliwas sa inaakalang kaligtasan, tinarget mismo ng mga bomba ng Israel ang mga lugar na maraming sibilyan:

eskwelahan, ospital, simbahan, moske, at refugee camps.

Oktubre 17, nag-iwan ng hindi bababa sa 57 patay ang pambobomba ng Israel malapit sa mga syudad ng Rafah at Khan Younis, kung saan pinapunta ng Israel ang mga sibilyan mula hilagang Gaza. Sa parehas na araw, binomba rin ng Israel ang Al-Ahli Arab Hospital na naglalaman ng nasa 3,000 bakwit. Mahigit 500 ang patay sa pag-atakeng ito, na kalakhan ay mga kababaihan at bata. Bago pa ito, tinatarget din ang mga emergency shelter ng UN Relief and Works Agency for Palestine Refugees in the Near East (UNRWA) kahit nasa loob na ng mga refugee camps. Kasabay nito, nakapagtala na rin ng maraming sibilyang kaswalti dahil sa pambobomba ng Israel sa West Bank.

Labas pa sa mga pambobomba, dalawang araw matapos ang opensiba, nagpataw ng total blockade ang Israel. Mahigpit nilang ipinagbawal at hinarang ang pagpasok ng pagkain, gamot, at iba pang dayuhang tulong sa Gaza Strip. Pinutol na rin ang suplay ng kuryente at tubig sa syudad kasunod ng pagbabanta ng Israel ng pagsugod o ground assault ng kanilang mersenaryong pwersa sa hilagang bahagi nito.

Nasa likod ng Israel ang imperyalismong US sa walang-habas na paggamit nito ng pinakamasasahol na paraan para supilin ang mamamayang Palestino—mula sa indoktrinasyon ng pasismo sa mga pwersang militar ng Israel hanggang sa pagpupwesto ng mga sasakyang pandigma at mga kagamitan nito sa buong Israel -

sukdulang lumabag sa Internasyunal na Makataong Batas na nangangalaga sa karapatan ng mga sibilyan. Pakitang-tao ring nagpahayag ang US na kinukundena nito ang mga pambobomba na kumitil sa buhay ng libong Palestino, ngunit isinisisi pa rin sa Hamas ang pagsiklab ng digma. Ang mas masahol pa, patuloy pa ring pinopondahan ng US ang armadong pwersa ng Israel, \$3 bilyon kada taon na ayudang militar, gayong hindi na maitatangi na ang mga gamit militar ng Israel ay instrumento sa pagmasaker sa mamamayang Palestino. Higanteng tubo ang nakakamal ng mga Amerikanong kumpanyang nagmamanupaktura ng mga kagamitang pandigma tulad ng Raytheon na gumawa ng “Iron Dome” kaya naman suportado ng imperyalistang US ang henosidyong ito.

Higit pang pinatindi ng mga krimen sa digma ng Israel ang galit ng mamamayan sa buong daigdig. Bumuhos ang malakihang mga kilos-protesta sa buong mundo, kasama ang mamamayang Pilipino, para kundenahin ang henosidyo sa mamamayang Palestino, na ang tanging hinahangad lamang ay bawiin ang teritoryong inagaw sa kanila ng Israel. Hindi na masikmura ng sangkatauhan ang karumal-dumal na krimen sa digma ng Israel, higit lalo ng imperyalismong US na siyang nasa likod ng gerang agresyon hindi lamang sa Palestine, kundi sa iba pang mga bansang kolonya at malakonya, tulad ng Pilipinas.

Ang karahasan na dinaranas ng mga kapatid nating Palestino ay nararanasan din ng mga Batangueño dahil sa mga karumal-dumal na

krimen ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at imperyalismong US sa loob ng mahigit isang siglo at nagpapatuloy hanggang sa ngayon na may mga teroristang 59th IB sa mga sibilyang komunidad. Kaisa ng mga kapatid na Bangsamoro, mariin nilang kinukondena ang pambobomba ng Israel sa sibilyang komunidad sa Gaza Strip, at ang total blockade na singkahulugan ng pagpatay sa mamamayang Palestino.

Nananawagan ang NDFP-Batangas na higit pang palakasin ang mga kilos-protesta laban sa gerang agresyon ng Zionistang Israel sa mamamayang Palestino at suportahan ang kanilang armadong pakikibaka. Palaganapin ang kawastuhan at pagiging makatarungan ng armadong paglaban na siyang ultimong paraan upang mapabagsak ang mga teroristang estado tulad ng Israel, US at ng rehimeng US-Marcos II nang sa gayon ay makamit ang tunay na kalayaan at kapayapaang nakabatay sa hustisya.

Free Palestine! Panagutin ang Zionistang Israel sa kanilang krimen sa digma! Ihinto ang ayudang militar sa Israel! Mamamayang Batangueño, suportahan ang armadong paglaban ng mga Palestino! Isulong ang digmang bayan!

**Mga kandidato sa BSK Elections,  
alagaran ang katawhan!**

Oktubre 22, 2023

**Cecil Estrella, Spokesperson  
NPA-Northern Negros**

Wala'y kandidatong gituboy ang Roselyn Jean Pelle Command - Prenteng Gerilya sa norte nga bahin sa Negros sa Bagong Hukbong Bayan (RJPC-NPA) sa umaabot nga eleksyon sa Barangay ug Sangguniang Kabataan (SK). Girespeto sa rebolusyonaryong kalihukan nga daghan pa ang nagtuo sa reaksyonaryong eleksyon, busa dili manghilabot ang NPA sa kampanyahanay ug botohanay sa mga kandidatong nagpapili isip kapitan o kagawad sa konseho sa Barangay o bisan sa SK.

Apan angayang itin-aw nga walay malauman nga mahinungdanong kausaban paagi sa reaksyonaryong eleksyon tungod instrumento kini sa nagharing sistema para ipabilin ang nagtunhay nga sistemang alang-alang kolonyal ug alang-alang pyudal sa nasud.

Subay sa pagpreserba sa kalinaw sa matag erya ug pagpabilin sa kagawasan sa katawhan nga mosalmot (o dili) sa piniliay, nagpaandam ang RJPC-NPA sa mga kandidato ug tigsuporta niini nga dili mohimo og kadaot para mopabor ang resulta sa piniliay sa usa ka kandidato. Nagpasidaan sab ang RJPC-NPA sa bisan kinsa nga mogamit sa maayong ngalan sa NPA para manghulga o magpahumot para botohan ang usa ka kandidato.

Nagpahibalo usab ang RJPC-NPA sa tanang kandidato sa piniliay sa Barangay ug SK nga gawasnon kamo sa pagpangampanya sulod sa teritoryo sa demokratiko nga gobyerno sang pumuluyo, apan wala gitugutan ang pagdala og armas o goons.

Sa bisan unsang kahimtang nga mababagan ang kagawasan sa katawhan nga musalmot (o dili) sa eleksyon ug kagawasan sa pagpili sa nauyunang kandidato, mohimo og haom nga aksyon ang NPA.

Tungod anaa lang sa barangay nga ang-ang ang piniliay, mas nakakita ug nasinati mismo sa mga kandidato ang problema ug ubang isyu sa erya. Sa ingon, abli ang RJPC-NPA ug ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa nga makighinabi sa mga kandidato (ug sa umaabot nga pinili nga opisyaes sa barangay) para maplastar ang kahimtang sa mga lumulupyo ug mga sugyot sa NPA sa pagsabat niini.

Gihagit sa RJPC-NPA ang mga kandidato nga ipakita sa karon pa lang ang tinuoray nga pag-alagad sa katawhan. Pakigsandurot ug hibalua ang ilang giatubang nga inadlaw-adlaw nga problema ug ang ilang handum sa barangay.

Nanawagan man ang RJPC-NPA sa mga lumulupyo ug botante nga tun-an ang mga pilion nga kandidato. Pilion ang mga kandidatong adunay maki-katawhan nga programa sama sa tinuoray nga reporma sa yuta, hustisya, kalinaw kag kagawasan, ug tiunay nga nag-alagad sa katawhan. Ingonman, isalikway ang mga kandidatong nigamit og pwersa ug pagpangilad para pilion sa katawhan, nagdala sa interes sa mga despotiko nga agalong yutaan ug nagpagamit sa pasista nga AFP/PNP/ NTF-Elcac. ###

## **Ambus ng NPA laban sa 59th IB sa Lobo, matagal nang inaasam ng mga magbubukid ng Batangas laban sa kontra-magsasakang AFP**

Oktubre 23, 2023

### **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Batangas**

“Aba, dapat lang! Sa mga NPA, may nasugatan ba?”

Walang pagsidlan ang tuwa at bilib ng mga magsasakang Batangueño matapos mabalitaang binigwasan ng mga Pulang mandirigma ng Eduardo Dagli Command-Bagong Hukbong Bayan ang nag-ooperasyong iskwad ng 59th IBPA nitong ika-16 ng Oktubre at ang kanilang aktibong depensa sa isang labanan noong ika-15 kapwa sa Barangay Bignay sa bayan ng Lobo. Sa kabuuan, hindi bababa sa lima ang natamong kaswalti sa hanay ng mga teroristang 59th IBPA habang wala namang natamo ni anumang pinsala sa NPA, ang tunay na tagapagtanggol naming mga magsasaka.

Paboritong kasangkapan ng Bluebird Merchant Ventures Ltd, isang dayuhang kumpanya ng pagmimina ang 59th IBPA upang magmistulang asong-bantay sa kabundukan ng Lobo sa tabing ng kampanyang kontra-insurhensya, nang sa gayo’y tuluyan nang masimulan ang malawakang pagmimina ng ginto sa ating lalawigan. Sa ganito, masasabing tunay ngang protektor ang 59th IBPA, siyang tunay ay protektor sa interes ng mga dayuhang kapitalista habang walang kaparis na



terorismo naman ang inihahasik sa mga mamamayan at magsasakang Batangueño.

Isang taon ang nakaraan, pinaslang ng berdugong 59th IBPA ang 50 taong-gulang at may kapansanan sa pag-iisip na magsasakang si Maximino Digno sa Barangay Cahil, Bayan ng Calaca.

Upang mag-hugas ng kamay, pinalabas ng mga berdugong ito na si Digno ay mandirigma ng NPA. Kaparehong taon din, pinaslang naman ng mga berdugong ito si Kyllene Casao, siyam na taong gulang na batang babae sa Barangay Guinhawa sa Taysan. Nito namang mga nagdaang buwan, sinusuyod ng mga kasundaluhan ang mayaman at malawak na kabundukan ng Lobo partikular sa mga Barangay ng Apar, Balibago, Biga, Bignay, Calo, Calumpit, Jaybanga, Nagtaluntong, Nagtoctoc, Malabrigo, Mabilog na Bondoc, Malapad na Parang, Malalim na Sanog, Pinaghawanan, Sawang, at Soloc. Maging sa mga kumunidad ng magtutubo sa Calaca, Balayan, Tuy at Nasugbu. Walang ibang pakay ang mga ito kung hindi ang maghasik ng terorismo at pambababoy sa aming mga karapatan. Umabot pa ito sa pagpapalabas ng mga pekeng engkwentro at mga pekeng nakumpiskang gamit ng mga Pulang mandirigma. Wala nang kredibilidad at katawatawa na lamang ang inabot ng kanilang desperasyon na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa Batangas at gapiin ang BHB.

Sawang-sawa na ang mga magsasakang Batangueño sa kasinungalingang ipinalalaganap ng mga kasundaluhang ito upang pagtakpan ang

kanilang mga kasalanan sa sambayanang Batangueño, maging sa Quezon na kanila ring eryang kinikilusan. Kung kaya naman, ang matagumpay na opensibang ito ng BHB-EDC ay nagdulot ng galak at tuwa sa aming mga magsasaka dahil unti-unti nang nasisingil ang 59th IBPA sa kanilang mga inutang na dugo, at perwisyong hatid sa aming karapatan, lupa at kabuhayan. Kung kaya nama'y inaasahan pa namin ang mas marami pang opensiba ng NPA laban sa mga berdugong ito.

Anumang hagupit ng reaksyunaryong estado at ng mga aso nitong militar, asahan ng Bagong Hukbong Bayan na hinding hindi mauubusan ng suporta at tiwala mula sa uring magsasaka at mga mamamayang kanilang pinaglilingkuran. Dahil unawa naming walang ibang wastong landas kung hindi ang lumahok, tahakin, at sumuporta sa pambansa-demokratikong rebolusyon upang ipagwagi ang aming lupa, kabuhayan at karapatan.

Panata ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid-Batangas ang patuloy na pagpapalawak at pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa lalawigan para sa pagpapasiklab ng suporta at pakikilahok sa armadong pakikibaka.

Magbubukid ng Batangas, kamtin ang tunay na reporma sa lupa! Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## **Duha ka backhoe sa UBI giparalisa sa NPA**

Oktubre 23, 2023

### **Malem Mabini, Spokesperson NPA-North Central Mindanao Regional Operational Command**

Duha ka backhoe ang gi-paralisa sa NPA-North Central Mindanao niadtong October 16, 2023, 10:40 am didto sa sityo Mahagwa, Barangay Hagpa, Impasug-ong Bukidnon.

Ang maong equipment, gipanag-iyahan sa Ulticon Builders Incorporated (UBI) kansang naila nga usa sa pinaka dakong kompanya nga gipaburan sa reaksyunaryong gobyerno sukad pa sa rehimeng Duterte. Gi-garantiya na usab niini ang mga minerales ug lapad nga kayutaan nga anaa sa kabukiran sa Pantaron Range aron pambayad utang sa mga langyaw.

Ang “Build Better More” ni President Marcos Jr pagpadayon lamang sa korapsyon nga programang “Build Build Build” ni Duterte. Ultimong tumong nga bulduson ang lapad nga kabukiran alang pagsulod sa logging, mina ug expansion sa plantasyon. Ang ilang dautan nga plano sa kinaiyahan gitabilan sa pakanang “farm to market road” aron kuhaon ang simpatiya sa katawhan ug tabunan ang rason sa pagmugna og kalsada alang sa mina nga mosumpay sa Agusan, Bukidnon, Misamis Oriental Davao ug uban pang probinsya.

Tataw nga walay pakabana ang estadong Marcos-Duterte sa pag-amoma sa kinaiyahan taliwala sa nasinateng pag-init sa kalibutan sa kasamtangan.

Labaw sa tanan ang punitibong aksyon, tubag sa mapadayunong gisinggit nga hustisya sa katawhan tungod sa pagpasagad sa kompanya sa ilang mga lihetimong pangayo alang sa pagbayad sa damyos sa mga naguba nga propridad sa mga tawong naguba ang umahan ug kabalayan, pagpataas sa suhulan ug uban pang mga benipesyo nga gihikaw kanila.

Kahinumduman nga ang UBI dugay ng nahimong target sa NPA- NCMR sa mga punitibong aksyon sukad pa niadtong 2021. Apan ang nagpadayong aksyon sa kasamtangan, timaan lamang nga wala gihapon nahimatngon ang maong kompanya sa ilang mga obligasyon sa katawhan labina sa ilang mga trabahante, salaod sa pagguba sa kinaiyahan ug panginabuhian ug lakip na ang pagrespito sa rebolusyonaryong kalihukan.

Taliwala sa gipanghinambog nga security forces nga nakapalibot sa maong mga ekwepo nga 8th IB, 88th IB ug 16th IB Philippines Army dakong tamparos sa mga binayrang sundalo ang malampusong aksyon sa NPA.

Angay mahigmata ang katawhan sa kamatuoran ug lantawon ang sitwasyon sa atong kinaiyahan ug dipensahan kini batok sa kadaot nga dala sa mga maki-kaugalingon nga interes sa mga langyaw ug mga lokal nga gobyernong naka benipesyo sa kinaiyanhong bahandi sa nasud.

Busa isip hait nga hinagiban, dili mohunong ang NPA sa pagduso sa lehitimong katungod sa katawhan ug pagdipensa sa atong kinaiyahan batok sa mga langyaw aron ipreserba kini alang sa sumusunod pa nga henerasyon.

Mabuhi ang armadong pakigbisog!

Depinsahan ang atong kinaiyahan!

## **Katarungan para kay Ka Jude!**

Oktubre 23, 2023

### **Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka)**

Pinagpupugayan ng mga rebolusyonaryong kababaihan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) ang buhay at pakikibika ni Ka Jude Fernandez, dating lider-estudyante at beteranong organisador ng uring manggagawa simula noong panahon ng Batas Militar ni Marcos Sr hanggang sa kasalukuyang nakaupo sa kapangyarihan ang nakababatang Marcos. Siya ay brutal na pinaslang ng mga berdugong elemento mula sa CIDG Rizal, PNP at Philippine Army noong Setyembre 29 sa kanyang tinutuluyang bahay sa Binangonan, Rizal.

Itinatala ang kanyang sinapit na brutal na pagpaslang sa kamay ng mga ahente ng estado bilang ika-72 kaso ng mga pagpatay sa hanay ng mga manggagawa simula 2016 at ika-apat naman sa panahon ng rehimeng US-Marcos II. Mariing kinukundena ng MAKIBAKA, sampu ng kanyang kasapian, ang malupit na pasismo at terorismo ng

estado na dinidirehe ng mga elemento ng imperyalismong US at nakatutok sa kilusang paggawa sa layuning pahinain ito sa gitna ng lumalakas na panawagan para sa nakabubuhay na sahod at iba pang demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino.

Tulad ng kanyang pasista't diktador na ama, pilit na naghuhugas-kamay si Marcos Jr mula sa mga inutang na dugo nito sa pamamagitan ng pangako nitong 'impartial probe' hinggil sa pagpaslang kay Ka Jude. Sa huli, aalingasaw at aalingasaw ang baho ng bulok na estado at kahungkagan ng hustisya at demokrasya sa loob nito.

Bago ang kanyang brutal na pagpaslang, si Ka Jude ay aktibong nangunguna at lumalahok sa kampanya para sa umento sa sahod ng mga manggagawa. Kalakip din nito ang paggiit para sa pagpapabasura ng kontraktwalisasyon at pagtatanggol ng karapatan para sa pag-uunyon. Tiniyak nya na bahagi ng mga pangkalahatang panawagan ng mga manggagawa ang kaakibat na laban para palayain ang mga kababaihan mula sa dagdag na pang-aapi sa loob at labas ng pagawaan.

Siya ay nagsimula bilang lider-estudyante sa kanyang pamantasan. At nang makita ang pangangailangan para sa mga kabataang organisador na lumubog sa hanay ng mga manggagawa ay agad niya itong tinanggap.

Naging organisador siya ng mga manggagawa sa Timog Katagalugan at naging susi sa pagpapaputok ng mga welga na bumasag sa

bumabalot na katahimikan noong Batas Militar. Matapos ang kanyang deka-dekadang pamumuhay sa piling ng mga anakpawis sa Timog Katagalugan, siya ay tinanggap at minahal ng mga pesante sa Gitnang Luzon.

Hindi matatawaran ang kanyang panahong inilaan para sa interes at serbisyo para sa uring anakpawis. Ang buhay at pakikibaka ni Ka Jude ay isang buhay na katangi-tangi at dapat tularan. Si Ka Jude ay nakaukit na sa dambana ng mga bayani ng uring anakpawis at martir ng sambayanan.

Ang rebolusyonaryong kababaihan kasama ang uring inaapi't pinagsasamantalahan ay patuloy na kikilos para makamit ang tunay na hustisya para kay Ka Jude at sa lahat ng mga naging biktima ng pasistang estado. Itinatala ng MAKIBAKA ang patuloy nitong pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan ng kakabaihan na mahigpit na naka-angkla sa lakas ng uring anakpawis, hanggang sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon tungong sosyalismo.

## **Magsasaka, labanan ang lumalalang kahirapan, tahakin ang landas ng pambansa demokratikong rebolusyon**

Oktubre 23, 2023

**Patnubay de Guia, Spokesperson  
NDF-Southern Tagalog**

Ngayong Buwan ng Magsasaka, pinagpupugayan ng NDFP-ST ang mga magsasaka na pangunahing pwersa sa produksyon ng bayan at pangunahing

pwersa din ng rebolusyong Pilipino. Isinusulong ng NDFP-ST ang makatarungang pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupa, kabuhayan at karapatan sa gitna ng pang-aatake sa magsasaka at pag-aabandona ng estado sa agrikultura. Napapanahon na ipamalas ng mga magsasaka ang kanilang dambuhala at di-magagaping lakas bilang pangunahing pwersa ng rebolusyon sa ilalim ng muling pamamayagpag ng pamilya Marcos sa kapangyarihan, sa pakikipagkutsabahan sa tiranikong angkan ng mga Duterte.

Isinusuka ng bayan si Marcos Jr. dahil hanggang ngayon, patuloy na pinagkakaitan ang mga magsasaka ng tunay na reporma sa lupa. Pinalala niya ang konsentrasyon at pangangamkam ng mga panginoong maylupa (PML), malalaking burgesya kumprador (MBK) at dayuhang korporasyon sa lupa sa kapinsalaan ng mga magsasaka. Laganap ang pagpapalit-gamit ng lupa sa anyo ng mga plantasyon, proyektong eko-turismo, minahan at mga negosyong komersyal at residensyal. Upang pahupain ang galit ng magsasaka, isinabatas ni Marcos Jr. ang huwad na New Agrarian Emancipation Act. Subalit hindi nito tinutugunan ang suliranin sa lupa. Kung wala o kulang sa lupa ang magsasaka at walang pambansang industriyalisasyon, hindi sila tunay na uunlad at lalaya mula sa pagkaalipin.

Pinapatay ni Marcos Jr. ang magsasaka sa gutom habang nangangalihim sa Department of Agriculture (DA). Bilang kalihim, itinulak niya ang todo-largang importasyon ng mga produktong



agrikultural sa palusot na pabababain nito ang presyo ng mga pangunahing bilihin. Subalit sa aktwal, taliwas ang nangyayari dahil tumambad sa unang taon ni Marcos Jr. ang higit na pagtaas ng presyo ng bigas, asukal, itlog, karne at iba pa. Hindi makakalimutan ng mamamayan ang pagsirit ng presyo ng bigas na umaabot na sa P50-60 bawat kilo nitong Setyembre 2023 at sibuyas na umabot ng halos isang libo kada kilo noong 2022. Walang nagawa ang ipinataw na price cap sa bigas na binawi rin makalipas ang isang buwan. Panakip-butas at walang saysay din ang mga ipinagmamalaking “Kadiwa store” na proyekto ng pamilya Marcos bukod sa pinakikinabangan pa ng mga burgesyang kumprador ang mga smuggled goods.

Samantala, walang pambili ang masang magsasaka sa sobrang mahal ng presyo ng bilihin at pambabarat sa kanilang produktong bukid. Sa Timog Katagalugan, nasa P14-19/kilo ang bili sa palay sa farmgate, malayong malayo sa P50-60/kilo na presyo ng bigas sa pamilihan. Walang kinikita ngayon ang mga magtutubó at mga manggagawa sa tubuhan matapos magsara ang ilóhan sa Central Azucarera de Don Pedro Inc. sa Nasugbu, Batangas noong Disyembre 2022. Pero pinanatili namang bukas ang refinery department nito para sa gilingan ng imported raw sugar.

Ang tanging nakinabang sa labis na importasyon ng mga produktong agrikultural ay ang mga dayuhang importer, mga kumprador burges kasama ang mga smuggler na kasabwat nina

Marcos at Duterte. Patunay nito ang walang napapanagot na mga utak ng smuggling sa bansa sa gitna ng mga palabas na reyde ng ilehitimong rehimen. Dahil matindi na ang disgusto kay Marcos Jr. bilang kalihim ng DA dahil sa palpak niyang mga programa at hakbangin, aalis na siya rito at papalitan ng isa sa kanyang mga kroni. Umuugong na papalit sa DA si Francisco Tiu Laurel Jr., isa sa mga top donor sa pondo sa pangangampanya sa eleksyon 2022 ni Marcos.

Patuloy na inaabandona ng estado ang sektor ng agrikultura. Nananatiling atrasado, maliitan at hiwa-hiwalay ang pagsasaka dahil wala sa interes ng estado na paunlarin ito. Lalaanan lamang ng P197.84 bilyon ang badyet sa agrikultura at repormang agraryo, mas mababa pa sa abereyds ng mababa nang badyet nito sa nakaraang 40 taon. Dahil dito, naghihingalo ang sektor sa harap ng pananalasa ng globalisasyong neoliberal ng imperyalismo.

Samantala, bilang solusyon sa krisis sa pagkain, pinapakana ni Marcos Jr. ang panunumbalik ng programang Masagana 99 ng yumao niyang amang diktador. Tinuran niya itong Masagana 200 ngunit mananatili itong iskema para sa rekonsentrasyon ng mga lupa ng magsasaka sa mga panginoong maylupa at iba pang kroni ng mga Marcos at Duterte. Ipinatutupad na ito ni Marcos Jr. sa mga piling palayan sa Mindanao. Tulad ng panahon ng diktadura, asahang mababaon sa utang ang mga magsasaka sa pagbili ng mga binhing nakaasa sa pataba at pestisidyong

ibinebenta ng mga dayuhang korporasyon sa agrokemikal.

Ang mga ipinatutupad na patakaran ni Marcos Jr. ay nakaayon sa plano ng imperyalismong US na panatilihing malapyudal ang Pilipinas para magsilbing taga-suplay ng hilaw na materyales at bagsakan lamang ng mga yaring produkto. Tulad sa nakaraan, kinukutsaba nito ang mga naghaharing malalaking kumprador-panginoong maylupa na nagsisilbing ahente ng US sa padron ng kolonyal na kalakalang ito. Halimbawa nito ang sinapit ng lokal na industriya ng niyog na naging vulnerable sa pagbagsak at pagtaas ng demand ng internasyunal na pamilihan dito. Nilalamon na rin ito ng industriya ng palm oil na nanghihimasok sa piling probinsya ng bansa. Kung kaya't naghihirap ang mga magniniyog sa pagbagsak ng presyo ng kopra. Sa Quezon, naglalaro lamang sa P26-29/kilo ang bili sa kopra. May banta pa na maaari pa itong bumagsak kagaya ng sinapit noong panahon ng pandemya. Wala ring kakayahan ang bansa na iproseso sa iba pang produkto ang langis mula sa kopra dahil wala itong mga batayang industriya at nakaasa lamang sa pagbebenta ng langis sa mga multi-national na korporasyon.

Ninanaais ng mga magsasaka na makaalpas na sa ganitong alipin at busabos na kalagayan. Ang mahigpit nilang pakikibaka ay sinusupil ng estado. Dumaraming magsasaka ang pinapatay sa gitna ng hibang na kontra-rebolusyonaryong gera ng ilehitimong rehimen.

Pinatutunayang higit na nagiging makatarungan ang pagsusulong ng masang magbubukid ng armadong rebolusyon upang makamit ang kanilang demokratikong kahilingan. Itinataguyod ng demokratikong rebolusyong bayan ang rebolusyong agraryo na may maksimum na layuning kumpiskasyon ng lupa ng mga PML at MBK at libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka, habang ang minimum na layunin nito ay pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi ng usura, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at pagtataas ng presyo ng produktong bukid. Palagiang layunin nitong ibunsod ang pagpapataas ng antas ng kooperasyon at produktibidad ng mga magsasaka.

Dapat na patuloy na isagawa ng rebolusyonaryong pwersa ang malawakan at puspusang pag-oorganisa sa hanay ng mga magsasaka. Nararapat na palakasin ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid, ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, para sa pagsusulong ng kagalingan nila. Kailangang makipagkapit-bisig ang magsasaka sa manggagawa, upang patatagin ang saligang alyansa at higit na mapapalawak ang nagkakaisang prente laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Dapat palakasin at sumapi ang masang magsasaka sa New People's Army (NPA) para paigtingin ang digmang bayan. Ang NPA ang tunay na Hukbo na nagtatanggol at katuwang ng magsasaka sa paglaban para sa makauring interes sa lupa upang unti-unting maibagsak ang kapangyarihan ng uring panginoong maylupa.

Itayo at palaganapin ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan at piling mga bayan. Ang paglakas ng armadong paglaban sa kanayunan ang matibay na likuran ng paglawak at pagtatag ng Pulang kapangyarihan upang matiyak ng mga magsasaka ang karapatan sa lupa at iba pang demokratikong kahilingan ng mga api't pinagsasamantalang uri.

Tanging sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba makakalaya ang magsasaka sa pyudal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala sa kanila. Ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang tanging katubusan ng masang magsasaka at iba pang inaaping uri at sektor para kamtin ang maunlad at masaganang kinabukasan.###

## **Bukas na liham para sa saradong isipan ng 59th IB**

Oktubre 24, 2023

**Gregorio Caraig, Spokesperson  
NPA-Batangas**

Batid namin na iniinda pa rin ninyo ang mga pinsalang inyong tinamo sa mga labanan sa pagitan natin noong Oktubre 15 at 16 sa Barangay Bignay sa bayan ng Lobo. Hindi makakatulong sa inyong mga kaswalti, na malamang ay pinanghihinaan na ng loob, kung itatago pa ninyo ang inyong pagkabigo sa dalawang labanan. Todo-todo pa naman kayo kung bansagan ang inyong mga sarili bilang matitikas na kalalakihan ngunit

wala kayong lakas ng loob na tumanggap ng pagkatalo at akuin ang inyong mga kaswalti.

Ang lahat ng kagamitang pandigma kabilang ang mga explosives o pampasabog ay sadyang ginawa upang magdulot ng pinsala. Ang kaibahan lang, ang inyong mga pampasabog, sampu ng mga bala ng kanyon, mortar, at mga bombang bitbit ng mga eroplano ng Philippine Air Force na nagkakahalaga ng bilyon-bilyong dolyar ay labis-labis na ibinabagsak sa mga bukid, kaingin, at iba pang pookan ng mga magsasaka. Samantala, ang aming mga pampasabog ay makatuwiran naming ginagamit laban sa mga lehitimong armadong target gaya ninyo upang depensahan ang mga mamamayan at ang aming mga sarili. Mismong kayo ang kumikilala na command-detonated na pampasabog ang aming ginamit sa taktikal na opensiba noong Oktubre 16. Para sa inyong kaalaman, kabilang ito sa mga ipinapahintulot na gamitin sa digmaan sa ilalim ng International Humanitarian Law (IHL), Geneva Convention, at sa CARHRIHL na pinirmahan mismo ng inyong Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Tatal ay napakarami ninyong oras na basahin ang aming pahayag at maghabi ng kasinungalingan, maano man lamang ay basahin niyo na rin ang mga batas at alituntuning ito ng digma, na bagaman alam naming hindi niyo susundin, kahit papaano'y alam niyo man lamang at hindi kayo mangmang sa usapin ng karapatang tao lalong-lalo na ang mga utak-pulbura ninyong opisyal.

Hindi kinikilala ng rebolusyonaryong kilusan ang saligang batas ng GRP na nagsisilbi lamang bilang

ligal na kapangyarihan ng naghaharing uri sa pagsasamantala sa mga mamamayan. Ang tanging kinikilalang lehitimong gubyerno ng mamamayan ay ang Demokratikong Gubyernong Bayan sa kanayunan, na binubuo at pinatatakbo ng masang anakpawis sa ilalim ng gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas. Kami rin, bilang lehitimong pwersang nakikidigma na isa sa nirerepresenta ng National Democratic Front of the Philippines, ay tumatalima sa internasyunal na makataong batas, karapatang tao, at mga kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP.

Samantala, ano kayang pakiramdam ng mga sundalo niyong mismong nagpapatok ng bala na pumatay kina Kyllene Casao at Maximino Digno habang paulit-ulit niyo pa rin itong itinatangi at ipinaparatang sa amin? Malamang, unti-unti silang binabagabag ng kanilang konsensiya, at paulit-ulit na napapanaginipan ang imahe ng isang munting paslit na babae na may tama ng bala sa ulo matapos nilang walang habas na paputukan. Talagang pinanghahawakan ninyo ang huwad ninyong naratibo na engkwentro ang pumatay kay Maximino Digno gayong ang katotohana'y walang awa ninyong pinaslang ang matandang magsasakang may sakit sa pag-iisip. Hanggang ngayon, inaasam pa rin ng kanilang mga pamilya ang tunay na hustisyang kailanma'y hindi ibibigay ng inyong gubyerno.

Hanggang kailan kayo magpapakamangmang at ipupuntong kami ay humarap sa inyong korte, lalo na't para ito sa kasalanang inyong ginawa? Alam ninyong kapag may nagkasala mula sa aming

hanay ay ihinaharap ito sa Hukumang Bayan, at hinahatulan batay sa makatarungang paglilitis at kung mahatulang nagkasala ay amin itong inaako sa mga mamamayan. Ang kapal ng inyong mukhang sabihing patas ang inyong korte gayong napakatagal nang mulat ang mamamayan na hindi kailanman naging patas ang sistema ng hustisya ng GRP para sa karaniwang Pilipino.

Isa pa, hindi бага kayo nahihiya sa iba ninyong tropa na matapos niyo silang ideploy at mapinsala sa pagharap sa Bagong Hukbong Bayan ay isa lamang sa kanila ang inyong aakuin gayong hindi bababa sa lima ang kumpirmadong kaswalti? Kasuklam-suklam na para lamang mapagtakpan na nabigwasan kayo ng NPA ay hindi ninyo kikilalanin ang sarili ninyong kawal. Walang duda kung bakit mayroong mga dating CAFGU at mga kawal ng AFP na sa inyo'y tumiwalag at sumapi o sumusuporta na ngayon sa NPA at sa rebolusyonaryong kilusan.

Sadyang namang kaawa-awa ang mga CAFGU - kaya nga kami nananawagan sa kanilang pagtiwalag mula sa inyong hanay kasama ang mabababang opisyal at kawal. Mantakin ninyong mas marami pa yata ang inyong mga 'parangal at pagkilala sa kabayanihan' ng mga CAFGU kaysa kanilang buwanang sahod? Buti sana kung makatuwiran ang inyong ipinaglalaman, ngunit kaawa-awa naman ang gaya nilang sa pang-aapi na nga ginagamit, napakababa pa ng pasahod, inaabuso pa ng inyong mga nagpapakasasang opisyal! Sa kabila nyan, kami ay naglilinaw sa mamamayan na ang sinumang nananatili sa



inyong hanay bilang miyembro ng AFP-PNP ay mga lehitimong military target sa ilalim ng internasyunal na batas ng digma gaya ng limang napatay na CAFGU-85th IBPA sa ambus ng NPA-Quezon sa Tagkawayan. Kung babalikan, mga kasapi rin ng CAFGU, sa ilalim ng 59th IBPA ang nagdetine at paulit-ulit na nanggahasa sa 15-anyos na si “Belle” sa probinsya ng Quezon noong 2020. Muli, kami ay nananawagan sa lahat ng mga karaniwang kawal at mabababang opisyal ng AFP-PNP-CAFGU na tularan ang inyong mga dating kasamahan na tumiwalag na mula sa pagiging tuta ng naghaharing uri at ngayon ay sumusuporta na sa makabayan at rebolusyonaryong adhikain ng mga mamamayan.

Sa NPA, bagaman walang sahod ang mga Pulang mandirigma, nananatiling mataas ang diwa namin at buo ang kapasyahang durugin ang kaaway ng sambayanan tulad ng 59th IBPA at pagsilbihan ang masa ng kanayunan. Taliwas sa inyong mga paratang ng kurapsyon, patuloy na tinatanganan ng NPA sa pamumuno ng Partido ang ‘simpleng pamumuhay at puspulang pakikibaka’ sa paglulunsad nito ng digma. Tatanungin namin kayo, kaya ba ninyong mabuhay nang wala ang ayudang militar ng US, wala ang sandamukal na pondo mula sa buwis ng mga mamamayan at walang sahod ang bawat isa sa inyo? Malamang, wala nang matitira, sapagkat huwad kayong makabayan. Ang isang ipinagtataka at ikinagagalit ng mga magsasaka, napakalaki na nga ng pondo ng inyong teroristang institusyon pero ninanakaw pa rin ng inyong mga lasinggerong tropa ang kanilang mga alagang hayop para pulutanin!

Sa isang banda, maaaring tama kayo sa pagsasabing walang masang babalikan ang NPA, dahil kailanman ay hindi kami nahiwalay sa kanila. Saanman magpunta ang Pulang Hukbo, malugod kaming tinatanggap at kinakanlong, lalo ng mga magsasaka sapagkat malalim kaming nakaugat sa masang aming pinagsisilbihan. Sa kabila ng matinding pananakot at panunupil, may isanlibo't isang pamamaraan ang masang anakpawis upang tangkilikin at pangalagaan ang kanyang Hukbo.

Bilang panghuli, tunay na ikinagagalak namin ang tagumpay na ambus laban sa mga kaaway at perwisyo sa masa na gaya ninyo! Hindi naman kami katulad niyo na ang ipinagdiriwang ay ang walang-awang pagpaslang, panghahas, at sapilitang pagpapasuko sa mga inosenteng bata at sibilyan na ginagamit pa ninyong tropeo sa inyong mga operasyon. Hinding-hindi namin tatalikuran ang mga masang magsasaka na matagal nang naghahangad na kayo ay lumayas sa kanilang mga komunidad at mga bukirin sampu ng mga amo ninyong panginoong may lupa. Ang bawat taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan ay pagkamit ng hustisya para sa mga mamamayan na inyong pinapaslang, pinahihirapan, at patuloy na binubulabog.

Kahit maglabas muli kayo ng pahayag at bawat letra ay sulitin, tandaan na ang kasinungalingan ay kasinungalingan, ilang beses mang ulitin.

## **Israeli killings of nearly 2,000 Palestinian children are war crimes and warrant international condemnation**

Oktubre 24, 2023

**Coni Ledesma, Head  
NDFP-Special Office for the Protection of  
Children**

The National Democratic Front of the Philippines (NDFP) Special Office for the Protection of Children (SOPC) strongly condemns Israel's relentless bombing campaign in Gaza that has killed nearly 2,000 Palestinian children. The US-backed indiscriminate airstrikes launched by the Zionist Israeli regime is tantamount to genocidal war crimes and warrant the condemnation of the international community.

By continuing to provide military aid and political support, the US further emboldens Israel as its key asset in a regional proxy war meant to consolidate US control over oil resources in the Middle East. This US imperialist agenda comes with the horrendous cost of the lives of thousands of Palestinian children killed. While we hold the Zionist Netanyahu regime responsible for these war crimes, the US must equally be held accountable for its conflict-goading and warmongering in the region.

The SOPC likewise condemns Marcos Jr's "terrorist designation" of Hamas in its desperate bootlicking to curry favor from his imperialist

master. Marcos Jr holds no moral ascendancy to call the Palestinian armed resistance “terrorist” especially considering its bloody record of state terror against the Filipino people. Akin to the national democratic revolution being waged by the New People’s Army in the Philippine countryside, the Palestinian struggle for liberation, self-determination and freedom from US-Israeli military occupation can never be considered an act of terrorism.

We stand with the Palestinian people and recognize their right to bear arms and wage armed resistance in the context of a long history of fascist military occupation and especially in the face of genocidal offensives launched by US-backed Israeli forces. We join the international community to denounce Israel’s child-killing spree and demand the protection of children’s rights consistent with the rules of war and international humanitarian law.

## **Condemn Israel’s intensified bombing of Gaza amid calls for humanitarian truce**

Oktubre 29, 2023

**Marco Valbuena, Chief Information Officer  
Communist Party of the Philippines**

The Communist Party of the Philippines (CPP) joins the Filipino people and peoples across the world in condemning the Zionist government of Israel for ordering the further intensification of the bombing of Gaza, where more than two million

Palestinians are now suffering a humanitarian catastrophe.

The further intensification of the bombing comes a day after the United Nations General Assembly voted overwhelmingly in favor of calling for a humanitarian truce to put a stop to the genocide against the Palestinian people. The Filipino people condemns the Marcos regime for abstaining in the vote, by way of giving Israel support for the slaughter of Palestinians.

With the support of the US imperialists, Zionist Israel continues to commit monstrous and vicious crimes against humanity in total disregard of international humanitarian law. It has killed 7,703 people, including more than 3,595 children, in non-stop bombardment.

Calls for the ouster of the Netanyahu government are growing stronger. In order to put a stop to this genocide, the fascist rulers of Israel must be overthrown and be made to answer for all their crimes.

**Kundenahin ang pinatinding  
pambobomba ng Israel sa Gaza sa  
harap ng mga panawagan para sa  
makataong tigil-putukan**

Oktubre 29, 2023

**Marco Valbuena, Chief Information Officer  
Communist Party of the Philippines**

Nakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mamamayang Pilipino at mga mamamayan sa buong daigdig sa pagkundena sa Zionistang guberno ng Israel sa kautusan nitong ibayong patindihin ang pambobomba sa Gaza, kung saan higit dalawang milyong Palestino ang ngayo'y nagdurusa sa isang sakuna sa sangkatauhan.

Ang ibayong pagpapatindi sa pambobomba ay isang araw kasunod ng malinaw na malinaw na pagpabor ng United Nations General Assembly para sa makataong tigil-putukan para ihinto ang henosidyo laban sa mamamayang Palestino. Kinukundena ng mamamayang Pilipino ang rehimeng Marcos na nag-abstain sa naging botohan, na pagpapakita ng suporta sa Israel sa pagpatay sa mga Palestino.

Sa suporta ng imperyalistang US, ipinagpapatuloy ng Zionistang Israel ang pagsasagawa ng mala-halimaw at kahindik-hindi na krimen laban sa sangkatauhan na tahasang binabalewala ang internasyunal na makataong batas. Pumatay na ito ng 7,703 katao, kabilang ang higit 3,595 bata, sa walang-tigil na pambobomba nito.

Lumalakas ang mga panawagang patalsikin ang gubynong Netanyahu. Para wakasan ang henosidyong ito, ang pasistang mga namumuno sa Israel ay dapat mapatalsik at papanagutin sa lahat ng kanilang mga krimen.

# **Manindigan para sa mamamayang Palestino! Suporta at ayuda para sa mga biktima ng kampanyang henosidyo ng US at Israel**

Oktubre 29, 2023

## **Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog**

Kasuklam-suklam ang US sa lantarang paghadlang sa pagpapasok ng humanitarian aid para sa mamamayang Palestino habang tuluy-tuloy na sinusupportahan ang Zionistang Israel ng armas at rekurso sa gitna ng nagaganap na gerang Israel-Palestino. Sa kapinsalaan ng sanlibutan, hinihila ng US ang mga mamamayan ng daigdig sa paghahasik ng gera sa iba't ibang sulok ng mundo upang isalba ang naghihingalong ekonomya. Kinakasabwat nito ang mga malakolonya, kabilang ang Pilipinas, upang isakatuparan ang mga pakana para manatiling nangungunang imperyalista sa daigdig.

Mag-iisang buwan nang tuluy-tuloy ang gera sa pagitan ng Zionistang Israel at mamamayang Palestino na nagresulta sa 7,326 sibilyang patay, karamiha'y mga bata, mula sa mga airstrike ng Israel sa Gaza. Habang lumalala ang mga kaso ng paglabag sa karapatang tao sa gitna ng gera, naglunsad ng serye ng mga pulong ang United Nations (UN). Pinakahuli ang ipinatawag nitong asembleya para magkaroon ng agarang humanitarian truce sa pagitan ng Israel at Hamas at paggigiit na maipasok ang mga ayuda sa Gaza.

Sa asembliya, 120 bansa ang bumotong pabor (for), 14 na kontra (against) at 45 abstain.

Naganap ito noong Oktubre 27 matapos na ibasura (veto) ng US noong Oktubre 18 ang panukala ng 15-kasaping estado ng UN Security Council na magkaroon ng tigil-putukan (humanitarian pause) sa lugar upang bigyang daan ang pagpasok ng mga ayuda. Kasabay nito, ipinagpipilitan ng US na ideklarang “terrorista” ang Hamas habang ginagatungan nito ang gera at inaatake ang mga karatig na bansa at kakampi ng bansa kagaya ng Lebanon sa tabing ng “pambobomba sa mga base at ari-arian nito”. Naghahasik ito ng lagim sa rehiyon at pinalalala ang digmaan para kumita.

Nais pa ng US na patuloy na pagkakitaan ng military industrial complex nito ang gera sa Gaza sa kapinsalaan ng mamamayang Palestino. Habang nagaganap ang digmaan sa Gaza, nagtutuluy-tuloy pa rin ang gera sa Ukraine at nananatili ang mga banta ng pagputok nito sa Asia Pacific sa pamamagitan ng pang-uupat ng US at pagpapaigting ng tensyon sa pagitan ng China at mga karatig-bansa. Ang Pilipinas ay isa sa mga masugid na tumatangkilik sa mga armas pandigma ng Israel kagaya ng Hermes na drone at mga cyberweapon laban sa mamamayan.

Sang-ayon sa mga plano ng US, bumoto ang papet na Government of the Republic of the Philippines (GRP) ng abstain sa asembliya ng UN. Sa loob ng bansa, nagdeklara si Marcos Jr. ng pagsuporta sa Zionistang Israel. Nakikoro din si Rodrigo Duterte sa pag-uudyok sa henosidyo laban sa mga



Palestino. Nagpakana pa ang National Security Council sa ilalim ni Gen. Eduardo Año na ideklarang “terorista” ang Hamas. Walang puso ang papet na pangulong si Ferdinand Marcos Jr. sa mamamayang Palestino, gayundin sa mga Pilipinong nakadestino sa Israel at malamang na naipit sa gera roon. Sa tala ng reaksyunaryong gubyrerno, may 30,000 Pilipino sa Israel habang 131 sa Gaza. Labas pa rito ang mga hindi dokumentadong migranteng Pilipino.

Ang pasya ni Marcos Jr. kaugnay sa Israel ay karugtong ng daang taong pagpapakatuta ng reaksyunaryong gubyrerno sa imperyalismong US. Kagaya ng kanyang amo, may pananagutan ang mga papet na republika sa pagpapahirap sa mamamayang Palestino. Kasama ito sa 33 bansa, at tanging bansa sa Asia, na bumoto pabor sa pagtatayo ng bansang Israel na naghudyat sa henosidyo, pagpapalayas ng higit sa 700,000 Palestino at pananakop ng kanilang lupain noong 1948.

Gamit ang burgis na kanluraning midya ng imperyalismo, binabaluktot nito ang mga kaganapan at nagpapakalat ng disimpormasyon sa layuning salaulain ang makatarungang pakikibaka ng mamamayang Palestino para sa pambansang kalayaan at pagpapasya sa sarili. Ngunit sa katunayan, bigo ang US dahil nasa mamamayan ng Palestine ang suporta ng mamamayan ng daigdig. Nagpupunyagi ang mga tunay na mamamahayag at mamamayang Palestino na ilahad ang totoong mga kaganapan sa loob ng Gaza at Palestine.

Itinatakwil ng malawak na mamamayang Pilipino si Marcos Jr. at reaksyunaryong gubyrno sa pagpanig sa Zionistang Israel. Tumitindig ang mamamayang Bangsamoro, progresibo at naliliwanagang Pilipino para sa karapatan ng mga Palestino sa lupa at sariling pagpapasya. Sunud-sunod ang mga rali na naganap noong Oktubre 8 sa Cotabato City na nakapagtipon ng 10,000 estudyante, kababaihan at mga bata para ipanawagan ang suporta sa Palestine; at Oktubre 16 sa BARMM na nakapagtipon ng 12,000 katao sa Cotabato City mula sa Lanao, Cotabato, Tawitawi at Sulu; habang naglunsad ng mga solidarity protest sa Manila noong Oktubre 11 at Oktubre 27. Nauna nang nagpahayag ng pagsuporta ang Communist Party of the Philippines sa pakikibaka ng mamamayang Palestino para sa pambansang pagpapalaya at laban sa pananakop ng Zionistang Israel.

Dapat papag-alabin ng mamamayang Pilipino ang anti-imperyalistang pakikibaka. Humalaw ng inspirasyon sa magiting na pakikibaka ng mamamayang Palestino laban sa mas mabangis na pwersang Zionistang Israel na suportado ng superpower na imperyalismong US. Kailangang makipagkapit-bisig sa lahat ng mga mamamayan ng daigdig upang itutok ang nagkakaisang lakas para gapiin hanggang maibagsak ang imperyalismong US.###

## **On the second year of Ka Oris' death**

Oktubre 29, 2023

## **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

With even greater determination to carry forward the people's war, we remember today our beloved Ka Oris (Jorge Madlos), former commander and spokesperson of the New People's Army, on the second year of his death.

His memory lives eternally and continues to inspire all Red fighters of the NPA as well as all revolutionary cadres to serve the people with selfless dedication and to wage all out armed struggle and all forms of resistance against imperialism, feudalism and bureaucrat capitalism.

Ka Oris and all heroes and martyrs of the Filipino people are inextinguishable flames that constantly illuminate the path of national democratic revolution towards victory.

## **Sa ikalawang taon ng pagkamartir ni Ka Oris**

Oktubre 29, 2023

## **Marco Valbuena, Chief Information Officer Communist Party of the Philippines**

Nang may higit na determinasyong isulong ang digmang bayan, inaalala natin ngayong araw ang minamahal nating si Ka Oris (Jorge Madlos), dating kumander at tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan, sa ikalawang taong anibersaryo ng kanyang pagkamatay.

Ang kanyang mga alaala ay habampanahong nabubuhay at patuloy na nagbibigay inspirasyon sa lahat ng Pulang mandirigma ng BHB gayundin sa lahat ng rebolusyonaryong kadre na walang pag-iimbot na magsilbi sa mamamayan at maglunsad ng todong armadong pakikibaka at lahat ng porma ng paglaban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Si Ka Oris at ang lahat ng mga bayani at martir ng mamamayang Pilipino ay hindi mapapatay na apoy na tuluy-tuloy na magbibigay-liwanag sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyong tungong tagumpay.

## **Ilitaw at palayain ang mga hors de combat na kasapi ng NPA Mindoro**

Oktubre 30, 2023

### **Madaay Gasic, Spokesperson NPA-Mindoro**

Dapat ilitaw at palayain ng AFP-PNP sina Ka Ed (Sonny Rogelio) at Ka Omeng (Sonny Sambutan), mga mandirigma ng Lucio de Guzman Command – NPA-Mindoro na nabihag ng 203rd Brigade at PNP-SAF matapos ang isang engkwentro noong Oktubre 17 sa Bongabong, Oriental Mindoro. Sugatan si Ka Ed at isang hors de combat o wala sa katayuang lumaban.

Kasama ang dalawa ng yunit ng NPA na nakasagupa ng mga pwera ng 10th Special Action Battalion at 76th IBPA sa ilalim ng 203rd Brigade sa Sitio Manambao, Barangay Santa Cruz,

Bongabong 12 araw na ang lumipas. Ang mga tropa ng SAF na sangkot sa operasyon ay pinamumunuan ng isang Police Lt. John Stephen A. Garna, ayon sa pahayag ng PNP.

Matapos ang nasabing labanan, napahiwalay sina Ka Ed at Ka Omeng mula sa umatras na mayor na pwersa ng yunit ng NPA. Nagsikap ang mga Pulang mandirigma na hanapin at kontakin ang dalawa subalit hanggang ngayon ay hindi pa nakikita o nakakausap man lamang kahit sa cellphone ang sinuman sa kanila.

Batay sa imbestigasyon ng NPA Mindoro, nasugatan sa labanan si Ka Ed at nalagay sa katayuang hors de combat kung kaya inabot ito't nahuli ng kaaway kasama ang kanyang kabadi na si Ka Omeng. Kinumpirma ito ng mga impormasyong nakalap ng NPA Mindoro mula sa hanay mismo ng ilang elemento ng 203de Bde at PNP-MIMAROPA. Ganoonman, labag sa internasyunal na makataong batas, inilihim ng 203rd Bde at ng PNP-MIMAROPA ang pagkakahuli sa dalawa. Katunayan, naglabas ng pahayag si PMaj. Darwin B. Hernandez, acting Battalion Commander ng 10th SAB kaugnay sa naganap na labanan, kasama ang mga pictures ng mga nakumpiska nilang mga kagamitan ni Ka Ed, ngunit hindi nila inilakip ang pagkakahuli nila sa dalawang mandirigma ng BHB.

Labis na nag-aalala ang NPA-Mindoro sa kalagayan nina Ka Ed at Ka Omeng lalo't sugatan ang isa sa kanila. Hinahamon namin ang AFP-PNP, lalo ang mga opisyal ng 203rd Brigade at PNP-SAF na naka-engkwentro nina Ka Ed at Ka

Omeng, na ilabas ang dalawa at ipakitang nasa maayos silang kalagayan. Higit pa, dapat kagyat na bigyan ng atensyong medikal si Ka Ed.

Ang dalawang kasama ay maituturing na mga bihag ng digma (prisoner of war o POW) na nagtataglay ng mga karapatan sa ilalim ng Geneva Convention Relative to the Treatment of Prisoners of War (August 12, 1949). Nakasaad sa Part II, Article 13 ng nasabing kumbensyon na ang mga POW ay dapat makataong tratuhin sa lahat ng pagkakataon. Ipinagbabawal ang pananakit, pagtortyur at pagganti sa kanila ng kalabang pwersa na siya ring nagdedetine sa kanila.

Kinokondena namin ang tuso at mapanlinlang na pagtatago sa dalawang mandirigma ng NPA Mindoro at pagkakait sa kanilang karapatan sa ilalim ng internasyunal na makataong batas. Nangangamba ang NPA-Mindoro sa sinapit at maaaring sapitin nina Ka Ed at Ka Omeng sa kamay ng AFP-PNP na may madugong rekord pagdating sa karapatang tao. Hindi rin kami mapapalagay lalo't sa buong panahong nawawala ang mga kasama ay walang imik ang AFP-PNP kung nahuli at ipiniit nila ang dalawa. Ang paglilihim sa tunay na estado ng dalawang kasama ay nagpapahiwatig na hindi maayos ang kanilang kalagayan.

Sinumang may impormasyon sa kalagayan nina Ka Ed at Ka Omeng ay hinihikayat na makipag-ugnayan sa NPA-Mindoro o sa mga grupong nagtatanggol sa karapatang tao at maaari rin, sa nyutral na organisasyong International Committee of the Red Cross. Dapat igalang at itaguyod ang

karapatan ng mga POW at ng mga kasapi ng NPA bilang nakikidigmang pwera, at sa pinakabatayan, bilang mga tao na mayroon ding dignidad at karapatang mabuhay.###

## **KATAPANGAN HANGGANG KAMATAYAN: Ang mga rebolusyonaryong martir ng Pulang Hukbo at kilusang masa sa Batangas**

Oktubre 30, 2023

### **Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Batangas**

“Katapangan hanggang huling hininga ang bumubuhay sa isang martir lagpas sa kanyang kamatayan.” – Ka Joma Sison

Ngayong undas, pinakamataas na pagkilala at pagpupugay ang iniaalay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid – Batangas sa lahat ng rebolusyonaryong martir ng probinsya at ng sambayanang Pilipino!

Ginugunita natin ngayong araw ang makasaysayan at makabuluhang ambag ng mga kasapi ng Eduardo Dagli Command – NPA Batangas na nagbuwis ng kanilang buhay at isinulong ang interes ng uring magsasaka at ng buong sambayanan hanggang sa kanilang huling hininga. Iniaalay natin sa lahat ng Pulang kumander, mandirigma, at rebolusyonaryong masa ang Pulang pagsaludo sa kanilang walang kapantay na kasigasigan na nagdulot ng ibayong pagsulong ng rebolusyonaryong armadong

pakikibaka sa probinsya. Kasabay nito, atin ding inaalala ang buhay at pakikibaka ng lahat ng aktibistang masa sa probinsya na sa kabila ng sagadsagaring dahas ng estado ay nagpursigang pag-aralan at suungin ang pasikot-sikot na sistemang parlamentaryo upang maisulong ang lehitimong interes ng mga mamamayan at ilantad ang kahungkagan ng reaksyunaryong gobyerno, hanggang sa kanilang kamatayan sa kamay ng berdugong AFP-PNP gayon din ang mga inosenteng sibilyan na karumal-dumal na idinamay at pinaslang ng 59th Infantry Battalion-AFP-PNP sa kanilang mga operasyong militar.

• Eduardo Dagli • Gregorio “Ka Roger” Rosal • Mario “Ka Jethro” Caraig • Demetrio “Ka Gio” Baez • Ka Reggie • John Ryan “Ka Rexel” Macatigbak • Joshua “Ka Maru” Hernandez • Evelyn “Ka Anna” Nuestro-Manalo • Roberto “Ka Hasan” Dolleton • Henry “Ka Jessie” Delos Reyes • Zaldy “Ka Venus” Aurin • Kamil “Ka Alex” Manangan • Julieto “Ka Buwi” Pellazar Jr. • Carl “Ka CJ” Labajata • Glenmark “Ka Zenki” Aytona • Anthony “Ka Jasmin” Pilit • Josephine “Ka Ella” Lapira • Anne “Ka Bella” Casilac • Alfred “Ka RM” Cadag • Graciela Mae “Ka Alena” Pacaldo • Alfred “Ka RM” Cadag • Domingo “Ka Anghel” Razo • Edrian “Ka Reniel” Baez • Isagani “Ka Ringo” Isita • Ana Mariz “Chai” Lemita-Evangelista • Ariel Evangelista • Maximino “Mino” Digno • Kyllene Casao

Kasabay nito, nananawagan ang PKM sa lahat ng kanilang naiwan at naulilang pamilya, kaibigan at mga kababaryo na makibaka at singilin ang



reaksyunaryong Gobyerno ng Republika ng Pilipinas sa inutang nitong dugo sa mga mamamayan ng Batangas. Hinihikayat ng PKM - Batangas ang bawat isa na ilantad ang kahungkagan ng sistema ng hustisya sa ating bayan, at na ang tanging paraan sa pagkamit ng tunay na hustisya ay ang paglulunsad ng demokratikong rebolusyon ng bayan na magpapabagsak sa isang sistemang malakolonyal at malapyudal sa ilalim ng imperyalismong Estados Unidos na siyang pinagsisilbihan ng reaksyunaryong gobyerno.

Pag-aralan ang lipunan, pagsilbihan ang sambayanan!

Ipagtagumpay ang rebolusyong Pilipino!

Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

**Rebolusyon ang solusyon, dili eleksyon!**

Oktubre 30, 2023

**Estrella Banagbanag, Spokesperson  
NPA-Southeast Negros**

Hagbay ra nga klaro sa katawhan sa Negros Oriental nga ang eleksyon dula ug away taliwala sa nagharing hut-ong nga nag-ilog sa bahandi sa usa ka lugar. Wala kini gabitbit og kabag-uhan para sa kinabuhi sa kadaghanan, ug sa kinailadman kutob ra sa mga haw-ang nga saad nga igo rang matuman kung may kalabot sa interes sa adunahan.

Partikular sa mga mag-uuma, ang mga panghitabo sama sa eleksyon gapaklaro lang nga gigamit sa mga burukrata ang ilahang posisyon para maplastar ang ilahang kaugalingon nga mga negosyo, kung dili man sa ilahang mga kasosyo. Sama sa nahitabo sa District 3 sa Negros Oriental, nga gipasulod ang mga langyaw nga negosyong mina ug eko-turismo nga nakaagrabyado sa sitwasyon sa panginabuhian sa katawhan ug nagdala og kadaot sa kinaiyahan.

Gidugangan pa ang suliran sa katawhan sa grabe nga militarisasyon sa kabanikanhan, nga kalapasan sa International Humanitarian Law. Nisamot pa ang sitwasyon sa pagbutang sa Negros Oriental ubos sa COMELEC control. Gihimo lamang kini nga pasangil sa militar ug NTF-Elcac aron manipulahon ang katawhan ug iduso ang mga proyekto sa ilahang mga burukrata nga agalon ug ang ilahang kontra-insurhensya nga kampanya. Kuyanap sab ang korapsyon sa mga pwersa sa estado pinaagi sa pugos ug peke nga pagpasurrender sa mga mag-uuma isip NPA ug mga kunuhay 'engkwentro' nga nahitabo apan peke.

Ilalom sa alang-alang kolonyal ug alang-alang pyudal nga sistema, kada adlaw tataw sa mga masa sa Negros Oriental nga gigamit sa estado ang iyahang bangkil ug kapintasan para himuong itoy nga dili makasukol ang katawhan. Ug mao ni mismo ang pamatuod nga ang reaksyonaryong eleksyon igo lang moilis sa hitsura ug pangalan sa nagpungko pero ang ugat sa kapobrehon nga mao ang imperyalismo, pyudalismo, ug burukrata

kapitalismo magpabilin hangtod ang interes lang sa nagharing hut-ong ang mangibabaw.

Mao nga husto, makatarunganon, ug dili kalikayan ang pagdilaab sa kalayo sa rebolusyon. Pinaagi lang sa rebolusyonaryong kaisog ug kolektibong paningkamot sa mayorya nga gihimuslan nga katawhan mausab ang pundamental nga problema. Katawhan, dili mahadlok - mosuporta ug mosalmot sa NPA para ilugon ang gahum pulitika ug itukod ang sosyedad nga nakabase sa tinuod nga demokrasya ug kalinaw!

## **Sa mga nagpapili para sa BSKE: Manindugan para sa civilian supremacy, pamatokan ang pagpangibabaw sang otoridad militar**

Oktubre 30, 2023

### **Maoche Legislador, Spokesperson NPA-Negros Island Regional Operational Command**

Pundamental ang papel nga ginatungdan sang mga upisyal sang barangay bilang pinakasandigan nga yunit sang reaksyunaryo nga gubyerno nga magadumala sa pampulitika, sosyo-ekonomiko kag pangkultura nga hambalanon sa komunidad nga ila nasakupan. Sila ang ginasigahum nga tigpasiguro sa kaayuhan sang komunidad tungod yara sila naka-ugat sa katilingban nga gilayon makakita, maka-usisa kag makatuki sang matuod nga kahimtangan sa sakop sang ila ginadumalahan. Sa amo nga higayon, mangin pinakamalapit sila nga dalangpan sang pumuluyo

agud mahatagan sang hinanali nga tikang ang mayor nga mga isyu nga ginapangatubang.

Apang nangin kahangawa sang pumuluyo ang kasamtangan nga kahimtangan pampulitika ilabi nga dili ini luwas sa impluwensya sang dunot nga sistema sang korap kag mahigko nga pagdumala sang estado. Sa isla sang Negros, garantiya nga makapungko sa poder ang sin-o man nga uyat kag kontrolado sang mga despotiko nga agalon mayduta, bantug nga kontra-rebolusyonaryo nga mga burukrata kapitalista kag sang mga pasista nga tinawo sang pulis kag militar agud masiguro ang pagpatuman sang mga programa kag proyekto para sa pagkamul sang ganansya halin sa duna nga resorses kag dutang palangabuhian sang pumuluyo.

Katungdanan sang mga upisyal sang barangay nga mahatagan pagtamod ang kinahanglanon kag kinamatarung sang pumuluyo nga makakaon, makabalay, makabisti, maka-angkon sang edukasyon, serbisyo pang-ikaayong lawas kag mabuhi sang tawhay kag linong sa isa ka haom nga komunidad. Apang maathag nga kulang ukon mas malala wala sang bisan ano nga bulig kag serbisyo ang makadangat sa pumuluyo sa pihak sang tuigan nga pagtigana sang gubyrno sang badyet para sa sosyal nga kinahanglanon sang pumuluyo.

Agud maangkon ang kasubong nga mga kinahanglanon, lubos ang pagpaninguha sang pumuluyo paagi sa organisado nga paghulag para idemanda ang kinamatarung sa duta nga palangabuhian, makabuhi nga sweldo kag

benepisyo, maayo nga kundisyon sa pagtrabaho, husto nga serbisyo sa edukasyon kag ikaayong lawas, kag iban pa nga mga lehitimo nga mga panawagan, apang ginahingabot ang ila kabuhi kag palangabuhian. Sa pihak sang mga lehitimo nila nga mga panawagan, nangin target sila sang pagpang-atake, ilabi na ang mga komunidad sang mangunguma sa kaumhan, kag pagmarka nga terorista sang mga armado nga elemento sang reaksyunaryo nga estado.

Desperado ang reaksyunaryo nga gubyerno nga dugmukon ang rebolusyonaryong kahublagan sa pungsod nga nangin dalangpan sang pumuluyo nga naghandom sang kabag-ohan sa garok nga sosyedad. Gani, nangin balibad sang mga pasistang militar ang mga programa kag proyekto “pangka-uswagan” nga kuno para sa pumuluyo apang sa matuod alagyan sang dalagku nga korapsyon sang AFP/PNP/ NTF-Elcac. Halimbawa sini ang Barangay Development Program (BDP) kag madata nga pilit nga pagpasurender para makuha ang pondo sang E-CLIP. Kasugpon sini amo ang militarisasyon nga nangin tulubdan sang wala-puas nga pagdugang sang kalapasan sa tawhanon nga kinamatarung pareho sang pagpamatay, masaker, abdaksyon, tortyur, interogasyon, pagpangastigo, pagpamahog, tortyur, iligal nga pagpang-ukay kag pagpangdakop, patarasak nga pagpaniro, kag pagpamomba sa mga ulumhan kag kabalayan.

Magluwas sa paglagas sa rebolusyonaryong kahublagan sa kabukiran kag kasyudaran, ang mga militar, kakonsabo ang mga nagpa-idu-ido

nga mga opisyal sa barangay, ang nangin instrumento sa dumuluong kag lokal nga mga dalagko nga negosyante kag agalon mayduta sa pagpatuman sa mapanumpo nga tikang sa pagprotekta sa mga proyektong pang-imprastruktura nga magahatag dalan sa mga minahan, plantasyon kag iban pa nga negosyo pang eksport nga nagapanguna sa pagguba sa kinaiyahan kag nagahalit sa palangabuhian sa malapad nga pumuluyo sa kabukiran.

Subong nga Eleksyon para sa Barangay kag Sanggunian Kabataan (SK), ginalauman ang interbensyon sa militar. Target sa AFP, PNP kag National Task Force (NTF)-Elcac nga sudlon ang kubay sa pamunuan sa barangay agud nga iduso ang makangilil-ad nga kampanya kontra-insurhensya kag ang pang-ekonomiko nga interes sa naghari sa sahi.

Gingamit man sa estado ang mainstream media, lakip na ang binayran nga mga media outlet kag account sa social media, agud pasulit-sulit nga markahan sa terorista ang mga lehitimo, progresibo kag makipungsodnon nga mga indibidwal kag grupo nga nagabuyagyag sa brutal kag pasista nga mga hinimuan sa mga berdugo sa AFP kag PNP. Nagpalapnag ang mga manogtaghol sa AFP, PNP kag NTF-Elcac sa mga kabutigan kaangay sa "extortion activities sa NPA" kag "permit to campaign" sa eleksyon nga tuyo nga ikampanya sa pumuluyo nga indi pagsuportahan ang mga kandidato nga ginadudahan kag ginamarkahan nga konektado sa CPP-NPA. Kasugpon sa maduguon nga

kampanya batuk sa pumuluyo, pilit sa gihapon nga ginapalamon nga ang ginapatigayon nga mga focused military operation ang epektibo nga tikang agud itiklod sa bibi sang kapaslawan ang rebolusyonaryo nga kahublagan.

Dako nga hangkat sa mga bag-ong napili nga mga upisyal sang barangay nga tumanon ang katungdanan bilang mga alagad sang pumuluyo, ilabi na ang mga kabus kag nagakinahanglan. Manindugan para sa ikaayo kag ikauswag sang pumuluyo paagi sa pagpatuman sang mga maki-pumuluyo, maki-kinaiyahan kag maki-pungsodnon nga mga programa.

Dapat ang mga opisyaless sang barangay manindugan para sa iya civilian supremacy kag pamatokan ang pagpangibabaw sang otoridad militar. Dapat manguna sa pagpangapin sa kinamatarung sang pumuluyo kag mga nagatindog nga organisasyon sang mga mangunguma, mamumugon, kababainhan, pamatan-on kag iban pa nga sektor batuk sa pagpamahog, pagpangharas kag intimidasyon sang mga militar. Makig-isa sa panawagan sa pagpamatok sa militarisasyon sa kabukiran, sa pagsulod sang mga makahalalit nga mina, plantasyon kag iban pa nga proyekto pang-ekonomiya nga naga-agaw sa palangabuhian sang pumuluyo.

Ang rebolusyonaryo nga gobyerno nga nakabase sa kaumhan handa sa pakigbinuligay sa mga matuod nga maki-pumuluyo nga mga opisyaless sang barangay. Ang makatarunganon nga armadong rebolusyon nga ginalunsar sang pumuluyong pigos kag ginhimuslan ang

makahulusga sa pag-angkon sa hustisya sosyal, matuod nga pungsodnon nga kahilwayan kag demokrasya.###

## **To all running in the BSKE: Uphold civilian supremacy, resist the reign of military authority**

Oktubre 30, 2023

Barangay officials play a fundamental role as basic unit of the reactionary government that administers the political, socio-economic and cultural aspects of the community within their scope. They are expected to ensure the welfare of the community since they are the grassroots of society which enable them to grasp, investigate and discover the real condition of their constituency. Hence, barangay officials become the nearest refuge of the people seeking urgent resolutions to major issues they face.

But the people fret the present political situation especially that it is vulnerable to the influence of the rotting corrupt government system. In Negros Island, political posts are guaranteed to those controlled by despotic landlords, notorious anti-revolutionary bureaucrat capitalists and fascist henchmen of military and police in order to ensure the implementation of programs and projects to gain profits from natural resources and land tilled by the people.

It is the responsibility of barangay officials to attend to the needs and basic rights of the people to proper nutrition, shelter, clothing, education



and health services, and to live with dignity and peacefully in a community. However, there is a clear lack, or worse an absence, of any support and services to the people despite the government's yearly budget allocations for social needs of the people.

To attain such demands, the people strive hard through organized movement to demand their right to land, living wages and benefits, good working conditions, accessible education and health services, and other legitimate demands, but they become targets of attacks, especially peasants in the countryside, and are victims of terrorist-tagging by armed elements of the reactionary state.

The reactionary government is desperate to crush the revolutionary movement in the country which has been the haven of people aspiring for change in a rotting society. Fascist military forces even used so-called "developmental" programs and projects for the people as an excuse, but in fact this is a channel for massive corruption of the AFP/PNP/National Task Force (NTF)-Elcac. An example of this is the Barangay Development Program (BDP) and widespread forced surrenders to access E-CLIP funds. This goes on to militarization that is the source of ceaseless escalation of cases of human rights violations such as extrajudicial killing, massacre, abduction, torture, interrogation, physical assault, threat, illegal search and arrest, indiscriminate firing, and bombings in the countryside.

Aside from hunting the revolutionary movement in the countryside and the cities, the military, in connivance with lapdogs among barangay officials, are instruments of big foreign and local capitalists and landlords in implementing exploitative measures to protect infrastructure projects that pave the way for mining companies, commercial plantations and other export-oriented businesses that primarily destroy the environment and harms the livelihood of the people in the countryside.

This coming Barangay and Sangguniang Kabataan (SK) Elections, military intervention is expected. The AFP, PNP and NTF-Elcac target the ranks of barangay leaders to push the barbaric anti-insurgency campaign and the economic interests of the ruling class.

The state also utilizes mainstream media, including mercenary media outlets and social media accounts, to repeatedly red-tag legitimate, progressive and nationalist individuals and groups that publicly expose the brutal and fascist activities of AFP and PNP butchers. The mouthpieces of the AFP, PNP and NTF-Elcac spread falsities like “extortion activities of the NPA” and “permit to campaign” during elections aiming to campaign against candidates they suspect and tag to have links to the CPP-NPA. In relation to the bloody campaign against the people, the AFP still insists that focused military operations is an effective step to push the revolutionary movement into the edge of defeat.

Carrying out their responsibilities as servant of the people, mainly those who have less and those in need, is a big challenge to newly elected barangay officials. Stand for the welfare and upliftment of the people through implementing pro-people, environment-friendly and nationalistic programs.

Barangay officials must uphold civilian supremacy and resist the reign of military authority. They must lead the way in protecting people's rights and the organizations of farmers, workers, women, youth and other sectoral organizations from threats, harassments and military intimidation. Join the call against militarization in the countryside, and the entry of destructive mining, plantations and other economic projects that plunder the livelihood of the people.

The revolutionary government based in the countryside is willing to collaborate with genuine pro-people barangay officials. The just armed revolution launched by the exploited and oppressed masses is pivotal in achieving social justice, genuine national liberation and democracy. ###

## **PANAWAGAN SA MGA MAMAMAYAN: Ihalal ang mga makabayan at makamamayang kandidato sa BSKE 2023**

Oktubre 31, 2023

Tinatawagan ng National Democratic Front of the Philippines - Batangas ang bawat mamamayan ng probinsya lalo na ang mga boboto sa halalang

pambarangay at sangguniang kabataan ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) bukas, Oktubre 30, 2023 na ihalal at ipanalo ang mga kandidatong nakikita nilang titindig laban sa mga anti-mamamayang polisiya at tunay na isusulong ang progreso ng barangay.

Hindi na bago ang taktika ng naghaharing uri na kasabwatin at gamitin ang lokal na burukrasya, mula pambansa, pangrehiyon, pangbayan, hanggang sa antas pangbarangay para sa pagpapakasasa nito at pagsasamantala sa lokal na populasyon.

Malaon nang ginagamit ng mga panginoong may lupa ang mga makasariling kawani ng barangay para sa pangangamkam ng lupa at madulas na pagpapalayas sa mga residente, mula sa komunidad ng mga maralitang lungsod hanggang sa mga kabukiran at agrikultural na lupa ng mga magsasaka. Ganito rin ang ginagawa ng malalaking korporasyong pagmimina upang madali nilang mapasok at mapinsala ang mga kabundukang hitik sa likas na yaman.

Sa ganitong kalagayan, kinakailangan ng mga mamamayan na suportahan at ipanalo ang mga kandidatong may tunay na pagtindig laban sa ganitong mga pang-aabuso, lalo sa panahon kung saan todo-todo ang berdugong NTF-ELCAC sa pagsuyod nito sa mga komunidad sa kanayunan. Kinakailangan ng masang magsasaka ng mga kawani na titindig kasama nila, at hindi magpapagamit sa mga kaaway ng sambayanan. Kinakailangan ang mga indibidwal na hindi magpapatnag sa mga pananakot at panlilinlang

ng AFP-PNP at ng NTF-ELCAC bagkus ay kaisa ng mamamayan sa pagpapalayas nito sa kanilang sibilyang komunidad sa kabila ng kaliwa't kanang election-related violence lalo na sa mga kandidatong may paninindigan.

Higit sa lahat, kinakailangan ang mga kawani na bukas ang isipan sa lahat ng ideya at handang makipag-usap at sumuporta sa rebolusyonaryong kilusan para sa pagkamit ng tunay na progreso sa kaniyang nasasakupan. Kinakailangang kilalanin ng mga mamamayan na hindi solusyon ang sandamakmak na reaksyunaryong eleksyon sa pagkamit ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Nananawagan ang NDFP-Batangas sa lahat ng mahahalal na opisyal at kawani ng barangay at Sangguniang Kabataan na kumiling sa interes ng mga mamamayang inyong masasakupan, tutulan ang lahat ng anti-mamamayang proyekto, anuman ang gawin sa inyong panggigipit at pananakot.

**LABANAN ANG MGA ANTI-MAMAMAYANG PROYEKTO SA MGA KOMUNIDAD!**

**ISULONG ANG TUNAY NA INTERES NG SAMBAYANAN!**